

Kasanayang pangkomunikatibo: Isang estruktural na panatayang pagdulog

Dipolog, Susan B. ✉

University of Mindanao, Philippines (dipologsusan@yahoo.com)

Edillon, Anna Lou G.

Carmen National High School, Philippines



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 22 April 2022

Available Online: 3 May 2022

Revised: 28 April 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.315

Accepted: 3 May 2022

Abstract

Layunin ng pag-aaral na ito na mabatid ang modelong higit na naaangkop sa kasanayang pangkomunikatibo pati na rin ang mga nabuong pagkakaugnay-ugnay ng kaligirang sosyal na pagkatuto, motibasyon, saloobin ng mga mag-aaral at kasanayang pangkomunikatibo. Disenyong deskriptiv-kwalitatib at estruktural na modelong panataya ang ginamit sa pananaliksik. Nagmula ang mga datos sa 400 na mga mag-aaral ng *Senior High School* bilang responden te mula sa apat na Sangay sa lalawigan ng Davao del Norte gamit ang *ran- dom sampling technique*. Ginamitan ito ng apat na istandardisadong talata- nungan na nagsilbing instrumento ng pananaliksik. Sa pagsusuring estadis- tikal, ginamit ang *mean*, *pearson-r*, *multiple regression at structural equation model* upang matamo ang layunin. Natuklasan sa pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang ugnayan at makabuluhang impluwensya ang kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo. Dagdag pa, ang kaligirang sosyal na pangklasrum ang natatanging latent baryabol na may direktang epekto sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pagtukoy naman sa *best fit model*, lumabas sa resulta na may malakas na impluwensya ang mga indikeytor ng kaligirang sosyal na pangklasrum bilang prediktor sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral na makikita sa ikalimang modelo na naging pinakaangkop na modelo sa pananaliksik.

Keywords: education, motivation, classroom social environment, communicative skills, structured equation modelling, Philippines

Kasanayang pangkomunikatibo: Isang estruktural na panatayang pagdulong

1. Introduksyon

Nahihirapang makaagapay ang mga mag-aaral kung walang kasanayang pangkomunikatibo na siyang may malaking gampaning papel sa pagkakaroon nang aayos na trabaho at sa pagtatagumpay sa anumang larangang pipiliin. Dulot na rin sa hamon ng globalisasyon, ito ngayon ang kinakaharap na suliranin ng mga bansang hindi Ingles ang pangunahing wika gaya ng Libya ukol sa mababang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral kung saan hindi lahat ay kayang makipagkomunikasyon gamit ang wika nang may kasanayan, katatasan at kaangkupan (Alla et al., 2020).

Napatunayang dahil sa hatid na hamon ng globalisasyon, mabigat ang bentahing hatid kapag ang isang mag-aaral ay may abilidad na magamit ang wika sa maayos na paraan at sa anumang pagkakataon na isinaalang-alang ang gamit at pagkakaiba-iba ng mga wika. Sapagkat nakatutulong ang kasanayang pangkomunikatibo sa pagiging isang mahusay na tagapagsalita dahil ito ang isa sa pinakamahalagang kasanayan na maaaring matutunan at magagamit ng isang indibidwal sa pagharap sa reyalidad ng buhay. Kung kaya't kinakailangang makaagapay ang mga mag-aaral sa hamong magkaroon ng komunikatibong kasanayan (Sharma, 2018).

Bunsod nito, lumabas sa pag-aaral nina Patrick at Ryan, (2011) na kinakailangan makaranas ng positibong kaligirang sosyal na pangklasrum ang mga mag-aaral upang magkaroon ng kasanayang pangkomunikatibo nang sa ganoon ay mas higit na mapadaloy pa nang maayos ang tunguhin sa pakikipagkomunikasyon. Kaya mahalaga sa isang guro sa wika na malaman kung paano hihikayatin ang mga mag-aaral na makipaghalubilo sa kanilang mga kaklase at guro upang magkaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. Dagdag pa, naniniwala rin si Sharma (2018) hindi rin matatawaran ang impluwensyang hatid ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Filipino. Maging si Krashen (2013) naniniwala na kapag ang isang indibidwal ay may interes na matuto sa wikang ninanais, magsisikap ito upang makitaan ng inaasam na kasanayang pangkomunikatibo na may satsipaksyon. Itinuturing din na may mahalagang papel ang pagkakaroon ng positibong atityud o saloobin ang mga mag-aaral sa pagkaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. May malaking ambag sa pagkakaroon ng kasanayang pangkomunikatibo ang isang mag-aaral depende kung paano ang atityud at pakikitungo ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang ninanais (Fakaye, 2015).

Batay sa mga isinagawang pag-aaral ni Alaga (2019) ukol sa kalagayan ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa Pilipinas, napatunayan nitong katamtaman lamang ang naging antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral. Ganito rin ang sitwasyon ng sekundaryang paaralan ng Carmen, Davao del Norte. May mga pagmamasid mang isinagawa ang mga punong-guro mababa pa rin ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral o kaya naman ay hindi bihasa sa pakikipagtalastasan at nahihirapan sa pagsasalita ng Filipino maging sa loob pa man ito ng klase.

Kung kaya, ninanais ng mananaliksik na mabatid ang mga kadahilanang at salik na nakaiimpluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa Senior High School mula sa apat na sangay ng Davao del Norte. Bagamat may mga nauna ng pag-aaral na isinagawa ukol sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa internasyonal na pananaw, wala pa namang pag-aaral ang naisagawa sa lokal ng Davao del Norte na tumutuon sa kaugnayan ng kaligiran sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral at ang saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Filipino. Ang mga dahilang ito ang nagtulak sa mananaliksik na isagawa ang ganitong klase ng pag-aaral upang makabubuo ng mahalagang impormasyon na magagamit ng mga guro ang anumang resulta ng mga diskusyon at kalalabasan ng pag-aaral na makapagpapatatag sa mabisang pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng Davao del Norte. Nang sa ganoon ay makabubuo ng mabuting programa na maglalayong

mapapataas o mapapanatili ang motibasyong pangwika ng mga mag-aaral. Makatutulong din ito sa mga susunod pang mga mananaliksik bilang materyal na sanggunian sa kanilang pakikipagsapalaran upang mapaunlad ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Kung kaya't ang pag-aaral na ito ay maging hakbang tungo sa inaasam na direksyon ng pananaliksik.

1.1 Layunin ng Pag-aaral

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang pinakaangkop na modelo ng kasanayang pangkomunikatibo bilang gamit ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin o atityud ng mga mag-aaral. Tinitiyak sa pag-aaral ang sumusunod na layunin:

- Matiyak ang antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng wikang Filipino batay sa suporta ng guro; paglinang ng paggalang sa isa't isa; paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal; paglinang sa hinahangad na kakayahan.
- Matanto ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino batay sa motibasyong instrumental; at motibasyong integratibo.
- Malaman ang antas ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino batay sa; pangkagawiang aspekto; pangkognitibong aspekto; at emosyonal na aspekto.
- Mabatid ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino batay sa pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika, kasanayang linggwistiko, kasanayang sosyolinggwistika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estratehika.
- Malaman kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, motibasyon at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, at saloobin o atityud at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.
- Mabatid ang pinagsama at nag-iisang impluwensya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral at saloobin sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.
- Matukoy ang pinakaangkop na modelo ng kasanayang pangkomunikatibo.

1.2 Hypothesis

Sa pag-aaral na ito ang hypothesis ay sinukat sa .05 na antas ng kabuluhan.

- Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo, motibasyon ng mga mag-aaral at komunikatibong kasanayan, at saloobin ng mag-aaral at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.
- Ang kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral, saloobin ng mag-aaral ay walang makabuluhang impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo.
- Walang pinakaangkop na modelo para sa kasanayang pangkomunikatibo.

2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang bahaging ito ay naglalaman ng talakayan patungkol sa mga konsepto, pananaw, ideya at kuro-kuro ng mga may-akda na naglaan ng mahahalagang ambag. Ang pag-aaral na ito ay may tatlong malayang baryabol. Una ang kaligirang sosyal na pangklasrum na nakabatay sa paniniwala nina Patrick at Ryan (2011) na kinapalooban ng apat na mga indikatoryor na magsilbing batayan upang masukat kung paano hinihikayat ang mga

mag-aaral na makipag-ugnayan sa kanilang mga kamag-aral at guro. Ito ang sumusunod: *suporta ng guro, paglinang ng paggalang sa isa't isa, paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal, at paglinang sa hinahangad na kakayahan*.

Samantala, sa ikalawang malayang baryabol, tumutugon ito sa motibasyon ng mga mag-aaral na ayon kay Krashen (2013), ito ay may dalawang indiketyor gaya ng: *motibasyong integratibo at motibasyong instrumental*. Sumasaklaw naman sa ikatlong baryabol ang inilahad ni Kara (2009) tungkol sa Saloobin o Atityud sa Pag-aaral ng Wika bilang pangatlong malayang baryabol na may mga indiketyor gaya ng *Panggawing aspeto, Pangkognitibong aspeto, Emosyonal na Aspeto*.

Umaayon naman sa pag-aaral ni Ohno et al. (2013) ang di-malayang baryabol na tumutugon sa antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral na may limang indiketyor gayang mga sumusunod; *kahulugan ng pagkatuto sa wika, kasanayang linggwistiko, kasanayang sosyolinggwistika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estratehika*.

2.1 Kaligirang Sosyal na Pangklasrum

Ang unang malayang baryabol ay ang kaligirang sosyal na pangklasrum kung saan sa tradisyonal na talakayan sa klasrum ay laging nakasentro sa guro ang talakayan. Ito ang may malaking bahagdan ng gawain lalo na sa pagsasalita samantalang ang mga mag-aaral ay tagapakinig o tagasunod lamang. Ang mahusay na klasrum pangwika ay yaong may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante, at estudyante sa kanyang kapwa estudyante. Ang guro ang nagsisilbing tagapatnubay/pasilitetyor lamang sa iba't ibang gawain sa klasrum at ang mga estudyante naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawaing pangkomunikasyon. Sa interaksyon ng mga estudyante sa kapwa estudyante, kailangang bigyan sila ng pantay na pagkakataon na makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang ang kani-kanilang kasanayang pangkomunikatibo (Pagkalinawan, 2010).

Ngunit, binigyang-diin sa resulta ng pag-aaral nina Ali, Tan at Mazroor (2020) na kinakailangang lumikha ang guro sa wika ng isang nakaeengganyong kaligirang pagkatuto upang maitaguyod ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral dahil ang pag-aalangan ng mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang kaisipan at saloobin gamit ang inaasam na wika ay nangangahulugang ang kaligirang pangklasrum ay hindi kaya-aya na siyang nagpapahirap at nakakadismayang matutunan ang wikang pinag-aaralan.

Kaya naman, mahalagang maiparanas ng guro sa wika ang inter-aktibong kaligirang sosyal na pangklasrum sa ang mga mag-aaral dahil kinakailangang isali ang mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pangwika upang mas mapadaloy pa nang maayos ang pagbabahagi nila ng kanilang mga kaisipan sa kapwa mag-aaral. Dagdag pa, ang paniniwalang upang makamantan ang tagumpay ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang inaasam ay kailangang bigyang-diin ang ugnayang interaksyunal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na makipaghalubilo sa kapwa mag-aaral. (Brown, 2010; Goetz, Sticca, Pekrun, Murayama at Elliot, 2016; at Juvonen 2013).

Ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay binubuo sa pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kung paano sila ineengganyo na makipaghalubilo sa kanilang mga kaklase at guro. Ito ay sumasaklaw gaya ng: *suporta ng guro, paglinang ng paggalang sa isa't isa, paglinang sa gawaing ugnayang-inter-aksyonal, paglinang sa hinahangad na kakayahan*. Sa mga nakalap na impormasyon mula sa pananaliksik, sinasabing ang mga dimensiyong ito ng kaligirang sosyal ay hiwalay at maaaring madaling sukatin at maiuugnay sa motibasyon ng mga mag-aaral (Patrick at Ryan, 2011).

Dagdag pa, sa kadahilanang ang pagkatuto ng wika ay natatapos sa pagkakaroon ng interaksyon, nararapat lamang na isaalang-alang ang sosyal na kaligirang pangklasrum sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya, nararapat na ang mga guro ay may kabatiran sa kahalagahan ng sitwasyon sa loob ng kaniyang klase. Sapagkat ang motibasyon sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral ay maaaring pagmulan ng kaalaman at pang-unawa upang maisagawa ang mga gawaing magpapaangat sa kalagayang pagkatuto. Naniniwala ang dalubhasa na ang mga

mag-aaral na may sapat na interes ay maging mabisang mag-aaral sa wika na may kahusayan sa pakikipagtalasatasan (Longworth, 2013)

Sa pag-aaral naman ukol sa kahalagahan ng kaligirang sosyal na silid-aralan, lumalabas na isa rin itong salik na nakaapekto sa kasanayang pangkomunikatibo ng mag-aaral sa pagkatuto batay sa isang kaligirang natural at awtentiko. May mga gawaing pampag-aaral na ibinibigay ang mga guro upang sa gayon ay hindi mabagot at hindi mawalan ng interes sa pag-aaral ang mga tinuturuan. Ang lahat ng ito ay mabibigyang-kalutasan kung ang guro ay malikhain at may pagkukusa na gumawa ng hakbang sa loob ng silid-aralan para sa ikatatagumpay ng kaniyang pagtuturo (Goetz et al., 2016).

Ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng kaligirang sosyal sa loob ng klase kasama na ang suporta, paggalang sa isa't-isa, ugnayang interaksyunal at ang hindi gaanong pagbibigay-tuon sa kompetisyon ng mga mag-aaral ay maaaring sa paraang rekomendasyong reporma. Tulad na lamang sa isinusulong ng Pambansang Konseho ng mga guro na kailangang ang isang guro ay magsisikap na makabuo ng ganitong uri ng kaligiran sa kanyang klase. Halimbawa na lamang ay ang pagsusulong na ang mga kabataan ay hihikayatin na magbahagi ng kanilang ideya ay hihingi ng tulong upang mas maging malinaw ito hanggang sa maintindihan. Upang makamit ang ganitong uri ng klasrum, kailangang pagtibayin ng guro ang paggalang sa isa't-isa. Kung nagawang maitatag ito ng guro sa kanyang klase, mauunawaan ng mag-aaral na katanggap-tanggap pa rin kahit nahihirapan sa pagpapahayag ng ideya, nagkakamali at maging ang hindi sigurado sa sagot. Ang ganitong pag-uugali ay lalong humihikayat sa kanila na aktibong makikilahok sa pagsubok na mauunawaan kung ano ang nais nilang matutunan dahil alam nila na hindi sila pagtatawanan at kukutyain kapag ang sagot nila ay kapuna-puna (Ali et al., 2020).

Isang pag-aaral ang isinagawa sa Korea at ang layunin sa pag-aaral na ito ay pagsamahin ang tatlong magkakaugnay na teoritikal na balangkas; ang klima sa silid-aralan, ang silid-aralan, teorya ng determinasyon sa sarili, at ang kawilihan sa pakikipag-usap at pagsisiyasat ng mga koneksyon sa pagitan ng mga pangunahing mga kadahilanan at sitwasyonal para sa pagganyak at pagkamit ng pangalawang wika sa isang pormal na kalagayan ng sekondarya sa paaralan sa Korea. Ang determinasyon sa sarili ay nagkaroon na mataas na epekto para sa pagkakaroon ng maayos na kaligiran sa pagkatuto. Subalit ang pagkamit ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sosyal na kaligiran sa pagkatuto at pagkaroon ng katatasan sa pangalawang wika ay nanatili lamang na makabuluhan subalit mababa ang kanilang naging kaugnayan (Hiver et al., 2020).

Ang unang indiketyor ay ang *suporta ng guro*. Ito ay tumutukoy sa paniniwala ng mga mag-aaral na ang kanilang guro ay may pakialam sa kanila at pinapahalagahan ang personal na ugnayan sa isa't isa lalo na ang tungkol sa akademikong pangangailangan. Napatunayan ng mga mananaliksik na may positibong kaugnayan ang suportang ibinibigay ng guro sa kung paano nagiging masigasig at interesado ang mga mag-aaral na maiangat ang kakayahan sa pakikipagtalasatasan. Halimbawa, kapag nakikitang suportado sila ng kanilang guro, mas mataas ang antas ng kanilang pagganyak. Nasisiyahan sila sa kanilang ginagawa sa loob ng klase at mas nagkakaroon ng positibong konsepto sa kanilang pag-aaral (Mainhard, 2015). Ngunit, sa pag-aaral na isinagawa ni Young (2005) lumalabas na kailangan ng mga mag-aaral ang buong suporta hindi lamang ng kanilang guro kundi pati na rin ang suporta mula sa kanilang mga kaklase upang mas matagumpay ang pagkatuto sa wika. Kailangang kahika-hikayat ang kaligirang pangklasrum kung saan maramdaman nila ang pagiging malaya sa pagpapahayag ng kanilang saloobin dahil batid nilang nasa kanila ang buong suporta hindi lang ng guro sa wika kundi maging ng mga kamag-aral.

Sa magkatulad na pananaw, mahalaga ang pananalitang binibitawan ng guro sa loob ng klase dahil ito ay nagpapakita ng suporta tulad ng taguri nito sa mga mag-aaral, ang paraan ng pagtawag niya sa mga mag-aaral, ang paraan ng pagbibigay ng puna, papuri, at mga komentaryo. Ito ay kinasisinagan ng pagtatangi, pagmamalasakit sa kapakanan ng mag-aaral. Dapat maging maingat ang guro sapagkat mabigat ang dating ng kanyang mga pananalita sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ginawa napatunayan na may positibong kaugnayan sa damdamin at reaksiyon ng mga mag-aaral sa mga pantawag sa kanila at ang kanilang palagay at pagpapahalaga sa sarili at sa kanilang nagagampanan o naabot sa paaralan. Ang pagpuna ng guro sa maling asal at inuugali ng mag-aaral at sa kabilang

banda ay ang pagpuri at paraan ng pagpapahalaga sa wastong sagot at mabuting ugali at asal ay may malaking kaugnayan sa tagumpay at kabiguan at sa katuparan ng mga gampanin nila sa klase (Obakki, 2017).

Gayundin sa ang paniniwala nina Bucholz and Sheffler (2009) na binanggit sa pag-aaral nina Ali et al. (2020) na ang paglikha ng postibong kaligiran sa pagkatuto ng wika sa loob ng klase ay napakahalaga sa bahagi ng guro. Nasa suporta ng guro nakasalalay kung paano lumikha ng isang kaaya-ayang kaligirang pangklasrum kung saan maari nilang gawin ang mga ibinigay na gawain nang may kolaborasyon. Ang posibilidad na ito ay nakaiimpluwensya sa kakayahang pampagkatuto dahil mas dama nila ang pagiging komportable na makipagtalastasan kasama ang mga kamag-aral. Dagdag pa, nararapat na ang tulong-suporta ng guro ay dapat ipairal sa loob ng klase lalo na sa mga indibidwal na kinikitaan ng pagbaba ng interes sa kanilang akademikong gawain. Maging ang mga nagdududa sa kanilang kakayahan na magtagumpay sa gawaing pangklasrum at ang may mababa na pagsisikap sa kanilang pag-aaral ay higit na kailangan ang tulong at suporta ng guro (Anderman, 2014).

Gayundin, may mga elemento gaya ng enerhiya at tagubilin na siyang makakaapekto sa pokus ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Maaari din itong makakaapekto sa pag-uugali ng guro. Ngunit kung ang guro ay walang interes ay magkakaroon ito ng direktang epekto sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Bagkus kung ang guro ay positibo mayroon itong magandang epekto sa mga mag-aaral. Kung kaya, mahalaga sa isang guro na maunawaan ang sanhi at bunga upang maintindinhan kung paano iorganisa ang kanilang klasrum upang makabuo ng maayos na pagkatuto Ali et al. (2020). Ang mga mag-aaral na nakakaramdam na ang paaralan ay isang komunidad ay may kakayahan na gustuhin na mag-aral, nagkakaroon ng pakiramdam ng pagmamalasakit at pagtulong sa ibang tao at nagkakaroon ng pagbibigay ng mga resolusyon sa mga umiiral na mga problema (Ku, Tseng, at Akarasriworn, 2013; Nistor et al., 2015).

Ang ikalawang indiktor ay ang *paglinang ng paggalang sa isa't isa* kung saan ang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng paggalang sa isa't isa ay umuugnay sa pananaw na ang guro ay umaasa na ang bawat mag-aaral ay nirerespeto ang bawat isa at maging ang anumang naiambag sa loob ng klase at hindi pinapayagan ang anumang pambubuska sa kapwa mag-aaral. Ang kaligirang may paggalang ay nakakatulong sa mag-aaral na makapagtuon sa pag-unawa ng mga ibinigay na gawain ng guro sa loob ng klase na hindi iniisip ang maaring sabihin ng iba kapag sila ay may nasagot na mali sa tanong ng guro. Ang may paggalang na kaligiran ay mas komportableng tagpuan ng mga mag-aaral na nililalang ang kakayahan sa pagbigay solusyon sa problema at maging ang pag-unawa sa konsepto. Dagdag pa, kapag ang mag-aaral ay hindi mapakali at nag-aalala sa tuwing nakagagawa ng pagkakamali ay mas di-gaanong nakikipag-ugnayan sa mga gawaing pang-akademiko na may sigasig (Golbeck at De Lisi, 2002).

Kailangang tiyakin ng guro na ang kaligiran sa loob ng klasrum ay maramdaman ng mag-aaral na sila ay tanggap at malayang ilahad ang kanilang opinyon na hindi natatakot na husgahan ng kanilang kaklase. Upang magawa ito, mas maigi kung maturuan sila kung paano igo ang bawat isa ang kani-kanilang opinyon at hindi lamang ikokonsidera ang kanilang pananaw. Para matulungang maunawaan kung ano ang inaasahan sa kanila, ang guro ay maaaring maglahad ng instruksyon nang malinaw kung saan dadaloy ang talakayan. Dahil kung alam ng mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa kanila, magkakaroon sila ng malinaw na patnubay sa mga tungkuling nakaatang sa kanila. Maaring ibahin ng guro ang kanyang mga pamaraan sa talakayan. Maaring ang pagpapahayag ay sa paraang paikot o maaari ding tawagin ang susunod na magsasalita. Maaari ring bubunot ang guro ng mga pangalan sa loob ng kahon hanggang sa ang lahat ay makapagsasalita. Ang mahalaga ay nirerespeto ng bawat isa ang anumang binitawang pananaw nito at alam dapat ng mga ito ang mga maaaring kapalit sa mga nagpapakita ng hindi kaya-ayang pag-uugali. Maaring ipaskil ng guro ang mga alituntunin sa dingding upang mabasa kaagad. Dagdag din, ipinapakita nito sa mga mag-aaral na ang guro ay may malasakit sa mga mag-aaral (Campbell & Lassiter, 2020).

Gayundin, saklaw ng kapaligiran ng silid aralan ang maraming salik ng pagkatuto kasama na ang ugnayang guro sa kanyang mag-aaral. Susubukang ilahad ng guro sa kaligirang pangklasrum ang motibasyon ng mga

mag-aaral, para sa epektibong pagkatuto, mga estratehiyang dapat gamitin para sa epektibong pagtuturo, uri ng mga materyales na mas makakapagpaganyak sa interes ng mga mag-aaral na matuto, at ang pag-uugaling sosyal na dapaat maipakita sa loob ng klase. Kung kaya ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay binubo ng maraming salik na kadalasan ay maaring mamasdan ng guro sa loob ng kanyang klase. Kasama na rito ang pisikal na aspekto, kaligirang saykolohikal na maaring maipakita sa pamamagitan ng interaksyong sosyal. Ngunit, mangingibabaw pa rin ang partisipasyon ng guro sa anumang pagbibigay-gabay dahil lahat ng ito ay may kaugnayan sa kung paano ang tugon at pakikitungo na gagawin ng nito sa sitwasyon sa loob ng klase (Miller at Cunningham, 2003).

Inisa-isa rin ang limang estratehiya sa pagtataguyod ng makatarungang pantay-pantay na pagtingin sa loob ng klasrum. Ito ay ang mga sumusunod: lumikha ng mga pagkakataon para sa pagpapasya ng pangkat, magkaroon ng demokratikong espasyo sa klasrum, pagbibigay ng iba't ibang estilo ng proyekto na naaayon sa abilidad ng mga mag-aaral, pagbabahagi sa loob ng klasrum at pagbibigay ng mga isyu o problema ayon sa nangyayari sa totooong buhay (Cohen et al., 2011).

Ang ikatlong indiktor ay ang *paglinang sa gawaing ugnayang-inter-aksyonal* kung saan iba-iba ang pamamaraan ng bawat guro sa pag-eengganyo sa kanyang mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral sa mga gawaing pang-akademiko. Ang pakikihalubilong ito ay maaaring malakipan ng pagbabahagi ng mga mag-aaral sa kanilang mga ideya sa iba sa oras mismo ng talakayan sa naiatas na gawain sa loob ng klase. Nagkakaroon din ng sama-samang paggawa at ang impormal na paghingi ng tulong sa kasama kapag nagkakaroon na ng indibidwal na uri ng gawain. Anumang uri ito ng pakikipaghalubilo, ang interaksyong ito ay maituturing na isang kritikal na bahagi ng isang pagdulog na nakasentro ang mag-aaral sa anumang kalalabasan. Kapag ang mag-aaral ay hinihikayat na makipaghalubilo at magpalitan ng ideya sa isa't isa sa oras ng klase, nagkakaroon sila ng pagkakataon na magtanong o sumagot sa tanong, magbigay ng suhestiyon, magbigay-paliwanag, patunayan ang pinaniniwalaan at makasali sa talakayan. Ang mga inter-aksiyong ito ay may kaugnayan sa pagkatuto at pagkamit ng tagumpay ng mga mag-aaral. Ang pananaw ng mga mag-aaral na kapag sila ay binigyan ng pagkakataon na makasali sa talakayan at hinihikayat na makipagbalitaktakan sa kanyang mga kamag-aaral sa hangaring may matutunan ay mas may kaugnayan din sa kanilang motibasyon sa pag-aaral. Gaya na lang ng pakikipaghalubilo ng mga mag-aaral sa kapwa ay mas lumilintang din sa kanilang kumpiyansa sa sarili at mas mapapanatili ang interes at may kakayahang maging matiyaga kapag nakararanas ng kabiguan o paghihirap (Palincsar, 1996).

Subalit, may mga nakikipagtalo na may higit na pagsusog tungo sa kooperatibong pagkatuto. Sinasabing marami sa mga bagay sa kasalukuyan ang nag-oobligang gawin ang mga bagay na nag-iisa at ang pagkatuto na nakadepende sa iba na siyang maaring makapaghahadlang sa pagkamit ng isahang pagkatuto. Maaaring magtalaga ang guro ng mga espisipikong gawain sa bawat mag-aaral upang matiyak na hindi nila mananakaw ang gawa ng iba. Bagkus may mga bagay na kailangang gawin kasama ang pangkat gaya na ng pagkakaroon ng diskusyon sa bilugang mesa. Ang mga estratehiyang ito ay may mga kalakasan at kahinaan din naman (Hannah, 2013).

Sa kapaligiran ng paaralan, ang patuloy na pagkakalantad sa tunguhing wika mga aktibidad sa pangkat, ugali sa pagbabasa sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng kwento, pagbabasa ng mga kwento at aklatan ng klase at iba pa ay dapat na dalhin upang mabigyan nang positibo at masiglang klima ang mga nag-aaral. Ayon kina Lightbown at Spada (2013), sila ay nagbigay ng iba't ibang mga kadahilanan na nakakaapekto sa pag-aaral ng wika ng bata, lalo na ang pag-aaral ng pangalawang wika. Ito ay ang katalinuhan, aptitud, personalidad, pagganyak at saloobin, kagustuhan ng mga mag-aaral at paniniwala at edad. Iba pang mga panlabas na kadahilanan kasama ang kurikulum, pagtuturo, kultura at katayuan, at paggamit sa mga katutubong nagsasalita.

Ang ikaapat na indiktor ay ang *paglinang sa hinahangad na kakayahan*. Ang paglinang sa inaasam na kakayahan ay tumutugon sa pagbibigay-diin sa kompetisyon at paghahambing sa kakayahan ng bawat mag-aaral sa loob ng klase. Isang pananaliksik mula sa teoryang *Goal* ang sumusuri sa dimensyong ito ng silid-aralan at napag-alaman na kapag ang estudyante ay may pananaw sa pagbibigay diin sa *performance goal* ay higit na

nagpapakita ng pag-uugaling hindi komportable at madalas nakakasama sa pagkatuto at pagkamit ng tagumpay. Ang kamalayang lumilina ang guro ng *performance goal* ay maaaring hindi maganda sa motibasyon ng mga mag-aaral dahil nagpapaigting ito sa kamalayan at sensitibidad ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang silid-aralan na may kaligirang nagbibigay-diin sa *performance goal* ay mas talamak ang pangongopya o pandaraya. Maaari ring mas maraming mag-aaral ang hindi makikipag-ugnayan at makikipagtulungan sa mga gawaing iniatas sa kanila ng pangkat kasama na rin ang hindi paghingi ng tulong kahit lubhang kailangan, (Kaplan, Gheen, at Midgley, 2012).

Sa mga pagkakataong ginagamit ito ng guro, isinasabit ang pinakamagandang gawa ng iba sa isang sulok ng silid. Maaaring ito ay makapagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral. Sa mga mag-aaral na talagang kinitaan ng husay sa pagguhit o sa paggawa ng proyekto, maituturing itong madali lang sa kanila. Ngunit magdulot din ito ng pagkadismaya at panliliit sa mga mag-aaral na hindi naisabit sa dingding ang kanilang gawa. May mga mag-aaral na ginawa naman ang lahat na makakaya ganun pa man hindi talaga kasinghusay ng mga nagmamay-ari ng mga nakasabit sa dingding. Sila ay maaaring mawalan ng gana lalo na at hindi man lang nagawang punahin ang kanilang awtput. Maaaring sa susunod ay hindi na sila susubok na gagalingan pa ang kanilang takdang aralin dahil hindi nila ramdam ang paglalakip ng matinding interes sa kanilang ginagawa. Isa sa mga paraan upang ito ay maagapan, maaring payagan ng guro na ulitin muli ang kanilang gawa, hanggang sa ito ay karapat-dapat ng isabit sa dingding. Upang mas mapalawig pa ang kaalaman ng guro na hindi aabot sa ganitong sitwasyon, maaring ipapaliwanag muna at magkakaroon ng bukas na kasunduan bago umpisahan ang proyekto. Hayaang ipaalam sa mga mag-aaral na ang kanilang gawa ay isasabit pagkatapos ng proyekto. Maaaring magbibigay ito ng motibasyon sa mag-aaral na magsisikap pa nang maigi dahil ang kanilang gawa ay mapapanood ng iba. Puwede ring gawin ito ng guro na lahat ng mga natapos na gawa ay isasabit depende sa estratehiya ng guro. Maaaring sa paraang random, pagtawag ng pangalan o kaya naman ay alpabetong pagkasunod-sunod. Kapag hinahayaang alam ito ng mga mag-aaral, maiiwasan ang kaisipang hindi sila gusto ng kanilang guro at hindi nagustuhan ng guro ang kanilang gawa. Kailangan lamang subukan ang mga ganitong pamaraan kung alin ang mas epektibo. Aalamin lamang ng guro kung alin ang mas nagpapagaan, nagpapasaya at alin ang pinakamahasag para sa mga mag-aaral (Ferrell, 2012).

Sa pangkalahatan, ipinapaliwanag nina Patrick at Ryan, (2011) na ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay may kinalaman sa kung papaano matutulungan nitong maiangat ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Ito ay may limang dimesyon na magbibigay linaw sa gampaning papel ng guro. Kinakailangan iparanas sa mga mag-aaral ang positibong karanasan sa loob ng klase na magbibigay-daan upang malinang ang kasanayan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral.

2.2 Motibasyon ng mga mag-aaral

Ang motibasyon ay nangangahulugang ang antas ng isang indibidwal sa pagsikap na makamit ang pagkatuto sa lenggwage dahil sa kagustuhan itong gawin at may kaakibat na satisfaksyon. Itinuturing na may mahalagang papel ang motibasyon sa pagkatuto ng wika. Ito ay maaaring konektado at magkaroon ng impluwensya kung ano ang kanilang pagganap sa pagkatuto ng wika. Kaya't nararapat na saliksikin kung paano naging matagumpay o bigo sa pagkatuto ng wika ang mga mag-aaral dahil maaaring isa sa dahilan nito ay ang motibasyon ng mga mag-aaral (Ushioda & Zoltan, 2012).

Ang paglinang sa motibasyon ng mga mag-aaral ay itinuturing na mahalaga dahil ito ay may kaugnayan sa anumang makamit at matatamang tagumpay ng mga mag-aaral. Bagkus, ito din ay isa sa maituturing na mahalagang bunga ng edukasyon. Ninanais ng mga guro na may mararating ang mga mag-aaral, ngunit higit na nais ng mga guro na pahalagahan nila ang proseso o hakbang sa pagkatuto at malinang ang pangmatagalang malasakit sa pagkatuto. Ang pinakamahalagang pag-uugali na maaaring buuin ay ang pagnanais na matuto. Sa kurikulum ng mga kumukuha ng pagiging guro, binibigyan lamang ng kaunting atensiyon ang asignaturang may kinalaman sa motibasyon ng mga mag-aaral kung kaya marami sa mga nag-uumpisang magturo ay walang masyadong kaalaman kung paano ganyakin at hikayating matuto ang mga mag-aaral (Ames, 2019).

Samantala, inilalahad ni Darling-Hammond (2006) sa mga paaralan na matagumpay na naitatag ang mataas na antas sa pakikilahok ng mag-aaral dahil umaasa sila sa mataas na antas ng kaalaman, pagtataya at ang kasanayan ng mga guro na mas lumilina sa mas kolaboratibong uri ng pagpapalano at paglutas ng mga suliranin na mas nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga matagumpay na paaralang ito ay maituturing na nakatuon ang pokus sa mga estudyante o tinatawag na *learner-centered*. Binubuo ang mga gawain batay sa kaniya-kaniyang pangangailangan ng mga mag-aaral. Malinaw na nakatuon sa paglinang ng epektibong pagkatuto at mahusay na mga pagpapamalas. Bubuuin ang mga gawaing nakabatay sa pangangailangan ng guro para sa pagkakaroon ng oportunidad na magtataguyod sa mga dating kaalaman (Zhao, 2012).

Ang unang indiktor ay ang *integratibong motibasyon*. Ito ay nakabatay sa interes ng pagkatuto sa wika dahil sa kailangan nilang matuto kaya nakikipag-ugnayan sila sa kapwa na gumagamit ng pangalawang wika. Ito ay umuugnay sa kagustuhan na maging bahagi ng komunidad na gumagamit ng pangalawang wika. Isa sa konseptong binigyang-diin ay ang integratibong motibasyon na may mahalagang papel sa pagkatuto ng pangalawang wika. Ito ay direktang may kaugnayan sa pagkatuto ng pangalawang wika. Ganun pa man, umani ito ng maraming puna lalo na ang paniniwala nitong mas epektibo at mataas ang antas ng interes ng pag-aaral kung integratibong proseso (Zanghar, 2012).

Ganun pa man, bihira lamang pumili ang mag-aaral ng isang uri ng motibasyon kapag ang usaping pagkatuto sa wika ang pag-uusapan. Kadalasan ay binubuo ito ng mas maraming uri ng oryentasyon. Binigyan niya ng halimbawa ang isang internasyonal na mag-aaral na kasalukuyang naninirahan sa Amerika. Nag-aaral ng pangalawang wika ang mag-aaral para sa akademikong layunin habang ninanais nitong mailalipat ang pakikipagkomunikasyon sa loob ng komunidad pati na rin ang kultura ng nasabing lugar (Dehbozorgi, 2012). Samakatuwid ang kahalagahan ng instrumental na motibasyon ay binibigyang-diin sa iba pang pag-aaral ngunit ang integratibo ay mananatiling ipagpapatuloy ang pagbibigay-diin. Dagdag pa, mahalagang bigyang-pansin din ang instrumental na motibasyon. Ito ay isa sa mahalagang salik sa pagkatuto ng pangalawang wika habang ang integratibo ay patuloy na umuugnay sa matagumpay na pagkatuto ng pangalawang wika (Altasan, 2016).

Binanggit din ni Krashen (2013) na ang integratibong motibasyon ay ang mga salik na may kinalaman sa motibasyon na sinubukang iugnay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng pangalawang wika. Ngunit ayon kay Saville-Troike (2016), minsan ito ay may kinalaman din sa emosyon o ang afektibo na salik ng mga mag-aaral.

Ang ikalawang indiktor ay *instrumental na motibasyon*. Ito ay may kinalaman sa konsepto na ang pagpapalano na matuto sa isang wika ay may praktikal na halaga. Lalo na at sa pagkatuto ng pangalawang wika ay maging daan upang iangat ang oportunidad ng mga mag-aaral sa larangan ng karerang kanilang napili. Sang-ayon sa isinagawang pag-aaral tungkol sa pananaliksik sa kalagayan ng motibasyon ng dalawampung mag-aaral na Hapones na nag-aaral ng wikang Ingles. Lumabas sa pag-aaral ni Alaga (2019) na may mataas na antas ng motibasyon ang mga mag-aaral sa Unibersidad ng Samar. Ang pinakakaraniwang dahilan ng mga ito kung bakit nag-aaral sila ng Ingles bilang pangalawang wika ay upang makapagkomunikasyon sila sa mga taong nasa ibang bansa, paghahanap ng mapapasukan na may mataas na posisyon, pagproseso ng mga internasyonal na impormasyon at maging ang pag-unawa sa ibang mga kultura. Nangangahulugan na ang resultang ito ay may kaugnayan sa gawa ni Gardner (2002) na sumasangguni na ang tao ay nangangailangang mag-aaral ng pangalawang wika upang makipaghalubilo sa kapwa nang may kabatiran sa wikang ginagamit sa komunidad. Maiuugnay ito sa integratibong motibasyon at ang kakayahan makakuha ng kaalaman ng magagamit mula sa pagkatuto ng pangalawang wika na kilala bilang motibasyong instrumental.

Lumabas sa resulta na ang mga asignaturang may mataas na kakayahan sa Ingles ay higit na may motibasyong integratibo kaysa sa asignaturang may mababang antas ng kakayahan sa wika. Ngunit, ayon kina Wechsumangkalo at Prasertrattanadecho (2014), walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng instrumental na motibasyon sa pagitan ng dalawang pangkat ng asignatura. Dagdag pa, mas may mataas na antas ng motibasyon

ang mga asignaturang matas ang kakayahan sa Ingles kaysa sa mas mababa ang kakayahan sa Ingles.

Sa pangkalahatang, ipinapalagay ni Wimolmas (2015) na ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika ay dahilan upang matuto at malinang ang kanilang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon gamit ang pinagtuonang wika. Ito ay tumutumbok sa dalawang dimensyon, ang motibasyong instrumental at integratibo. Dagdag pa niya, higit na malilinang ng mag-aaral ang kanyang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon kung matindi ang interes nito na matuto.

2.3 Saloobin o Atityud sa Pag-aaral ng Wika

Upang mabigyan ng malinaw na anyo para sa kabuuang usapin sa atityud ng mga mag-aaral, bawat indiketyor ay bibigyan ng elaborasyon sa tatlong aspeto; ang aspeto ng *behavioral*, kognitibo at emosyonal na aspeto. Ang atityud ay tanggap bilang mahalagang konsepto upang maunawaan ang pag-uugali ng isang indibidwal at binigyang-kahulugan bilang estado sa kung paano naniniwala at nakaramdam sa isang bagay. Ang pagkakaroon ng positibong atityud sa pag-aaral ng pangalawang wika ay isang magandang umpisa upang matutunan ang mga prinsipyong nakapaloob sa pag-aaral ng wika na itinuturing na mahalagang puntos at may kinalaman sa pagkatuto. Ang paniniwala ng mga mag-aaral ay maaring hadlang kung naniniwala silang hindi nila makakayang matutunan ang panibagong wika. Ngunit ang negatibong atityud ng mag-aaral ay maaring magbago at maging positibo at magdadala tungo sa maayos at matagumpay na pagkatuto sa pag-aaral ng panibagong wika bukod sa unang wika na natutunan (Krashen, 2013).

Maraming mananaliksik ang sumubok na pag-aralan ang saloobin sa kalagayan ng implementasyon sa pagkatuto ng wikang Ingles sa bansang Indonesia. Sinusuri nito ang epekto ng implementasyon sa mga mag-aaral at ang kanilang saloobin tungo sa pagpapangat ng kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles (Tran & Duong, 2018). Nagbigay suhestiyon din sina Benmoussat and Benmoussat (2017) tungkol sa iba't ibang teknik na maaring ilapat bilang tulong sa implementasyon ng paglinang sa paggamit ng wikang Ingles.

Sa isang pag-aaral, itinuturing na isang napakahalagang salik ang saloobin sa impluwensya ng kasanayan na umani ng atensyon sa mga mananaliksik. Napakaraming dahilan kung bakit mahalaga ang saloobin sa pagkatuto ng isang wika. Inilalahad sa isang pag-aaral ang kahalagahan ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Ingles tungo sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo. Lumalabas na kadalasan sa mga respondente na isinailalim sa isang sarbey at pakikipanayam ay nagpapamalas ng positibong atityud sa pagkatuto ng wikang Ingles. Nangangahulugang, tanggap nito at suportado ang mga patakaran at polisiya sa pagkatuto ng wikang Ingles sa bansang Indonesia tungo sa pagkakaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. Nakatuon sa pagsusuri ang tatlong dimensyon; *affection, cognition at behavior*. Nakapaloob sa kanilang implementasyon ng pagtuturo at pagkatuto sa wikang Ingles ang mga gawaing pangklasrum gaya ng *group discussion, paired free talk at peer checking* at iba pa na makapagpapangat sa pagtamo ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon gamit ang wikang Ingles (Morganna et al., 2020).

Kinatigan naman nina Ibarrola at Martinez (2014) ang resulta ng pag-aaral nina Morganna et al. (2020) na ang pagkakaroon ng positibong saloobin o atityud sa pagkatuto ng wika ay daan upang magtagumpay ang tao na matuto at magkakaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. Naniniwala sila na kung mauunawaan lang ng mga mag-aaral na ang pagkatuto sa wika ay daan upang magtagumpay ang tao, mas magiging positibo ang saloobin nito na matuto sa wikang inaaral. Sa isang pag-aaral na isinagawa sa Kashan University ng bansang Iran, lahat ng respondente ay kinitaan ng positibong emosyonal, *behavioral* at kognitibong saloobin sa pag-aaral ng wikang Ingles. Maaring ipapakahulugang batid ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng Ingles kaya kailangan matutunan bilang isa sa mga mahahalagang asignatura (Eshghinejad, 2016).

Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon gamit ang wikang inaaral ay maaring maiimpluwensyahan ng kanyang saloobin, mapositibo man o negatibo ito. Ang wikang gaya ng Ingles ay may magagawa sa kanila bilang indibidwal sa paraan kung paano ang naging papel ng pagkatuto sa wika na may malaking tungkulin sa kani-kanilang mga tunguhin sa hinaharap. Kung masyadong hinog ang kanilang isipan na

maunawaan ang halaga ng pagkatuto sa wika, ang kanilang kaalaman at kasanayan ang siyang maghahanda sa kanila at lumikha ng positibong saloobin tungo sa pag-aaral at pagkatuto sa wika. Kung may kaakibat na pag-angat at walang humpay na interes sa pagkatuto sa wika bilang pangalawang wika, mahalagang mapag-aralan at maunawaan ang mga salik na maaring makaapekto sa proseso ng pagkakaroon ng komunikatibong kasanayan sa wika (Datashti at Aldashti, 2015).

Sa isa pang pag-aaral, ang konseptong saloobin ay maaring tingnan sa tatlong dimensyon. Bawat isa nito ay may kaniya-kaniyang kakanyahan upang mailabas ang saloobin sa pag-aaral ng wika. Ang mga ito pangkagawiang aspeto, kognitibo at emosyonal na aspeto. Ang tatlong aspetong ito ay nag-uugat sa tatlong teoryang pagdulog na *behaviorism*, *cognitism* at *humanism* (Wang, 2017). Ang unang indiketyor ay ang pangkagawiang aspeto o kilala sa tawag na *behavioral aspect of attitude* (BAA). Ito ay tumutukoy sa kung papaano ang pagkilos, pakikitungo at pagtugon nito sa isang partikular na sitwasyon. Sinabi ni Kara (2009) sa kaniyang pag-aaral na ang pagkakaroon ng positibong saloobin ay maghahatid tungo sa pagpapakita ng positibong pag-uugali sa pag-aaral, pagkalap sa mga natutunang kaalaman at pagsisikap na matuto pa. Ang ganitong klaseng mag-aaral ay mamamasdan din ng pagpapakita ng higit pang pagtitiyaga sa pagbibigay solusyon sa mga kaakibat na suliranin, pagkuha ng mga kaalamang magagamit sa pang-araw araw na buhay at ang pakikilahok mismo nang may kasamang emosyon.

Sa kaugnay na usapin sa Asya, ang wikang Ingles ay karaniwang itinuturo sa mga paaralan. Kung kaya ang mga edukador at mga mangangalakal ay nagbubukas ng negosyo saan mang panig. Ang pagbubukas ng mga paaralan ay nagdudulot ng maraming oportunidad sa mga guro at mag-aaral sa Asya. Kaya lang, ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa wikang Ingles ay magkaiba sa iba't ibang panig ng lugar, bansa at pati na rin sa kani-kanilang kultura (Lee, 2012). Partikular sa bansang Tsina, may mga pag-aaral ang isinasagawa ukol sa saloobin ng mga mag-aaral sa kanilang paggamit sa wika. Malinaw na isinasaad na ang mga Tsino ay nagsisikap sa pag-aaral nang maigi. Hindi dahil sa nakikipagtalastasan sila gamit ang wikang Ingles, kundi dahil sa nakikita nila ang pakinabang nito sa hinaharap. Kung kaya marami ang naghahangad na pag-aralan ito sa ibang bansa na may magandang pagtuturo sa Ingles Samantala, sa mga mag-aaral na may mga magulang na handang sumuporta ay gumagawa ng paraan pagkatapos ng klase upang mas mapalinang pa ang kanilang kasanayan sa wikang Ingles. Isang hamon ito sa mga magtuturo na hikayatin ang mga mag-aaral lalo na sa unang araw upang maikintal ang magandang impresyon sa kanilang isipan at mahalaga rin sa mga ito na matutunan ang kumpiyansa at maitatag ang positibong saloobin sa pag-aaral ng wika (Muthanna at Miao, 2015).

Ang ikalawang indiketyor ay ang pangkognitibong aspeto o *Cognitive Aspect of Attitude* o (CAA) na sumasaklaw naman sa paniniwala na mag-aaral ng wika tungkol sa kaalaman na kanilang natanggap at kanilang pang-unawa sa proseso ng pagkatuto sa wika. Ang pangkognitibong saloobin ay maaring uriin sa apat na hakbang: pagkonekta sa mga nakaraang aralin sa panibago. Paglikha ng panibagong kaalaman, pagsusuri sa bagong kaalaman at paglalapat sa bagong natutunang kaalaman sa iba't ibang sitwasyon (Eshghinejad, 2016). Isinasaad sa pangatlong indiketyor ang *Emosyonal* na aspeto. Sa proseso ng pagkatuto, sinabi nina Muthanna at Miao (2015) na ito rin ay maituturing na emosyonal na proseso. Ito ay naapektuhan ng iba't ibang salik pang-emosyonal. Ang guro at mag-aaral ay nakikilahok sa iba't ibang emosyonal na gawain kaya magkaibang resulta ng emosyon ang nabubuo. Sa kadahilanang ang saloobin ay isa sa susing salik para sa ikatatagumpay ng pagkatuto ng wika, marami nang pag-aaral ang ang isinagawa sa larangan ng saloobin sa pag-aaral ng wika. Dagdag pa, umabot na sa 50 taon mahigit nang umpisahang pag-aaral ang saloobin bilang mahalagang ugnayan sa paggamit ng lenggwage (Saidat, 2010).

Ang aspektong pandamdamin ay umaalalay sa damdamin ng mag-aaral lalo na sa kung ano ang kanilang gusto at hindi gusto sa proseso. Binanggit ni Brown (2010) na ang saloobin ay isinasabuhay ang malaking bahagi ng emosyonal na pakikilahok gaya ng *damdamin*, pansariling relasyon at ugnayan sa lipunan. Sa huli, ang aspetong pangkagawian ay bumabalangkas sa disposisyon ng mag-aaral na yakapin o balewalain ang naturang gawi o kilos tungo sa proseso ng pagkatuto sa wika (Getie, 2020). Datapuwat, sa mga isinagawang pag-aaral ni Bidin (2019) napatunayan niyang ang motibasyon ay walang direktang impluwensya kahusayan ng mga

mag-aaral sa wikang Ingles at ito ay dahil sa napakahinang nitong ugnayan sa isa't-isa. Sa halip, binigyang diin niya ang saloobin o atityud ng mga mag-aaral ang siyang makaaapekto sa komunikatibong kasanayan. Ngunit, mas ninanais nilang matuto ng Ingles sa loob ng tipikal na klasrum. Mahigpit ang kanilang paniniwala na mas kawili-wili pa rin ang matuto sa loob ng silis-aralan. Dahil nakalilikha ito ng positibong saloobin sa mga mag-aaral at mapalinang pa ang kasanayang pangkomunikatibo nito at maging ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip (Yimwilai, 2015).

Maaring bibigyang kahulugan ang saloobin o atityud sa maraming paraan: isang pakiramdam o kuro kuro tungkol sa isang tao o kaya naman ay ang pakikitungo nito sa isang bagay kung paano mo tingnan ang isang kaganapan. Sang-ayon sa pagpapakahulugan nina Biebricher, East, Howard, and Tolosa (2019) sa usaping intercultural na pag-aaral sa wika, ang saloobin ng mga mag-aaral ay maaring positibo o negatibong uri. Positibo kapag ito rin ay may kaakibat na pagtanggap. Sa kabilang banda, negatibo ang saloobin kung ito ay may pag-ayaw na hahantong sa pag-alis na siyang hihila tungo sa hindi magandang saloobin sa isang bagay. Sinuportahan naman ito ni Ahmed (2018) na nagsasabing ang pagkakaroon ng positibong saloobin ng mga mag-aaral ay walang pasubaling maghahatid sa kanila sa tagumpay sa pagkatuto ng wika. Mas magagawa nitong gawin ang mga ipinaagawa ng guro sa loob ng klase higit lalo kung kinakilangan ng pakikipagkomunikasyon sa isa't isa.

Sa isinagawang pananaliksik naman nina Munir at Rehman (2015) sa bansang Pakistan, lumalabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa pansekundaryang paaralan ay hindi batid ang kahalagahan ng wikang Ingles sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Itinuturing lamang nilang isang kumpulsaryong asignatura ang Ingles at hindi binibigyang-pansin ang pagkatuto kung ihahambing sa iba pang mga asignatura. Masasabing ang pagkakaroon ng positibong saloobin hinggil sa pagkatuto ng lenggwaheng Ingles ay makakapagpapaangat sa kahusayan ng mga mag-aaral sa panghuling pagsusulit. Ganito din ang naging resulta mula sa pag-aaral nina Abidin et al. (2012) na naglalahad din ng negatibong saloobin ng mga mag-aaral na Iranian sa pagkatuto ng wikang Ingles. Kaya lubos ang paniniwala nitong ang saloobin ng mag-aaral tungo sa pagkatuto ng banyagang wika ay maituturing na pinakamahalagang salik sa magiging epekto ng pagkatuto ng lenggwahe. Subalit, taliwas naman sa naging resulta ng pag-aaral nina Munir at Rehman (2015), ang naging bunga ng pananaliksik nina Tahaine at Daana (2013) na iniulat ang positibong saloobin naman ng mga Jordanian na mga mag-aaral tungo sa pagkatuto ng wikang Ingles na kabaliktaran sa naunang pag-aaral. Dagdag pa, magkapareho din ng resulta ang pag-aaral nina Martinez at Perez (2013) na nagpapakita ng positibong saloobin ang mga mag-aaral na Mehikano-Amerikano tungo sa pag-aaral ng wikang Ingles. Maaring ito ay dahil sa magkaibang kaligirang pagkatuto at sistema ng edukasyon ng isang partikular na lugar.

Sa kabuuan, ipinapahiwatig ni Eshghinejad (2016) na may kinalaman ang atityud o saloobin ng isang indibidwal sa kung gaano ito kasanay o hindi sa pakikipagkomunikasyon sa kapwa. Para sa kanya mas nakabubuting batid ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng Ingles sa global na pananaw kaya kailangan matutuhan bilang isa sa mga mahahalagang wika.

2.4 *Kasanayang Pangkomunikatibo*

Ang kasanayang pangkomunikatibo ay siyang pinakatunguhin sa pagtuturo at pagkatuto sa wika na magagamit nang angkop at epektibo sa pakikipagtalastasan. Ito ay makatutulong sa pagiging isang mahusay na tagapagsalita dahil ito ang isa sa pinakamahalagang kasanayan na pwede mong matutunan dahil ito'y magagamit mo kahit saan at kahit kailan (Bálint, Furkó, at Mónos, 2013). Binubuo ito ng dalawang salitang kasanayan at komunikatibo o kilala sa tawag na *communicative competence* sa wikang Ingles na may kahulugang *to communicate* o makipagtalastasan. Sa mga nagdaang taon, binigyang pagpapakahulugan ni Hymes ang terminolohiyang *communicative competence* hindi lamang bilang may kasanayan sa gramatika kundi ang pagkakaroon ng kakayahan na gamitin ang kasanayang sa iba't ibang sitwasyong pakikipagtalastasan (Tuan, 2017).

Dagdag pa, ang kakayahan ng mga mananalita na makabuo ng akma pangungusap na naayon sa angkop na patakarang pambalarila na kanya ding binigyang-terminolohiya bilang linggwistikong kasanayan o kaalaman sa gramatika ay siyang konsepto ng kasanayan. Ngunit ang kasanayan ay hindi lang tumatalakay sa pagkakaroon ng kaalaman sa gramatika, bagkus naglalaman din ng mga konseptong kaangkupan, pagtanggap, kultura, sitwasyon at di-berbal na pakikipagtalastasan. Ang pag-aaral ng kasanayan ay kasali din ang mga kaisipang atitud o saloobin, motibasyon, at iba pang mga sosyo-kultural na mga salik (Fang, 2017).

Samantala, buo ang paniniwala ni Galante (2015) na higit na mangingibabaw ang interes ng isang indibidwal na matuto ng pangalawang wika kung ito ay maging daan upang iangat ang kanilang oportunidad sa larangan ng karerang kanilang napili. Maging ang kakayahang makipagkomunikasyon sa mga taong nasa ibang bansa, paghahanap ng mapapasukan na may mataas na posisyon, pagpropose ng mga internasyonal na impormasyon at maging ang pag-unawa sa ibang mga kultura ay siyang nag-udyok sa isang indibidwal na mag-aral at matuto nito.

Binibigyang-diin sa resulta ng pag-aaral nina Canale and Swain (1983) na sa *theory of communicative competence*, ang mga mag-aaral ay maaring aralin ang wikang Ingles upang magawa nitong makipagtalastasan gamit ang wika. Maari ding ang kakayahang makipagkomunikasyon sa tunguhing wika ay hindi nangangahulugang gusto nila ang ito. Ibig sabihin, nagkaroon ng positibong saloobin sa wikang inaral dahil sa kagustuhang mapapakinabangan ito sa iba't ibang sitwasyon at okasyon.

Sa karagdagan, binanggit ni Melhim (2009) sa kanyang aklat na unang ginamit ni Hymes ang terminolohiyang kasanayang pangkomunikatibo bilang reaksiyon kontra sa *audio-lingual* at nakasanayang pedagogikal na mas pabor ang pagsasaulo ng mga gramatikang patakaran at literal na pagsasalin ng mga pangugusap. Tumatalakay naman sa aspektong pasalita at pakikinig ang *audio-lingual* bilang tugon sa pangangailangan ng mas epektibong komunikatibong kasanayan kaysa sa pagbabasa at pasulat na kasanayan na matagal nang umiikot sa mundo ng pag-aaral ng wika. Nararapat na mailalarawan ng kasanayan ang kaalaman at kakayahan ng isang indibidwal para sa akma paggamit sa pakikipagtalastasan. Binigyang-punto rin ni Candel-Mora (2015) sa kanyang pag-aaral ukol sa kasanayang pangkomunikatibo na sa pagkatuto ng mag-aaral sa wika, hindi lamang dapat nakatuon sa kaalamang gramatika kailangan nito ang angkop na sistema gaya ng kung kailan at saan magsalita, ano ang angkop na sasabihin at para kanino sasabihin.

Maging sina Celce-Murcia, Dornyei at Thurell (2007) ay luminang din ng detalyadong balangkas ng kasanayang pangkomunikatibo. Sa nabuong balangkas, binubuo ito ng limang kasanayan kasama ang kasanyang pandiskurso, linggwistikong pandiskurso, aksyunal na kasanayan, sosyo-kultural na kasanayan, at estratehikal na kasanayan (Yufrizal, 2017). Kaugnay nito, ang kasanayang pangkomunikatibo para kay López-Rocha (2016) ay maaaring maging pangunahing hangaring pagkatuto, pedagogikal na pamaraan, at maging panukat sa pagtataya. Ang kakayahan ng isang indibidwal sa paggamit ng Ingles sa pakikipagtalastasan ay impluwensya ng maraming salik gaya ng kasanayan sa wika at ang kakayahan sa paggamit nito sa pang-araw araw na pakikipagtalastasan. Dalawang bagay ang kailangan kung gustong malinang ang kakayahan sa paggamit ng Ingles; una iangat ang kakayahan sa bokabularyo, pagbaybay, nilalaman, estruktura ng wikang Ingles at higit sa lahat ay ang paglinang sa paggamit nito sa pang-araw-araw na pakikihalubilo. Ngunit sa pag-aaral ni Yufrizal (2017), ginamit niya ang limang aspekto para sa kasanayang pangkomunikatibo. Narito ang mga uri o mga sangkap ng komunikatibong kasanayan: pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika, gramatikal, sosyo-lingguwistik, diskorsal at estratehik.

Ang unang indiketyor ay ang *kasanayan sa pagpapakahulugan sa wika*. Isa sa salik ng kasanayang pangkomunikatibo ay kung paano ang pagpapakahulugan ng isang indibidwal sa wikang pinag-aaralan. Maging ang guro at mag-aaral ay may kaniya- kaniyang pagpapakahulugan sa wikang inaaral at ang layunin sa pagtuturo at pagkatuto sa wika. Sa isinagawang pag-aaral, lumalabas dito na sa limang katanungan, tila nagkakasundo ang mga guro at mag-aaral sa pahayag na ang hangarin sa pagkatuto ng wikang Ingles ay linangin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagkikipagkomunikasyon gamit ang nais na wika Yufrizal (2017).

Ang pangalawang indiketyor ay ang *kasanayang linggwistika* kung saan saklaw nito ang tatlong aspekto,

pagbigkas, gramatika, at bokabularyo. Nakapaloob sa kasanayang lingwistika ang konsepto ng gramatika. Ito kasi ang nagbibigay-kakayanan sa nagsasalita kung paano bigkasin sa wastong kaayusan ang mga salita at pangungusap na kaniyang ginagamit at kung angkop ba ang kaniyang ginagamit na mga salita. Mahalaga ang komponent na ito upang magkaintindihan kayo ng kausap mo dahil maaaring maging sanhi nang hindi pagkakaunawaan kapag hindi wasto ang paggamit ng balarila at epektibo ito sa pagbuo ng salita, tamang pagbigkas, pagbabaybay at maging sa pagbibigay kahulugan ng salita. May kasanayang linggwistika ang isang mag-aaral kung may kakayahan ito kung paano bigkasin sa wastong kaayusan ang mga salita o pangungusap na kanyang ginagamit at kung angkop ang mga bokabularyong kanyang ginagamit at nasa wastong estruktura ito ng gramatika. Mahalaga ang komponent na ito upang magkaintindihan ang tagapagsalita at ang tagapakinig dahil maaring maging sanhi nang hindi pagkakaunawaan kapag hindi wasto ang paggamit ng balarila at epektibo ito sa pagbuo ng salita, tamang pagbigkas, pagbabaybay at maging sa pagbibigay kahulugan ng salita (Abu-Snoubar, 2017).

Dagdag pa ni Ahmed (2018), ang taong may kasanayan sa linggwistika ay maaring sanay at kabisado rin ang mga bokabularyo, pagbigkas, pagpapakahulugan, at ang gramatika ng isang wika. Ang guro na nagtuturo sa kaniyang klase ng wika at dalubhasa sa aspektong ito, malamang sangkapat na bahagi lamang ang kanyang naiambag sa kabuuan ng kanyang tungkulin bilang guro sa wika.

Ang pangatlong indiketyor ay *sosyo-lingguwistik*. Ito ang sangkap na magagamit ng nagsasalita gaya ng; ang kalawakan ng kanyang bokabularyo at ang pagpili ng salitang naangkop sa sitwasyon at sa kontekstong sosyal ng lugar kung saan ginagamit ang wika. Dapat alam ng nagsasalita ang paggamit ng angkop sa anumang pagkakataon. Dito makikilala ang pagkakaiba ng isang taong mahusay lang magsalita kung ihahambing sa isang katutubong nagsasalita ng wika. Maituturing din itong aspekto ng kasanayang pangkomunikatibo na kasali ang pag-alam kung ano ang inaasahang sosyal at kultural ng mga gumagamit ng sinasalitang wika. Katumbas nito ang kakayahang gamitin ang wika nang may kaangkupan at naayon sa iba't ibang sosyal na sitwasyon (Tuan, 2017).

Sa ibang pananaw ng mga linggwist ang kasanayang sosyo-linggwistika ay ang kakayahan ng isang indibidwal na bigyang-interpretasyon ang kahulugan ng ibat ibang sitwasyon sa lipunan at ang kakayahan nitong gamitin ang wika nang may kaangkupan sa sitwasyong kinasusuungan. Kasama rito ang mga pagtitipong sosyal, pakikihalubilo sa kapwa, gamit sa pakikipagkapwa, papel sa pagpapanatili sa pakikipag-ugnayan, panghihikeyat, pagbibigay ng pidbak, pakikipagtalo, paglalahad ng opinyon, at marami pang iba. Dagdag pa, kasama rin sa kasanayang sosyo-lingwistika ay ang kaalaman sa mga patakarang at alituntuning sosyo-kultural. Ito ay may kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral na harapin ang iba't ibang sitwasyong panlipunan gamit ang angkop na mga gramatika (Savignon, 2017).

Ang pang-apat na indiketyor ay *kasanayang pandiskurso* na ngangahulugang isa sa mga salik na nagbibigay kakayahan sa nagsasalita na palawakin ang mensahe upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang salita, upang mas maunawaan ang salita at mapahayag ang mas malalim na kahulugan nito. Nagagawa din nitong pagdugtungan ang mga pangungusap upang makabuo ng malikhaing pahayag nang may maayos na pagkasunod-sunod (Yufrizal, 2017).

Sinang-ayunan naman ito ni Fujii (2012) na binigyang-kahulugan naman ang kasanayang pandiskurso ng mga mananaliksik na katulad ni Canale at Swain (1987). Sa kanilang pagpapakahulugan, binigyang-diin nila na ang kakayahang magpalawak at palalalimin ang salita, pangungusap o pahayag tungo sa isang makabuluhan gawa. Kalaunan, binigyang-interpretasyon ang kasanayang pandiskurso bilang may kaugnayan sa ginamit na wika sa isang sosyal na konteksto partikular ang pakikipagdiyalogo sa pagitan ng mga tagapagsalita ng wika. Ginagamit din ang kasanayang pandiskurso sa pagbibigay kahulugan sa dalawang magkaugnay na kakayahan. Una ay ang tekstwal na pandiskurso na tumutugon sa kakayahan na umunawa at bumuo ng mga monologo or tekstong pasulat sa iba't-ibang genre. Maaar ring tumutugon ang kasanayang pandiskurso sa kakayahang epektibong makilahok sa isang talakayan. Kasama rito ang pagsasalaysay, tekstong prosidyural, ekspositori,

panghihiikayat, paglalarawan at iba pa. Ang mga *genre* ito ay may iba't-ibang katangian, ngunit sa bawat *genre* may mga elementong tumutulong na makabuo ng teksto na may angkop na pagkasunod-sunod at ang ibang elemento na ginagamit upang makabuo ng mahalagang puntos.

Dagdag pa, ang mahusay na pakikipagkomunikasyon ay nagaganap kung ang magkaparehong tagapagsalita at tagapakinig ay magkatulad na pagkakaunawaan at kalakip ang akmang medya o daluyan ng komunikasyon. Ito ang paniniwala nina Fujii (2012) tungkol sa kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. May kaugnayan din ang kasanayang pandiskurso sa kahusayan ng mag-aaral sa pag-unawa at pagbuo ng mga teksto mula lamang sa paraang pakikinig at pagsasalita. Ito ay tumatalaky din sa kohesyon at tamang pagkasunod-sunod sa ibat' ibang uri ng teksto (Sharma, 2018).

Ang pagkatig ni Celce-Murcia et al. (2007) sa usaping pangkomunikatibo ay nagdidiin sa kasanayang pandiskurso bilang pangunahing ideya sa paglinang ng pagkamit ng pangalawang wika. Ginagamit bilang pinakamahalagang puntos sa paggamit ng kurikulum na nakabatay sa kompetensi o kasanayang pangkurikulum sa Indonesia (Yufriзал, 2017). Ito ang dahilan kung bakit mas naging pamilyar ang mga guro at mag-aaral sa mga terminolohiyang paglalarawan, pakikipagtalo, *spoof*, pagsasalaysay tat iba kaysa sa gramatikal na konsepto gaya ng payak na pangungusap, o langkapang pangungusap.

Ang panlimang indikaytor ay *kasanayang estratehika*. Ito ay nangangahulugang sangkap na nagagamit ng nagsasalita ang mga berbal na pananalita upang wasto niyang maipahayag ang kanyang mensahe at maiwasan o maisaayos ang hindi pagkaunawaan o mga puwang sa komunikasyon. Nakatutulong din ang mga hindi berbal na hudyat sa pagsasalita kagaya ng kumpas ng kamay, tindig, at ekspresyon ng mukha upang mailahad ang tamang mensahe (Seong, 2014).

Sa kabilang banda, ang kasanayang estratehika ay tumutugon sa pamamaraan o estratehiya sa mga pagkakataong nahihirapan sa gramatikal o sosyo-linggwistik gaya ng paggamit ng sanggunian, leksikal na *paraphrase*, paghiling ng paguulit, paglilinaw, marahang pagsasalita o kaya'y suliranin sa pagkilala sa mga estranghero lalo na kung hindi tiyak sa estado nito sa lipunan, o kaya ay ang paghahagilap ng angkop na kehesyong gramatikal. Kung kaya, batay sa suhestiyon ni Tarvin (2015) na ang mga guro sa wika ay nararapat na ituro sa mga mag-aaral ang higit pa sa leksikal at sintaks na estruktura dahil kinakailangang malaman din ng mga mag-aaral kung paano ang epektibong pakikipagtalasan gamit ang pangalawang wika sa paaralan o maging sa komunidad. Sa pangkalahatan, ipinapaliwang ni Yufriзал (2017) sa kanyang pag-aaral, ang tungkol sa pananaw ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles bilang pangalawang wika. Ito ay nag-uugnay sa limang dimensyon na sumasaklaw sa kasanayang pangkomunikatibo. Dagdag pa, naniniwala siyang ang pag pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika, kasanayang linggwistiko, kasanayang sosyolinggwistika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estrategik. may mga salik na siyang nakakaapekto sa pagkakaroon ng mga ito ng kasanayang pangkomunikatibo.

Bilang pagbubuod, ang mga nabanggit na babasahin, pananaw, konsepto, teorya at mga paniniwala ay mula sa mga mapagkakatiwalaang pagkukunan gaya ng dyornal, nalimbag na mga internasyonal na pag-aaral na may kaugnayan sa mga paksang nais saliksikin. Ito ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng suliranin at ang mga tulong-pananaw na nangangailangan ng malawakang pagpapaliwanag upang lubusang maintindihan. Lahat ng babasahin ukol sa mga salik na naging dahilan ng pag-angat at paglinang sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral gaya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay may malaking tulong sa inaasam na resulta ng pananaliksik na ito. Lalong maging kapani-paniwala ang mga babasahin na may kaugnayan sa suliraning kasanayang pangkomunikatibo sa mga gagawing talakayan sa inaasam na resulta ng imbestigasyon.

2.5 Ugnayan sa Pagitan ng Bawat Baryabol

Inilahad sa bahaging ito ang makabuluhang ugnayan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo, motibasyon at kasanayang pangkomunikatibo at saloobin o atityud at kasanayang

pangkomunikatibo.

Pinaniniwalaan na kapag ang mag-aaral ay hinihikayat na makipaghalubilo at magpalitan ng ideya sa isa't isa sa oras mismo ng klase, magkakaroon sila ng pagkakataon na magtanong o sumagot sa tanong, magbigay ng suhestiyon, magbigay paliwanag, patunayan ang pinaniniwalaan at makasali sa talakayan. Ang mga inter-aksiyong ito ay may kaugnayan sa pagkatuto at pagkamit ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pagkamit ng komunikatibong kasanayan. Ang pananaw ng mga mag-aaral na kapag sila ay binigyan ng pagkakataon na makasali sa talakayan at hinihikayat na makipagbalitaktakan sa kanyang mga kamag-aaral sa hangaring may matutunan ay mas may kaugnayan din sa kanilang motibasyon sa pag-aaral. Gaya na lang ng pakikipaghalubilo ng mga mag-aaral sa kapwa ay mas lumilina din ang kanilang kumpiyansa sa sarili at mas mapapanatili ang interes at may kakayahang maging matiyaga kapag nakararanas ng kabiguan o paghihirap (Palincsar, 1996).

Dagdag pa maaaring magtalaga ang guro ng mga espisipikong gawain sa bawat mag-aaral sa loob ng klase upang matiyak na makapagbigay ito ng pagkakataon na maiangat ang kakayahan sa pakikipagtalastasan sa kapwa mag-aaral. Bagkus may mga bagay na kailangang gawin kasama ang pangkat gaya na lamang ng pagkakaroon ng diskusyon sa bilugang mesa. Ang mga estratehiyang ito ay may mga kalakasan at kahinaan din naman (Hannah, 2013). Makikita rin sa resulta ng pag-aaral niya na ang mataas na marka ng kaligirang sosyal na pangklasrum sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika ay maaaring magbubunga ng mataas din na kasanayan sa paggamit ng wika. Sa resultang lumabas na ito ay tumutumbok sa paniniwala nina Ali et al. (2020) na mahalagang magkaroon ng positibong kaligiran sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang mas mapadaloy pa nang higit ang pagkamit sa magandang bunga ng pag-aaral kasama na ang kasanayan sa pakikipagtalastasan.

Sinang-ayunan naman ito nina Goetz, Sticca, Pekrun, Murayama at Elliot (2016) na naniniwalang upang malinang ang kasanayang pangkomunikatibo ng isang mag-aaral, mahalaga na sa isang klasrum na pangwika ay nararapat na lumikha ng kapana-panabik na kapaligiran upang mabuo ang positibong emosyonal na saloobin ng mga mag-aaral at magkaroon ng motibasyon tungo sa pagkatuto ng inaasam na wika. Ipinapaliwanag din sa kanilang konklusyon sa pag-aaral ukol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng positibong kaligirang sosyal na pangklasrum na ang bantulat na pagpapahayag ng mag-aaral sa wikang pinag-aaralan ay nagpapatunay lamang na ang kaligiran sa klasrum ay tensyonado na siyang nagpapahirap at nagpapawala sa kumpiyansa ng mga mag-aaral na magkaroon ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles.

Malapit din sa paniniwala ang mga naging resulta ng pag-aaral nina Patrick at Ryan (2011) na kapag naipalaspas ng guro ang ganitong uri ng kapaligiran sa kanyang klase, maiintindihan ng mga mag-aaral na walang problema kung may dinaranas mang mga suliranin gaya ng paggawa ng pagkakamali at ang hindi pagiging tiyak sa mga sagot. Ang ganitong uri ng pag-uugali ay nakapanghihikayat sa mga mag-aaral na aktibong makikilahok. Ang ganitong pakikitungo ay may gumaganyak na makilahok dahil alam nilang hindi sila pagtatawanan.

Ang ikalawang baryabol ay tungkol sa *motibasyon*. Napatunayan sa isinagawang pag-aaral, lumalabas na ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino ay katamtaman lamang at hindi nagpapahiwatig na sila ay may matinding interes sa pag-intindi at paghanga sa buhay mayroon ang mga mahuhusay sa wikang Filipino. Kung kaya nagiging katamtaman din lang ang kasanayan nila sa pakikihalubilo nila sa mga kababayang nagsasalita ng Filipino. Maging ang paglilipat ng kanilang kaalaman sa ibang tao ay hindi rin madalas (Pailago, 2018).

Dagdag pa, ang kinalabasan ng pag-aaral ni Alptekin (2012) sa impluwensya ng motibasyon sa pag-angkin ng kasanayan sa komunikatibo ay malinaw na kanyang inilahad. Napatunayan kasi nito na ang motibasyon ang isa sa dahilan kung bakit hindi naging kaaya-aya ang kasanayang pangkomunikatibo ng halos lahat ng mga mag-aaral sa Saudi Arabia. Sa makatotohanang pagmamasiid batay sa mga naging karanasan niya sa Unibersidad ng nasabing bansa, nahihinuha niyang ang kakulangan sa motibasyon ang naging dahilan ng pagsawalang bahala sa kahalagan ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles.

Nagpapaliwanag na ang mga probisyon sa antas ng motibasyon ayon sa motibasyong instrumental ay

katamtaman o namamasid nang madalas. Binigyang-diin naman sa pag-aaral ni Sharma (2018) ang resulta ng mga kalahok kung saan nakasaad sa kanyang pag-aaral ang tungkol sa pananaliksik sa kalagayan ng motibasyon ng 20 mag-aaral na *Japanese* na nag-aaral ng wikang Ingles. Lumabas sa pag-aaral na ang pinakakaraniwang dahilan ng mga ito kung bakit nag-aaral sila ng Ingles bilang pangalawang wika ay upang makapagkomunikasyon sila sa mga taong nasa ibang bansa, paghahanap ng mapapasukan na may mataas na posisyon, pagpropose ng mga internasyonal na impormasyon at maging ang pag-unawa sa ibang mga kultura. Ang nagging bunga nito ay ang pagkakaroon nila ng katatasan sa pagsasalita ng kanilang pangalawang wika na napapakinabangan sa iba't ibang hangarin sa buhay.

Subalit sa pag-aaral na isinagawa sa bansang Saud Arabia, lumalabas na pinatutunayan ng kanilang pag-aaral na ang motibasyon ay ang malinaw na pagpapaliwanag kung bakit naging hindi kaaya-aya ang kasanayang pangkomunikatibo sa halos lahat ng mga mag-aaral sa kanilang bansa ukol sa usaping pagkatuto sa wikang Ingles. Naging hadlang dito ang bihirang pagpaparanas sa mga mag-aaral na makilahok sa pangkatang gawain sa loob ng klasrum (Al-Hajailan, 2013). Ang integratibong motibasyon ay ang mga salik na may kinalaman sa motibasyon na sinubukang iugnay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng pangalawang wika. Lalo na kung sila ay kasapi sa mga gawaing lumilina sa kanilang kakayahan. Maging mas interesado ang mag-aaral kung mas nalinang ang kanilang kakayahan sa pagkatuto (Krashen, 2013). Ngunit ayon kay Saville-Troike, (2016) minsan ito ay may kinalaman din sa emosyon na salik ng mga mag-aaral na siyang naging dahilan upang maging bantolot sila sa paggamit ng pangalawang wika.

Batay naman kina Silalahi, (2018) ang mag-aaral na kulang sa motibasyon ay kadalasang walang interes at laging salat sa kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Ang motibasyon kasi ang salik upang makilala kung gaano kahanda at kagusto ang isang mag-aaral na makakuha ng marami pang kaalaman at iangat pa ang kakayahan na makaunawa, makapagsalita at makapagsulat ng lenggwaheng pinag-aaralan. Sa kabilang dako, walang duda sa gampaning papel ng motibasyon si Nawazet al. (2014) kung ang pag-uusapan ay ang pagkamit ng inaasam na kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles. Batay sa naging kinalabasan ng kanyang pag-aaral, ang motibasyon ng mga mag-aaral ay mahalagang parte sa pagkatuto ng wika na maging sanay sa pakikipagkomunikasyon dahil ito ang tumutukoy sa antas ng pakikilahok ng isang indibidwal sa proseso tungo sa kasanayan.

Sa ugnayan ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika at kasanayang pangkomunikatibo ng mga ito, lumalabas sa pag-aaral nina Ibarrola at Martinez (2014) na ang pagpapaunawa sa mag-aaral na ang pagkatuto sa wika ay daan upang magtagumpay ang tao, magiging mas positibo ang saloobin nito na matuto sa wikang inaaral. Dagdag pa, ang edad, estado sa buhay, estratehiyang ginamit ng guro, kaligirang pagtuturo ay ilan lamang sa mga salik na nakaaapekto sa kung paano ang atityud ng mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Lalo na ang oportunidad nito na mahasa ang kasanayang pangkomunikatibo ay nakaugat kung paano niya pakikitunguhan ang pagkatuto sa wika. Samantala, sa bansang Pakistan, lumalabas na ang pakikitungo at saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Ingles ay nakatutulong sa pagkakaroon ng malaking marka sa kanilang komunikatibong kasanayan sa wikang Ingles. Kaya naman, itinuturing na isang gantimpala ang pagkakaroon ng matagumpay at maunlad na pakikipagkapwa. Itinuturing na ang pagkatuto sa wikang Ingles ay daan tungo sa pambansang kaunlaran. Ginagamit sa mga pagpupulong ang wikang Ingles mapamayaman man o mahirap. sa positibong pananaw ng isang indibidwal sa pagkatuto ng wika ay tiyak magkakaroon ng magandang kinalabasan ang pagkatuto ng mag-aaral sa wika (Shamim, 2011).

Bilang pangwakas sa kaugnay na usapin, binigyang-diin ang kasanayang pangkomunikatibo mula sa isinagawang National Language Summit noong 2011 sa Pilipinas kung saan pokus ng pangkasalukuyang kurikulum sa Filipino ang paglinang sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral, napagkaisahan na upang matamo ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral, hindi lang kakayahang panggramatika sa mga aspektong dapat malinang sa mga mag-aaral kundi maging ang saloobin nila sa wikang nais matutunan. Mahalaga kung gayon ang pagsipat sa kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral upang umagapay sa naturang layunin sa kurikulum sa Filipino. Samakatuwid, nararapat na ang mga guro ay mayroong sariling pamamaraan ng

pagtuturo ng katutubong salita bagaman may mga katutubong salita pa rin ang hindi lubos na maunawaan at magamit ng mga mag-aaral sa kanilang pakikipagtalastasan kaya ang paglinang ng kakayahang panggramatika ay makakatulong para maiangat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Marasigan, Castillo at Suizo, (2019).

2.6 Teoritikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa sumusunod na pananaw, proposisyon at mga teorya upang mas mapadali ang kaugnayan ng mga malayang baryabol sa di-malayang baryabol. Ang naging pangkalahatang batayang teorya sa kasanayang pangkomunikatibo ay ang *ethnography of communication* ni Dell Hymes (1971) na nagsasabing maging mabisa lamang ang komunikasyon kung isasaayos ng tagapagsalita ang kaalamang pangbalarila sa sintaks, morpolohiya, ponilohiya at maging ang kaalamang sosyal kung paano at kailan gagamitin ang wika nang may kaangkupan.

Naging sanligan ng pag-aaral na ito ang proposisyon ni Yufrizal, (2017) na nagpapaliwanag na matatawag lang na may kasanayang pangkomunikatibo ang isang indibidwal kapag nagkaroon ng positibong saloobin sa wikang pinag-aaralan at kinitaan ng motibasyon na matuto sa target na wika. Lalo pa itong malinang kung ang guro sa wika ay nagpaparanas ng mga gawain sa loob ng klase na nakapagpapaangat sa kasanayan ng mag-aaral na makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral.

Nakabatay naman sa proposisyon ni Ali et al. (2020) ang kaligirang sosyal na pangklasrum na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaroon ng positibong kaligirang pangklasrum sa pagkakaroon ng motibasyong matuto sa wikang inaasam tungo sa pagkakaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. Sinang-ayunan naman ito nina Patrick at Ryan (2011) na malaki ang papel ng guro sa sa pagkakaroon ng kaaya-ayang kaligirang sosyal na pangklasrum tungo sa positibong pag-angat ng komunikatibong kasanayan ng isang indibidwal. Dagdag pa, ang isang guro na lubos na pinapagamit ang tunguhing wika sa mga mag-aaral sa loob ng klasrum ay nakakatulong para ang mga mag-aaral na maging matatas ang kasanayan sa wikang pinag-aaralan (Renendya, 2017).

Sinang-ayunan naman ito nina Goetz et al. (2016) na naniniwalang upang malinang ang kasanayang pangkomunikatibo ng isang mag-aaral, mahalaga na sa isang klasrum na pangwika ay nararapat na lumikha ng kapana-panabik na kapaligiran upang mabuo ang positibong emosyonal na saloobin ng mga mag-aaral at magkaroon ng motibasyon tungo sa pagkatuto ng inaasam na wika. Gayundin, ang paraan kung paano nakikipagtalastasan ang guro at mga mag-aaral sa loob ng klasrum ay maaring makapagpapatatag sa klasrum bilang tagpo na lilinang sa pagpapaangat ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon (Sen, 2013).

Dagdag pa, ibinatay naman sa proposisyon ni Howard et al. (2016) ukol sa motibasyon na nagsasabing ang motibasyon o interes ng isang indibidwal ang pinakamabisang paraan upang maangkin ang komunikatibong kasanayan. May kaugnayan din ang instrumental o integratibong motibasyon sa pagkamit ng kasanayan sa inaasam na wikang pinag-aaralan. Sa katulad din paniniwala, ipinapalagay nina Sharma (2018) na ang pinakakaraniwang dahilan kung bakit nag-aaral ng Ingles ang kanilang mga Hapones na mag-aaral ay upang makapagkomunikasyon sila sa mga taong nasa ibang bansa. Dahil sa motibasyon ito, ang naging bunga ay ang pagkakaroon nila ng katatasan sa pagsasalita ng kanilang pangalawang wika na napapakinabangan sa ibat' ibang hangarin sa buhay.

Samantala, nakaangkla naman ang saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika sa proposisyon nina Ibarrola at Martinez (2014) na nagpapahiwatig na ang pagpaunawa sa mag-aaral na ang pagkatuto sa wika ay daan upang magtagumpay ang tao, magiging mas positibo ang saloobin nito na matuto sa wikang inaaral at maghahatid sa kanya tungo sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo. Sinuportahan naman ito sa pananaw ng Krashen's Theory na ipinapaliwanag na ang saloobin ng mag-aaral sa pagkatuto sa inaasam na wika ay batayan sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo. (Nysten, 2009).

3. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nasisiyasat ang kaugnayan ng mga malayang baryabol gaya ng: kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo. Nailahad sa mga Talangguhitan ang maanyong dayagram na nagpapakita ng mga baryabol ng pag-aaral. Ang unang malayang baryabol ay ang kaligirang sosyal na pangklasrum na halaw sa paniniwala nina Patrick at Ryan (2011). Ito ay tumutukoy sa sitwasyon ng kapaligiran ng mga mag-aaral sa loob klasrum. Ito ay may indiketyor na *Suporta ng guro* na tumutukoy sa paniniwala ng mga mag-aaral na ang kanilang guro ay may pakialam sa kanila at pinapahalagahan ang personal na ugnayan sa isa't isa, *Paglinang ng paggalang sa isa't isa* na tumutugon ito sa pagkakaroon ng paggalang sa isa't isa na umuugnay sa pananaw na ang guro ay umaasa na ang bawat mag-aaral ay nirerespeto ang bawat isa at hindi pinapayagan ang anumang pambubuska sa kapwa mag-aaral; *Paglinang sa gawaing ugnayang-inter-aksyonal* na tumutukoy sa paglakip ng oras na makapagbabahagi ang mga mag-aaral sa kanilang mga ideya sa kapwa mag-aaral sa mismong talakayan na naiatas na gawain sa loob ng klase; *Paglinang sa hinahangad na kakayahan* na tumutugon ito sa pagbibigay diin sa kompetisyon at paghahambing sa kakayahan ng bawat mag-aaral sa loob ng klase.

Sa pangalawang malayang baryabol ay ang isinusulong ni Wimolmas (2015), ang motibasyon ng mga mag-aaral kung saan kalakip ang mga indiketyor gaya ng *Motibasyong Instrumental* na nangangahulugang may kinalaman sa konsepto na ang pagnanais na matuto sa isang wika ay may praktikal na halaga sa pagkatuto ng pangalawang wika at maging daan upang iangat ang oportunidad ng mga mag-aaral sa larangan ng karerang kanilang napili; *Motibasyong Integratibo* na nakabatay sa interes ng pagkatuto sa pangalawang wika dahil sa kailangan nilang matuto kaya nakikipag-ugnayan sila sa kapwa na gumagamit ng pangalawang wika.

Sumasaklaw naman sa inilahad nina Eshghinejad et al. (2016) ang saloobin o atityud sa pag-aaral ng wika bilang pangatlong malayang baryabol na may mga indiketyor gaya ng *Pangkagawiang aspeto* na tumutukoy sa kung paano ang gawi o reaksiyon ng isang mag-aaral sa isang partikular na sitwasyon; *Pangkognitibong aspeto* na tumutugon sa paniniwala ng mag-aaral ukol sa kaalaman na kanilang natatanggap at ang pag-unawa sa proseso ng pagkatuto sa wika; *Emosyonal na aspeto* na nangangahulugang pakikiramdam sa pakikitungo ng isang mag-aaral.

Samantala, umaayon naman sa konsepto ni Yufrizal (2017) ang kaisipan nina Canale at Swain (1983) tungkol sa di-malayang baryabol na tumutugon sa antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral na may limang indiketyor gayang mga sumusunod; Pagpapakahulugan sa *pagkatuto ng wika*, *Kasanayang gramatikal* na nangangahulugang sangkap kung saan nagbibigay- kakayanan sa nagsasalita kung paano bigkasin sa wastong kaayusan ang mga salita o pangungusap na kanyang ginagamit at kung angkop ng kanyang ginagamit na mga salita, *Kasanayang Sosyolinggwistika* na isang sangkap na magagamit ng nagsasalita ang kalawakan ng kanyang bokabularyo at ang pagpili ng salitang naangkop sa sitwasyon at sa kontekstong sosyal ng lugar kung saan ginagamit ang wika., *Kasanayang Pandiskurso* na nangangahulugang sangkap na nagbibigay kakayahang ng nagsasalita na ipalawak ang mensahe upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang salita upang mas maunawaan ang salita at mapahayag ang mas malalim na kahulugan nito at *Kasanayang estratehika* na nangangahulugang sangkap na nagagamit ng nagsasalita ang mga berbal na pananalita upang wasto niyang maipahayag ang kanyang mensahe at maiwasan o maisaayos ang hindi pagkaunawaan o mga puwang sa komunikasyon.


May limang mga *hypothesized* na modelo na binubuo ng dalawang uri ng mga *latent* na konstruksyon, lalo na ang mga *exogenous at endogenous* na baryabol tulad ng ipinapakita sa mga pigura 1-5. Ang mga *latent* baryabol ay kinakatawan ng oblong na hugis tulad ng ipinapakita sa modelo, kilala rin ang mga ito bilang mga hindi pinapansin o hindi nabagong mga baryabol. Sa kabilang banda na sinusunod o sinusukat na mga baryabol ay kinakatawan ng hugis ng mga parihaba. Sa SEM, ang pag-uugnay ng mga baryabol o tagapagpahiwatig na mga baryabol na may mga *latent* o hindi napapansin na mga baryabol ay ang unang hakbang sa pormal na estadistika sa wastong pamamaraan. Gayunpaman, bukod sa mga likas at sinusunod na mga baryabol, may mga

natitirang mga maling salita na nauugnay sa bawat isa sa mga ito na bumubuo din ng isang pangunahing bahagi ng pangkalahatang modelo at ito ay kinakatawan ng *e* na hugis o *error*. Ang dobleng mga arrow ng ulo ay kumakatawan sa ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, habang ang nag-iisang ulo ay direktang umuugnay lamang sa baryabol kung saan ito nakatuon.

Matutunghayan sa Talaguhitan 1 ang *Hypothesized Structural Model 1* na nagpapakita sa *interrelationship* nito sa pagitan ng mga *latent endogenous variables*; (KSS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum, (MOT) Motibasyon, (SNM) Saloobin ng mga Mag-aaral na ginamitan ng double-headed arrows. Dagdag pa, kumakatawan din ito sa korelasyon sa pagitan ng *latent exogenous variable* na (KS) Kasanayang Pangkomunikatibo. Inilahad sa Talaguhitan 2 ang *single headed arrows* na nakatuon mula sa (KSS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum, (MOT) Motibasyon tungo sa (KS) Kasanayang Pangkomunikatibo na nagpapahiwatig ng direktang pagkakaugnay sa pagitan ng mga baryabol. Ipinapakita din nito ang pagkakaroon ng *interrelationship* sa pagitan ng mga *latent exogenous variables* na (KS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum at (MOT) Motibasyon na ipinapamalas gamit ang *double-headed arrows*.

Samantala, matutunghayan sa Talaguhitan 3 ang ikatlong *Hypothesized Structural Model* na naglalahad sa *latent variables* na (KSS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum, (MOT) Motibasyon at (KK) Kasanayang Pangkomunikatibo na kinatawanan ng hugis bilog. Ipinapaliwanag nito ang *interrelationship* sa pagitan ng (KSS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum at (MOT) Motibasyon na ginamitan ng two-headed arrows. Ipinapamaalas sa Talaguhitan 4 ang mga *latent variables* na (MOT) Motibasyon, (SNM) Saloobin ng mga Mag-aaral at (KK) Kasanayang Pangkomunikatibo ng *Hypothesized Structural Model 4* na ginamitan ng hugis bilohaba. Ito ay nagpapakita sa *interrelationship* sa pagitan ng (MOT) Motibasyon at (SNM) Saloobin ng mga Mag-aaral na inilahad gamit ang *two-headed arrows*.


Masisilayan sa Talaguhitan 5 ang *Hypothesized Structural Model 5* na nagpapakita sa direktang pagkakaugnay nito sa pagitan ng mga *latent endogenous variables*; (KSS) Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum, (MOT) Motibasyon, (SNM) Saloobin ng mga Mag-aaral na ginamitan ng *single headed arrows*. Dagdag pa, kumakatawan din ito sa korelasyon sa pagitan ng *latent exogenous variable* na (KS) Kasanayang Pangkomunikatibo.



Leyenda:

K_S_S – Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum	MOT-Motibasyon	SNM – Saloobin ng Mag-aaral	KK – Kasanayang Pangkomunikatibo
6b – Suporta ng Guro	10c – Motibasyong instrumental	12d- pangkagawiang Aspeto	11a –Kahulugan sa pagkatuto sa wika
7b – Paglinang ng Paggalang	11c- Motibasyong Integratibo	13d-Pangkognitibong Aspeto	12a- Kasanyaang Linggwistiko
8b – Paglinang sa gawaing ugnayan		14d-Emosyonal na Aspeto	13a- Kasanayang Sosyolinggwistika
9b – Paglinang sa hinahangad na kakayahan			14a- Kasanyang Pandiskurso
			15a- Kasanayang Estratehika

Talaguhitan 1. Ang modelong nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng Kaligirang Sosyal na Pangkalsrum, Motibasyon, Saloobin ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pangkomunikatibo sa Wikang Filipino.




KSS – Kaligirang Sosyal na Pangklasrum
 6b – Suporta ng guro
 7b – Paglinang ng Paggalang
 8b – Paglinang sa gawaing ugnayan
 9b – Paglinang sa hinahangad na kakayahan

MOT-Motibasyon
 10c – Motibasyong instrumental
 11c- Motibasyong Integratibo

Kasanayang Pangkomunikatibo
 1a –Kahulugan sa pagkatuto sa wika
 2a- Kasanayang linggwistiko
 3a- Kasanayang sosyolinggwistika
 4a- Kasanayang Pandiskurso

Talaguhitan 2. Ang modelong nagpapakita ng direktang ugnayan sa Kaligirang Sosyal na Pangklasrum at Motibasyon, sa Kasanayang Pangkomunikatibo sa Wikang Filipino



Pigura 3


KSS-Kaligirang Sosyal na Pangklasrum
 6b – Suporta ng Guro
 7b – Paglinang ng Paggalang
 8b – Paglinang sa gawaing Ugnayang interaksyonal
 9b – Paglinang sa hinahangad na kakayahan

SNM-Saloobin ng mga Mag-aaral
 12d- pangkagawiang Aspeto
 13d-Pangkognitibong Aspeto
 14d-Emosyonal na Aspeto

KK – Kasanayang Pangkomunikatibo
 11a –Kahulugan sa pagkatuto sa wika
 12a- Kasanyaang Linggwistiko
 13a- Kasanayang Sosyolinggwistika

14a- Kasanyang Pandiskurso
 15a- Kasanyang Estrategik

Talaguhitan 3. Ang modelong nagpapakita ng direktang ugnayan sa Kaligirang Sosyal na Pangklasrum, at Saloobin ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pangkomunikatibo sa Wikang Filipino.




Leyenda:

MOT- Motibasyon ng mga Mag-aaral
10c – Motibasyong instrumental
11c- Motibasyong Integratibo

SNM-Saloobin ng mga Mag-aaral
12d- pangkagawiang Aspeto
13d-Pangkognitibong Aspeto
14d-Emosyonal na Aspeto

KK – Kasanayang Pangkomunikatibo
1a –Kahulugan sa pagkatuto sa wika
2a- Kasanyaang Linggwistiko
3a- Kasanayang Sosyolinggwistika
4a- Kasanayang Pandiskurso
5a- Kasanyang Estrategika

Talaguhitan 4. Ang modelong nagpapakita ng direktang ugnayan sa Motibasyon at Saloobin ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pangkomu-nikatibo sa Wikang Filipino



K_S_S – Kaligirang Sosyal na Pangklasrum

SNG– Suporta ng Guro

UIE– Paglinang sa gawaing ugnayang interaksyonal
HNK – Paglinang sa hinahangad na kakayahan

MOT-Motibasyon

MOI – Motibasyong instrumental

MTI- Motibasyong Integratibo

SN – Saloobin ng Mag-aaral

PNA- pangkagawiang Aspekto

ENA-Emosyonal na Aspekto

KK – Kasanayang Pangkomunikatibo

PPW –Pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika
KAP- Kasanayang Pan-Diskurso
KAE- Kasanayang Estrategika

Talaguhitan 5. Ang modelong nagpapakita ng direktang ugnayan ng Kaligirang Sosyal na Pangklasrum, Motibasyon, Saloobin ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pangkomunikatibo sa Wikang Filipino.

3.1 Kahalagahan ng Pag-aaral

Makatutulong ang pananaliksik na ito sa mga sumusunod na grupo upang mabibigyang-kabatiran at kalinawan ang bawat isa sa tungkuling ginagampanan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon, saloobin o atityud ng mga mag-aaral na siyang maging lunsaran sa kasanayang pangkomunikatibo. Ang kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Filipino ay kaakibat sa pagkakaroon ng malaking oportunidad sa mga mag-aaral na maging bihasa sa paraan ng pakikipagkomunikasyon sa iba't-ibang sitwasyon. Magiging daan ito upang makapagbahagi sila sa kanilang kaalaman sa kapwa dahil makakaya nitong iangkop ang wikang gagamitin sa kanyang kausap. Magsisilbi itong tulay upang mapalakas pa lalo ang ugnayang panlipunan tungo sa inaasam na globalisasyon. Maaring nang dahil sa angking kasanayan sa pakikipagkomunikasyon, higit na makikilala ang lahing PagkaPilipino saan mang bahagi ng mundo.

Inaasahan din na direktang makakatulong sa pagpapahalagang pangkatauhan o *social values* sa mga kasalukuyang mag-aaral, mga magulang at mga tagahubog ng kaalaman. Ito ay nagbibigay katuparan sa kautusan ng DepEd Order blg.7 s. 2008 na nagpapaigting sa kasanayang pangkomunikatibo ng mag-aaral. Kinakailangang magkakaroon ng kasanayan sa komunikatibo ang isang mag-aaral nang sa gayon ay aangat din ang pagpapahalagang sosyal ng mga ito lalo na ang pakikitungo nito sa kapwa Pilipino maging ang pagiging tulay din sa pagkatuto ng Ingles. Magbibigay din ito ng kaalaman sa mga opisyal ng DepEd sa kalagayan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mag-aaral at komunikatibong kasanayan na

maituturing na makabuluhang dokumento na paghahangian ng kaalaman ukol sa mabisang pagtugon sa mga pangangailangan ng paaralan. Maaari ring gawing batayan ang pag-aaral sa pagsasagawa ng mga programa at proyekto na mag-aangat sa kasalukuyang istado ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay direktang nakakatulong sa mga mag-aaral, magulang at mga guro upang higit nilang mapahalagahan ang pagkakaroon ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon na magsilbing daan upang maiangat ang pansariling kakayahan. Sa mga mag-aaral, mabibigyang pansin ang kalagayan ng kanilang kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin na maaring may kaugnayan sa suliranin ng komunikatibong kasanayan sa wika. Magsisilbi din itong panuntunan sa iba pang nagbabalak na magsasagawa ng pag-aaral ukol sa pagtukoy sa komunikatibong kasanayan dulot ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Samanata sa pamunuan naman ng paaralan, mabibigyan sila ng impormasyon tungkol sa sitwasyong may kaugnayan sa kasanayang pangkomunikatibo ng kanilang mga mag-aaral. Ang maunlad na mananaliksik ay makakabenepisyo bilang daan upang maipamamahagi sa kanila ang mga ideya para sa susunod pa na mga pananaliksik. Magsisilbi rin itong gabay sa anumang resulta ng pananaliksik na ito dahil makakapagmuni-muni ang mga guro sa kung paano maging kaaya-aya ang pagtuturo sa bawat silid. Mula sa resulta ng pag-aaral, makabubuo ng mahalagang impormasyon na magagamit ng mga guro at makapagpapatatag sa mabisang pang-unawa sa naging impluwensya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin sa Kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Makatutulong din ito sa mga susunod pang mga mananaliksik sa kanilang pakikipagsapalaran upang mapaunlad ang pagkatuto. Makatutulong din sa mga tagapagturo at mananaliksik ang anumang resulta ng pag-aaral bilang materyal na sanggunian.

3.2 Katuturan ng mga Katawagan

Upang higit na maunawaan ang pag-aaral na ito, ang sumusunod ay binigyan ng operasyunal na kahulugan.

Kaligirang Sosyal na Pangklasrum. Sa pag-aaral na ito, ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay sinukat batay sa apat na indiktor; suporta ng guro, paglinang ng paggalang sa isa't isa, paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal, paglinang sa hinahangad na kakayahan. Ito ay tumutukoy sa kapaligiran ng mga mag-aaral ng paaralang saklaw ng pag-aaral.

Motibasyon. Sa pag-aaral na ito, ang motibasyon ay sinukat ayon sa dalawang indiktor; motibasyong instrumental at motibasyong integratibo. Ito ay tumutugma sa antas ng isang indibidwal sa pagsisikap na makamit ang pagkatuto sa lenggwahe dahil sa kagustuhan nitong gawin at na may kaakibat na satsipaksiyon dahil sa paniniwalang may mahalagang papel ang motibasyon sa pagkatuto ng wika.

Saloobin o Attityud. Sa pag-aaral na ito, ang saloobin o attityud ng mga mag-aaral ay sinukat batay sa tatlong indiktor; pangkagawiang aspeto, pangkognitibong aspeto at emosyonal na aspeto. Ito ay tumutukoy sa pag-uugali, paniniwala at pakikitungo ng mag-aaral sa pag-aaral upang matuto ng pangalawang wika.

Kasanayang Pangkomunikatibo. Sa pag-aaral na ito, ang kasanayang pangkomunikatibo ay sinukat sa limang indiktor; pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika, kasanayang linggwistiko, kasanayang sosyolinggwistika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estratehika. Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa anumang sitwasyong pangwika nang may kaangkupan.

4. Metodo

Inilalahad ng kabanatang ito ang mga hakbang na ginawa sa pananaliksik. Inilalarawan din nito ang disenyo ng pananaliksik, lokasyon ng pananaliksik, populasyon at sample o pamamaraang ginamit, instrumento ng pananaliksik, hakbang sa paglikom ng mga datos, mga estatistika at mga etikal na konsiderasyon sa pananaliksik na ito.

4.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatibong metodo ng pananaliksik gamit ang *causal effect* na teknik. Sa pagtukoy naman sa *best fit model*, ginamit ang *Structural Equation Model*. Una, ang kwantitatibo na disenyo ay tumutukoy sa sistematiko at empirikal na imbestigasyon sa mga penomenong panlipunan sa pamamagitan ng matematikal, estadistikal, at mga teknik na pamamaraan na gumagamit ng komputasyon. (Berg & Howard, 2012). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga nakalap na datos sa paglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon, saloobin at ang kasanayang pangkomunikatibo. Sumunod ay ang *Causal effect* na teknik na binigyang paliwanag ni Brains et al. (2011) ang pananaliksik bilang isang paliwanag sa pananaliksik na nasisiyasat gamit ang sanhi at epekto ng mga relasyon ng bawat baryabol upang matukoy ang dahilan kaya mahalaga na obserbahan ang pagkakaiba sa baryabol na ipinapalagay na maging sanhi ng pagbabago sa ibang baryabol. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *causal effect* na teknik upang matukoy kung anong domain ang may pinakaangkop na modelo ng kasanayang pangkomunikatibo pagkatapos ay sukatin ang mga pagbabago sa ibang baryabol.

Nasasaklaw sa pamamaraang ito ang *structural equation model* na binigyang paliwanag ni Lomax at Li (2013), na tumutukoy sa pagsanib ng *factor analysis at path analysis* upang sukatin ang relasyong teoritikal ng mga baryabol. Ang pagsama ng *factor* sa modelong SEM ay nagbibigay pahintulot sa mananaliksik na gumamit ng ibat ibang *measures* sa bawat baryabol sa halip na iisa lamang kung kaya mas maayos ang kondisyon ng pagkuha ng *reliability at validity*. Ang metodong ito ay ginamit sa pag-aaral upang sukatin ang makabuluhang ugnayan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa apat na Sangay ng Davao del Norte.

4.2 Populasyon at Sample ng Pananaliksik

Sa pagnanais na masukat ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng *Senior High School* sa apat (4) na Sangay ng Davao del Norte, gumamit ang mananaliksik ng 400 na bilang ng respondente sa buong Sangay. Ang bilang ng *sample size* na ito ay umaayon sa pag-aaral ni Bentler, Yuan at Wu (2010) ukol sa angkop na bilang ng respondente na napatunayang ang minimum na bilang para sa pagkuha ng *regression* ay 100 kung kaya ang bilang na 400 ay sapat upang maging bilang ng kalahok sa pag-aaral na ito. Marami na ring gumamit ng 400 na bilang ng kanilang respondente gaya ng pag-aaral ni Asten, (2008). Ngunit sa ibang pananaw, pinagtatalunan ng ibang iskolar na ang *sample size* ay hindi dapat masyadong nakabatay sa kabuuang populasyon. Kaya naman, ang 400 na bilang ng mga kalahok ang siyang isinasaalang-alang sa pagsagot sa *survey questionnaire*.

Sa pagpili ng mga kalahok, gumamit ang mananaliksik ng *stratified random sampling technique* upang i-highlight ang tiyak na *subgroup* sa loob ng buong populasyon kung saan para kay Singh at Mauko (2014), ang bawat isa ay may pagkakataong maisama bilang *sample* kung saan ang mapipiling *sample* ay nangangahulugang patas na representasyon ng kabuuang populasyon. Upang matukoy naman ang 400 na respondente na angkop para sa *Structural Equation Model*, sinunod ng mananaliksik ang alituntunin sa *rule of thumb* ni (Bentler, Yuan, at Wu, 2010) kung saan isinagawa ng mananaliksik ang paggamit ng tamang *sample per strata* sa kabuuang kota ng *sampling* (Changing Minds, 2012). Gaya ng ipinakita sa ibaba, ang apat na Sangay ng Davao del Norte ang siyang pokus ng pag-aaral na may kabuuang bilang na 400 na respondente. Mula sa Sangay ng Island Garden City of Samal ay may bilang ng respondente na 95 o katumbas sa 23.75%, ang Sangay ng Panabo City ay may kalahok na 100 katumbas din sa 25.00%. Ang Sangay ng Davao del Norte ay may 113 bilang ng mga kalahok o katumbas sa 28.25 bahagdan at ang huli ay ang Sangay ng Tagum City na may bilang na respondente na 105 na katumbas sa 26.25%.

Isang deskribtibong sarbey ang ginawa sa pag-aaral na ito na isinailalim sa kwantitatibong pagdulog. Kung saan ayon kay Cresswell (2014), ang deskribtibong sarbey ay naglalayong ilarawan ang kalikasan ng sitwasyon ng isang tiyak na panahon. Kaya naman, binibigyang-diin sa pag-aaral na ito na hindi maaring isali bilang

kalahok para sa isasagawang sarbey ang mga mag-aaral ng Senior High School na wala pang labing walong (18) taong gulang pataas. Hindi rin bahagi ng pag-aaral ang mga SHS na mag-aaral na hindi kabilang sa apat na Sangay; Lungsod ng Island Garden City of Samal, Lungsod ng Panabo, Lungsod ng Tagum City at Sangay ng Davao del Norte. Gayundin, hindi papayagang maging kalahok ang sinumang respondente na makakagawa ng anumang paglabag gaya ng pagsipikasyon, plahiyarismo at iba pang mga moral na paglabag o kaya naman kapag may iniindang karamdaman ang kalahok. Maari ring hindi ipagpapatuloy ng kalahok ang kanyang partisipasyon kung sakaling sila ay makaramdam ng pagiging hindi komportable at pagkabalisa. Gayun pa man kailangang ipapaalam dapat ng kalahok sa mananaliksik ang kanyang pagnanais na pag-urong. Maaring ipaalam ng kalahok sa mananaliksik ang kanyang mga kadahilanan at maari rin naman itong hindi ipagbigay-alam.

4.3 Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito, ang apat (4) na *downloaded* na talatanungan mula sa pinagkukunang *web sources* upang matuklasan ang antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral, saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino at antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa Senior High School. Ang talatanungan ay isinasailam sa isang modipikasyon upang matiyak na ang maisama lamang ay ang mga may kaugnayan sa pag-aaral. Ipinakita muna sa tagapayo ang nabuong talatanungan upang masuri at mabigyan ng kaukulang suhestiyon. Pagkatapos, sinuri naman ito ng mga dalubhasa para sa balidasyon. Dumaan din sa isang balidasyon ng mga eksperto o dalubhasa ang mga talatanungang ito upang matiyak ang kaangkupan ng mga aytem sa isinagawang pag-aaral. Nagtamo ito ng kabuuang *evaluation mean rating* na 4.55. Matapos ang balidasyon, sinubok ito gamit ang *Pilot testing* kung saan nagtala ito ng kabuoang *Cronbach Alpha* na .942. Nilinaw naman ni Gliem (2003) na ang *Cronbach Alpha* ay karaniwang nagrange sa pagitan ng 0-1. Mas mataas ang *internal consistency* nito kung ang resulta ay matalapit sa 1.0.

Ang unang instrumentong ginamit ay ang kaligirang sosyal na pangklasrum na nakabatay sa *Classroom Social Environment Scale* nina Ryan at Patrick, (2011). Ito ay nakadiseno upang matukoy ang mga salik na maaring nakaiimpluwensya sa antas ng Kaligirang Sosyal na Pangklasrum ng mga mag-aaral. Binubuo ito ng labing anim na (16) na aytem na iniaangkop sa lokal na pag-aaral. Nahahati ito sa apat (4) na dimensyon batay sa mga indiktor; suporta ng guro, paglinang ng paggalang sa isa't isa, paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal, at paglinang sa hinahangad na kakayahan. Nakakuha ito ng resultang .990 *alpha coefficient* na nangangahulugang ang mga aytems ay may mataas na *internal consistency*. Nakakategorya sa limang (5) antas ang patnubay sa pagbibigay iskor sa nasabing talatanungan. Narito ang mga sumusunod na iskala;

Saklaw ng Mean Iskor	Katumbas	Palarawang Pagpapakahulugan
4.20-5.00	Pinakamataas	Ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng Filipino ay palaging naipapamalas.
3.40-4.19	Mataas	Ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng Filipino ay madalas naipapamalas.
2.60-3.39	Katamtaman	Ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng Filipino ay paminsan-minsang naipapamalas.
1.80-2.59	Mababa	Ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng Filipino ay bihirang naipapamalas.
1.00-1.79	Pinakamababa	Ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa pag-aaral ng Filipino ay hindi naipapamalas.

Ang ikalawang instrumentong ginamit ay ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino na nakabatay sa *Study of Motivation in English Language Learning* ni Wimolmas (2015). Binubuo ito ng dalampung (20) aytem na nahahati sa dalawang (2) indiktor; motibasyong Instrumental at motibasyong integratibo. Nagtala ito ng .991 *alpha coefficient* na nangangahulugang ang mga aytems ay may mataas na *internal consistency*. Sa pagtukoy sa antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Wikang Filipino, ginamit ng mananaliksik ang scale sa ibaba.

Saklaw ng Mean Iskor	Katumbas	Palarawang Pagpapakahulugan
4.20-5.00	Pinakamataas	Ang motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay palaging naipapamalas.
3.40-4.19	Mataas	Ang motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay madalas naipapamalas.
2.60-3.39	Katamtaman	Ang motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay paminsan-minsang naipapa-malas.
1.80-2.59	Mababa	Ang motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay bihirang naipapamalas.
1.00-1.79	Pinakamababa	Ang motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay hindi kailanman naipapamalas.

Ang ikatlong instrumentong ginamit sa pagtukoy sa saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay *ang Students' attitudes toward learning English language Scale* ni Eshghinejad, S. (2016). Binubuo ito ng tatlong (30) aytem na nahahati sa tatlong indiktor; pangkagawiang aspeto, pangkognitibong aspeto at Emosyonal na aspeto. Nagtamo ito ng .882 cronalpha coefficient na nangangahulugang may mataas na *internal consistency* ang bawat aytem nito. Ito ay binigyang-tumbas gamit ang eskala sa ibaba.

Saklaw ng Mean Iskor	Katumbas	Palarawang Pagpapakahulugan
4.20-5.00	Pinakamataas	Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay palaging naipapamalas.
3.40-4.19	Mataas	Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay madalas naipapamalas.
2.60-3.39	Katamtaman	Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay paminsan-minang naipapamalas.
1.80-2.59	Mababa	Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay bihirang naipapamalas.
1.00-1.79	Pinakamababa	Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay hindi kailanman naipapamalas.

Sa kabilang banda, narito ang eskala na nilinang ni Yufrizal, (2017) ukol sa *Communicative competence scale for teachers and students in English*. Ito ay ginamit para tukuyin kung anong antas ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Nakapagtamo ito ng Cronbach alpha coefficient na .803 na nangangahulugang may mataas na *internal consistency* ang mga aytems nito. Binubuo ito ng limampung (50) aytem na nahahati (5) sa limang indiktor; Pagpapakahulugan sa Pagkatuto ng Wika, Kasanayang Linggwistiko, Kasanayang Sosyolinggwistika, Kasanayang Pandiskurso at Kasanayang Estrategika.

Saklaw ng Mean Iskor	Katumbas	Palarawang Pagpapakahulugan
4.20-5.00	Pinakamataas	Ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay palaging naipapamalas.
3.40-4.19	Mataas	Ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay madalas naipapamalas.
2.60-3.39	Katamtaman	Ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipapamalas.
1.80-2.59	Mababa	Ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay bihirang naipapamalas.
1.00-1.79	Pinakamababa	Ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay hindi kailanman naipapamalas.

Samantala, ginamit ng mananaliksik ang *Goodness of Fit Measure* para sa alternatibong modelo sa pamamagitan ng *Analysis of Moment Structure* (AMOS) sa pagtukoy ng pinakaangkop na modelo. Lahat ng mga inilahad na mahahalagang palatandaan ay dapat naaayon sa kasunod na mga sanligan;

CMIN/DF	-	Chi-Square/Degrees of Freedom	0 < value < 2
NFI	-	Normative Fit Index	>.95
TLI	-	Tucker-Lewis Index	>.95
CFI	-	Comparative Fit Index	>.95
GFI	-	Goodness of Fit Index	>.95
RMSEA	-	Root Means Square of Error Approximation	<.05
Pclose	-	P of Close Fit	>.50

Dagdag pa nito, tinasa ng mga eksperto ang talatanungan para makuha ang baliditi at relayability ng mga katanungan. Lumabas sa *pilot testing* na ang labing anim na aytems sa kaligirang sosyal na pagkatuto ay nakakuha ng *cronbach alpha* na .982 na mayroong mataas na konsistensi. Ang motibasyon ay nakakuha ng *alpha coefficient* na .976 sa dalawampung aytems na mayroong mataas na konsistensi. Ang tatlong aytems sa

saloobin o atityud ay nakakuha ng *alpha coefficient* na .896 at nangangahulugang mayroong mataas na *internal consistency*. Samantalang, ang pagkatuto ng wikang Filipino ay mayroong *alpha coefficient* na .972 sa limampung (50) aytems at nangangahulugang mayroong mataas na *internal* na konsistensi sa mga aytems. Sa isinagawang balidasyon naman ng mga eksperto o dalubhasa sa talatanungang, nagtamo ang mga ito ng kabuuang *evaluation mean rating* na 4.40 para sa kaligirang sosyal na pangklasrum, 4.41 para sa motibasyon, 4.69 naman sa saloobin o atityud at 4.72 para sa kasanayang pangkomunikatibo.

4.4 Mga Hakbang sa Paglikom ng Datos

Sa pangangalap ng mga datos, narito ang mga sumusunod na hakbang na isinagawa ng mananaliksik; Personal na iniabot ng mananaliksik ang liham para sa mga Pandibisyong Tagapamanihala ng mga Paaralan ng apat na Sangay ng Davao del Norte upang humingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral. Samantala, habang hinihintay ang permiso na makapagsagawa ng pag-aaral, ang nabuong talatanungan ay isinumite muna ng mananaliksik sa kanyang tagapayo para sa karagdagang pagwawasto. Pagkatapos, isinailalim ito sa isang balidasyon ng mga eksperto o dalubhasa upang matiyak ang kaangkupan ng mga aytem sa isinagawang pag-aaral.

Nang matanggap ang pagpapatibay mula sa tagapamanihala ng apat na Sangay, nakipag-ugnayan agad ang mananaliksik sa mga punongguro ng paaralang saklaw ng kanyang pag-aaral. Matapos mabigyan ng permiso mula sa mga punongguro ng mga paaralan, saka pa personal na ipinamahagi ng mananaliksik ang mga talatanungan sa mga mag-aaral bago natapos ang Ikatlong Markahan sa Taong panuruan 2019-2020. Iginawad naman ang sertipiko ng pagdalo upang magsilbing patunay na matapat na pinangasiwaan at nilikom ang mga datos mula sa mga respondente. Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, itinala at ginawan ng tabulasyon ng mananaliksik ang ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral at sinuri ng mananaliksik gamit ang mga angkop na formula ng istadistika. Binigyang-interpretasyon ng mananaliksik ang resulta ng pag-aaral batay sa layunin nito.

4.5 Mga Istadistika

Ang mga istadistikang ginamit sa pananaliksik na ito ay ang mga sumusunod:

Mean. Ito ay ginamit upang malaman ang antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino.

Pearson product moment Coefficient o Pearson r. Ito ay ginamit ng mananaliksik upang mabunyag ang ugnayan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino at ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Multiple Regression. Ito ay ginamit upang matukoy ang salik o indikaytor ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino na may malawak na impluwensiya sa antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino.

Structural Equation Model. Ginamit ng mananaliksik ang SEM upang masaliksik ang pinakamahusay at pinakaangkop na modelo. Sa pagsusuri ng mga kadahilanan, kailangan ang pagsasagawa ng pagtatasa ng *factor* sa mga nakatagong baryabol na nagmumungkahi ng *cut-off* sa halaga na 0.50 habang ginagamit ni Ullman at Bentler (2003) ang 0.45 sa pagmomodelo sa kultura ng kaligtasan ng konstruksiyon. Ang kakanyahan ng pagsusulit ay upang matiyak ang pag-aalis ng mga katangian na may mga mababang ugnayan na may mga katangian ng iba pang mga nakatagong mga kadahilanan sa huling SEM. Ang halaga ng *cut-off* ay apektado ng laki ng *sample* ngunit ang isang hanay ng 0.45 hanggang 0.50 ay itinuturing na naaangkop. Dagdag dito, ang tool na ito ay gagamitin upang matukoy ang modelo na pinakamahusay na naaangkop sa kakayahang pang-organisasyon.

Sa pagkuha ng *Goodness of Fit Statistics*, ginamit ang alternatibong modelo sa pamamagitan ng *Analysis of*

Moment Structure (AMOS). Ayon sa aklat ni Arbuckle (1997) upang makuha ang angkop na modelo sa pag-aaral, lahat ng values ng ibinigay sa *indices* ay napabilang sa bawat *criterion*.

CMIN/DF	-	Chi-Square/Degrees of Freedom	0 < value < 2
NFI	-	Normative Fit Index	>.95
TLI	-	Tucker-Lewis Index	>.95
CFI	-	Comparative Fit Index	>.95
GFI	-	Goodness of Fit Index	>.95
RMSEA	-	Root Means Square of Error Approximation	<.05
Pclose	-	P of Close Fit	>.50

4.6 Etikal na Konsiderasyon

Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang angkop na mga panuntunan sa pananaliksik upang makumpleto ang gagawing pag-aaral. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang etikal na aspeto ng pananaliksik hinggil sa pagiging kompidensyal ng mga datos, pahintulot, at proteksyon ng mga kalahok para sa gagawing pag-aaral. Pinahihintulutan din ang mananaliksik na kasalukuyang nagtuturo sa pampublikong paaralan ng bayan ng Carmen sa pamunuan ng Unibersidad ng Mindanao na panghawakan ang pag-aaral na ito na kung saan batid ng mananaliksik ang mga kaukulan at ganap na tungkulin at pananagutan sa pagsasagawa ng pag-aaral na mapanatili at maprotektahan ang pagkapribado, dignidad, kagalingan, at kalayaan ng mga kalahok sa pananaliksik. Bukod pa rito, batid din ng mananaliksik na anumang problema ang mararanasan ay kaya nitong gampanan at lutasin.

Alinsunod sa pagsasaalang-alang ng etikal na aspekto sa pag-aaral, dumaan sa masusing pagsisiyasat at pagsusuri ang pag-aaral na ito mula sa University of Mindanao Review of Ethics Committee (UMREC). Tiniyak din ng mananaliksik na ang lahat na personal na impormasyon ng mga respondente ay naging kompidensyal at tanging mananaliksik lamang ang nakakaalam upang matiyak na ang pagiging kompidensyal ay tunay na protektado. Dagdag pa, ang lahat ng sagot ng mga tagatugon ay nananatiling kompidensyal, nahahanay man ang sagot sa talatanungan o hindi, walang anumang panganib ang matatamo ng mga kalahok.

Ang mananaliksik ay sumunod sa kung ano ang nararapat na kahingian sa pagsasagwa ng pag-aaral gaya ng pagtugon sa inaasahang pamantayan, istandardisadong kriterya lalo na sa pamamahala sa populasyon at mga datos ngunit hindi limitado gaya ng mga sumusunod.

Boluntaryong pakikilahok. Ang mga mag-aaral na nasa edad 18 gulang pataas ay binibigyang- kalayaan sa pagsali at pakikilahok ng kusa nang walang anumang kapalit na parusa bilang kabayaran sakaling hindi matapos nito ang pakikipanayam. Bibigyang diin din ang pagbibigay-alam, at boluntaryong pagpayag. Matapos mailarawan ang layunin at ang pakinabang sa pag-aaral, inilahad ito sa mga paaralang kalahok na aasahan na ang mga karapatan ng kalahok na makapag-ambag ng kaalaman ay maingat na isaalang-alang at tinitiyak na mabigyan ito ng karampatang atensyon.

Pagkapribado at Kumpidensyalidad. Tiniyak ng mananaliksik na naging pribado na may kasamang pagtitiwala at hindi nailahad ang pagkatao ng mga kalahok lalo na ang mga impormasyong personal. Ang etikal na aspekto sa pag-aaral na ito ay tumutugon sa karapatang magsagawa ng pananaliksik, pagtitiwala at pagtatago sa personal na aspekto ng mga kalahok. Pribadong itinago ng mananaliksik ang mga talaan ng pag-aaral na ito hangga't ito'y pinahihintulutan ng batas. Anumang matutukoy na impormasyong makukuha na may kaugnayan sa pag-aaral na ito ay nananatiling pribado, maliban na lamang kung kinakailangang protektahan ang iyong karapatan o kapakanan. Ang sertipiko ay nagpapatunay na ang mananaliksik ay maaaring tatanggi na ipamamahagi ang impormasyon tungkol sa kanilang partisipasyon ng mga taong may kaugnayan ng pag-aaral na ito. Kung ang resulta ng pananaliksik ay maililimbag o matatalakay sa mga kumperensya, walang tukoy na impormasyon ang gagamitin

Informed Consent Process. Malaya sa anumang terminolohiyang teknikal ang talatanungan upang mas madaling maunawaan ng mga kalahok. Nagbibigay ito ng mas malinaw na benepisyong maaring makukuha ng

mga kalahok matapos isinagawa ang pag-aaral. Ang talatanungan ay ibinahagi ayon sa nakatakdang araw at oras ng pagsasagawa ng sarbey nang may pahintulot mula sa punongguro.

Pagrererekruit. Ang pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ipinakita ang paraan kung paano napili ang mga kalahok sa pag-aaral. Ginamitan ito ng *stratified random sampling* upang lubusang matukoy ang pipiliing kalahok. Dagdag pa, ang proseso sa pangangalap ng datos ay isang indikasyon at patunay kung paano papangasiwaan ang talatanungan pati na rin ang mga sangkot na kalahok sa pakikipanayam.

Risk o Panganib. Tiniyak sa pag-aaral na ito na walang panganib na maaring mararanasan ang mga kalahok habang isinagawa ang pag-aaral mapapisikal man, saykolohikal, sosyo-ekonomikong aspekto. Ngunit, kung sakaling makaramdam ng pagkabalisa sa mismong oras ng pagsagawa ng sarbey dahil sa mga sensitibong kalikasan ng paksang pinag-aaralan, maari namang piliin na huwag sagutin ang mga katanungang magpaparamdam sa iyo ng saykolohikal o emosyonal na pagkaligalig o maari ding magdesisyong huwag ipagpatuloy ito. Pinahalagahan ng mananaliksik ang pakikilahok kung kaya't higit na binibigyang-diin ang kalagayan bilang prayoridad sa gagawing pananaliksik.

Benefits Assessment o Pakinabang. Sa pag-aaral na ito, isa sa naging benepisong nakuha ng mga kalahok ay makabubuo sila ng mahalagang impormasyon ukol sa kasalukuyang kalagayan ng kanilang komunikatibong kasanayan. Matapos ang pagsasagawa ng pananaliksik, ang mga mag-aaral ay nabigyan ng pagkakataon na makilala ang kanilang partisipasyon sa tagumpay na maaabot ng mananaliksik. Maaring mailimbag ang kanilang pangkat bilang pagkilala sa naiambag sa pananaliksik. Hindi rin imposible na magiging daan din ito upang mabuo ang pagkakaibigan sa pagitan ng mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay nakabubuo din ng mahalagang impormasyon bilang tulong at suporta nila sa mga guro. Ang resulta ng mga diskusyon at kalalabasan ng pag-aaral na ito ay makapagpapatatag sa mabisang pag-unawa sa kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral at Kasanayang Pangkomunikatibo ng kanilang paaralan kung saan silang ay naging bahagi nito. Makatutulong din ito sa mga susunod pang mga mananaliksik sa kanilang pakikipagsapalaran upang mapaunlad ang pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong din sa mga tagapagturo at mananaliksik bilang materyal na sanggunian. Sa *school personnel* lalong- lalo na ang galing sa mga pampublikong paaralan ng *Senior High School* na maisasaalang-alang nila ang kahalagahan ng ang pananaliksik na ito sapagkat sila'y mabibigyan ng impormasyon tungkol sa sitwasyon may kaugnayan sa kasanyang komunikatibo ng kanilang mga mag-aaral. Ganoon din, ang maunlad na mananaliksik ay makakabenepisyo bilang daan upang maipamamahagi sa kanila ang mga ideya para sa susunod pa na mga pananaliksik. Higit sa lahat, ang resulta o bunga ng pag-aaral na ito ay maaring pakikinabangan ng mga opisyal ng DepEd sa Sangay ng Davao del Norte at mga punongguro higit lalo sa paaralang kinabibilangan ng mananaliksik.

Pangongopya o Plagiarism. Tiniyak sa pananaliksik na ito na iiwasan na masangkot sa plahiyarismo o ang pangongopya sa gawa ng iba nang walang pagkilala sa orihinal na may-akda. Upang matiyak ito, lahat ng mga kaisipan, ideya o pahayag ay sinigurong may kalakip na pangalan ng awtor na siyang pinaghanguan ng literatura o babasahin. Sinisiguro din na ang pag-aaral na ito ay walang bakas na inaangkin nito o may paggaya sa mga gawa ng ibang mananaliksik. Higit sa lahat, susunod ang mananaliksik sa patakaran ng Unibersidad na isasailalim sa isang mabusising pag-susuri ang manuskrito sa pamamagitan ng UMER. Higit sa lahat, mapapanatili na wala itong bahid na plahiyarismo lalo na at isasailalim sa isang detektor device ang manuskrito na kung tawagin ay turnitin na tutukoy sa porsyento ng panggagaya sa orihinal nang walang pahintulot.

Pabrikasyon. Ang pag-aaral na ito ay tinitiyak na hindi kakitaan ng anumang pagpapatunay o ebedensya na intensyunal o sinadyang minali kung ano ang mga pahayag datos o petsa sa pag-aaral. Walang ring mangyayaring paggawa-gawa ng datos para lang mapagtakpan ang mga hindi wastong resulta. Kung ano ang mga magiging kalalabasan ng resulta, mananatili itong nasa ganoong kalagayan, hanggang sa maging pinal ang manuskrito. Lahat ay isinunod sa kung ano ang tamang proseso sa pangangalap ng datos upang maiwasan din ang paglikha ng mga hindi angkop na mga konklusyon o kuro-kuro.

Falsification o Maling Gawi. Hindi kinitaan ng anumang bakas o ebedensya na ang pag-aaral ay sadyang minali ang pagrepresenta ng ginawang pag-aaral at wala ring naganap na sobrang pag-aangkin sa ginawang pag-aaral. Kailanman ay hindi maaring gagawin ng mananaliksik ang pagpalsipika o paggawa gawa ng mga babasahin o datos na magiging ugat ng maling representasyon. Lahat ng ito ay naayon sa kung ano ang kahingian ng UMERC ng Unibersidad ng Mindanao.

Conflict of Interest o Salungat na kapakinabangan. Walang naganap na hindi pagkakasundo sa mga nais gawin ng bawat panig sapagkat ang pag-aaral ay hindi nasasangkot sa anumang salungatan sa kapakinabangan gaya na lamang sa ipinahayag sa disklosyur ng COI na isang hanay ng mga kondisyon kung saan ang mga paghuhusgang propesyunal ukol sa primaryang interes tulad ng kaligtasan ng mga kalahok o kaya ang kabisaan ng pag-aaral na maaring makaimpluwensya sa sekondaryang interes gaya ng pinansyal o pagkilalang akademiko.

Panlilinlang o Deceit. Tinuyak ng mananaliksik na maiwasan nito ang isyung panlilinlang o deceit sapagkat lahat ng mga hakbang sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito ay naayon sa katotohanan at wastong mga kaparaanan. Upang mapaigting pa ang katotohanan, hindi pahihintulutan ng mananaliksik mabahiran ng hindi wastong pamaraan kung kaya't bawat hakbang na gagawin ay isasangguni sa kanyang tagapayo. Ang pag-aaral ay hindi kakitaan ng anumang pagligaw sa mga kalahok tungo sa posibleng panganib.

Paghingi ng permiso mula sa Organisasyon. Sinisiguro ng mananaliksik na bago pa man isasagawa ang anumang hakbang sa pangangalap ng datos, hihiingi muna ito ng pahintulot sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Rehiyon ng Davao na magsagawa ng sarbey sa mga Senior High School na Paaralan ng apat na Sangay ng Rehiyon XI. Sa oras na maaprubang ito, mabigbigay naman ng liham pahintulot ang mananaliksik sa mga Sangay; Sangay ng Island Garden City of Samal, Sangay ng Panabo City, Sangay ng Tagum City at Sangay ng Davao del Norte upang maisagawa ang pag-aaral sa mga tukoy na paaralan. Matapos matanggap ang pagpapatibay mula sa mga Tagapamanihala, makikipag-ugnayan siya sa mga punong-guro ng paaralang nasasaklaw ng pananaliksik upang ipaabot ang paghingi nito ng pahintulot na makapagsasagwa ng sarbey sa mga kwalipikadong mag-aaral bilang kalahok sa sarbey.

Pagkamay-akda. Ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay isang gradwado sa *Bachelor of Secondary Education major* sa Filipino. Ang mananaliksik ay sumailalim sa maraming rebisyon at pagbabago ng manuskrito dahil sa rekomendasyon ng mga eksperto at ng kanyang tagapayo. Ang pag-aaral din ay sumusunod sa kung ano ang istandard na kahingian ng Unibersidad ng Mindanao Ethics Review Committee para sa patnubay sa Etikal na Konsiderasyon. Matapos ang pag-apruba ng pag-aaral, sasailalim ito sa *pilot testing* at ang mga nakalap na datos ay bibigyang-interpretasyon para sa kaisahan ng talatanungan ng pananaliksik.

Bilang mananaliksik, ako ay umaayon sa sinabi ni Resnik (2011) na napakahalaga para sa isang pag-aaral na maipakita ng isang tagapagsiyasat ang pagsasaalang-alang sa paniniwalang-moral at etikal na konsiderasyon. Pangunahing pakay ko sa aking pag-aaral ay ang mga mag-aaral. Nararapat lamang na unahin at isaalang-alang ang kanilang seguridad at kapakanan upang hindi mawala ang kanilang pagitiwala sa akin. Maliban sa pagpapaliwanag sa mga kalahok ukol sa pag-aaral at matiyak na mauunawaan ng mga ito ang at ang mga benepisyong makukuha sa pagsali, Bibigyang linaw ko rin sa kanila kung paano gagamitin ang datos mula sa isingawang pakikipanayam.

5. Resulta

Matutunghayan sa kabanatang ito ang mga kinalabasan sa isinagawang pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay akmang sinuri at binigyang-kahulugan upang matukoy ang mga salik na nakakaapekto sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa *Senior High School* ng lalawigan ng Davao del Norte. Inilahad din sa kabanatang ito ang resulta ng bawat sub headings ayon sa mga tuon; antas ng kaligirang sosyal na pangklsrum, antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino, antas ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral wika Filipino, antas ng kasanayang pangkomunikatibo, makabuluhang ugnayan sa pagitan ng

kaligirang sosyal na pangklasrum at antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral, makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika at kasanayang pangkomunikatibo, makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral wika Filipino at kasanayang pangkomunikatibo, at ang huli ay ang pinakaangkop na modelo para sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

5.1 Antas ng Kaligirang Sosyal na Pangklasrum ng mga mag-aaral

Isinasaad sa talahanayan 1 ang antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum ng mga mag-aaral ng *Senior High School* na may pangkalahatang *mean* na 4.06 na may deskriptibong antas na mataas kung saan umani din ng *standard deviation* na 0.37. Ito ay nagpapakita lamang na ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay madalas na namamasid o naisasagawa sa halos lahat ng pagkakataon ng mga mag-aaral mula sa *Senior High School* sa pag-aaral nila ng Filipino sa Taong-Panuruan 2019-2020. Sa apat (4) na indiketyor ng kaligirang sosyal na pangklasrum, ang suporta ng guro ang may pinakamataas na *mean score* na 4.17 at may *standard deviation* na 0.40 na may deskriptibong antas na pinakamataas. Pinakamababa naman sa lahat ng indiketyor ay ang paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal na may *mean score* na 3.88 at *SD* na 0.43.

Makikita sa talahanayan 1.1 ang distribusyon ng *mean* at *SD* sa lahat ng aytem ng indiketyor na suporta ng guro na may kabuuang *mean* na 4.17 at *SD* na 0.40. Sa lahat ng aytem, ang aytem na *Naiintindihan ka talaga ng iyong guro kung ano ang iyong pakiramdam ukol sa mga bagay-bagay.*, ang may pinakamataas na *mean score* 4.20 at *SD* na 0.74 at may deskriptibong antas na pinakamataas. Habang ang aytem na *Sinubukan ka na ba na tulungan ng iyong guro kapag ikaw ay nalulungkot o di- mapalagay.*, ay siyang may pinakamababa na *mean score* na 4.15 at *SD* na 0.68 at deskriptibong antas na mataas.

Matutunghayan din sa talahanayan 1.2 ang *mean score* at *SD* ng bawat aytem ng paglinang ng paggalang sa isa't isa na may 4.13 na *mean score* at *standard deviation* na 0.49 na may deskriptibong antas na mataas. Natamo ng aytem na *Hindi kami pinahihintulutan ng aming guro na gawing katawa-tawa ang naging sagot o ideya ng aming kamag-aral* at ang aytem na *Sinisiguro ng aming guro na hindi mapagsasalitaan ng masama ang isa't isa sa loob ng klase.*, ang may pinakamataas na *mean score*. Kapwa nakapagtamo ang mga ito ng 4.20 *mean score* at *SD* na 0.74. Samantalang ang aytem na *Nais ng aming guro na igalang namin ang opinyon sa isa't isa* ay nakakuha ng pinakamababang *mean score* na 3.96 at *SD* na 0.65.

Talahanayan 1

Antas ng Kaligirang Sosyal ng mga Mag-aaral

	Indiketyor	SD	Mean	Deskriptibong Antas
	Suporta ng Guro	0.40	4.17	Mataas
	Paglinang ng paggalang sa isa't isa	0.49	4.13	Mataas
	Paglinang sa gawaing ugnayang interaksyonal	0.43	3.88	Mataas
	Paglinang sa hinahangad na kakayahan	0.42	4.04	Mataas
	Kabuuang	0.37	4.06	Mataas

Samantala, nakapaloob naman sa talahanayan 1.3 ang distribusyon ng *mean* at *SD* ng bawat aytem ng indiketyor na ugnayang inter-aksyunal na nakapagtamo ng 3.88 na *mean score* ngunit may mataas pa rin na deskriptibong antas na 0.43. Sa lahat ng mga baryabol, ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* ay ang aytem na *Hinihikayat kami ng aming guro na magbahagi ng aming ideya sa isat isa sa aming klase* na may *mean score* na 4.20. Habang idineklarang may pinakamababang *mean score* ang aytem na *Pinahihintulutan kami ng aming guro na makipagtalakayan sa aming mga kaklase.*, dahil sa napakababang *mean score* nito na 3.52.

Panghuli, masisilayan naman sa talahanayan 1.4 ang *mean* at *SD* ng bawat aytem ng indiketyor na paglinang sa hinahangad na kakayahan na nakakuha ng 4.04 na *mean score* at *standard deviation* na 0.42. Sa lahat ng indiketyor ang aytem na *Sinasabihan kami ng aming guro kung paano kami kinukumpara sa ibang mag-aaral.*, ang itinanghal na may pinakamataas na *mean score*, habang ang aytem na *Ipinagbibigay-alam ng aming guro kung sino sa mga mag-aaral ang nakakuha ng matataas na marka sa pagsusulit* ay nakakuha ng 3.85 na *mean*

score.

5.2 Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Wikang Filipino

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino. Umabot sa 4.18 ang pangkalahatang *mean score* ng motibasyon ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino at may *standard deviation* na 0.24 na nasa deskripsyong antas na mataas. Ito ay nangangahulugan na ang antas ng motibasyon ng mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino sa lalawigan ng Davao del Norte ay madalas na ipinamalas. Nagpapahayag ito na ang aytem tungkol sa motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino ay naisasagawa sa halos lahat ng pagkakataon.

Matutunghayan sa talahanayan 2.1 ang *mean* at *SD* ng bawat aytem ng motibasyong instrumental na may *mean score* na 4.17 at may *standard deviation* na 0.24 na may deskripsyong antas na mataas. Sa lahat ng aytem, pinakamataas na *mean score* ang nakuha ng aytem na *Mas interesado ako sa pagpapalawig sa aking pag-aaral at sa pagkatuto ng wikang Filipino* na may *mean score* na 4.40. Samantala, ang aytem na *Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay mahalaga upang ako ay maging isang taong may pinag-aralan*, ay nakapagtamo ng pinakamababang *mean score* na 4.00.

Samantala, nakapaloob naman sa talahanayan 2.2 ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino. Ang motibasyong integratibo ang may pinakamataas na may *mean score* na 4.19 at may *standard deviation* na 0.28, at nasa deskriptibong antas na mataas. Sa lahat ng mga aytems nito, itinanghal na may pinakamataas na *mean score* na 4.45 ang aytem na *Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay nakatutulong sa akin upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan*. Habang nakuha naman ng aytem na *Ang pag-aaral sa wikang Filipino ay nakatutulong sa akin upang magkaroon ng bukas na isipan at magaling makipag-ugnayan kagaya ng taal na mananagalog*, ang pinakamababang *mean score* na 3.95.

Talahanayan 2

Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Wikang Filipino

Indikeytor	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Motibasyong Instrumental	0.24	4.17	Mataas
Motibasyong Integratibo	0.28	4.19	Mataas
Kabuuan	0.24	4.18	Mataas

5.3 Antas ng Saloobin o Atityud sa Pag-aaral ng Wikang Filipino

Ang antas ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino sa lalawigan ng Davao del Norte na kinapapalooban ng tatlong indikeytor ay matutunghayan sa talahanayan 3. Nagresulta ito sa pangkalahatang *mean score* na 4.11 at may *standard deviation* na 0.23 na may palarawang deskripsyon na mataas. Nangangahulugan lamang na para sa mga respondente, ang aytem ukol sa kanilang saloobin pagdating sa pag-aaral ng wikang Filipino ay katanggap-tanggap.

Makikita sa talahanayan 3.1 ang distribusyon ng *mean* at *SD* ng bawat aytem ng indikeytor na pangkagawiang aspekto o *behavioral aspect* na may pangkalahatang *mean* na 4.10 at 0.25 na *standard deviation* na may deskriptibong antas na mataas. Nakapagtamo ng pinakamataas na *mean score* sa lahat ng aytem ang *Nakaramdam ako ng kaginhawan kapag ako ay pagsasalitain sa klase ko sa Filipino* na may 4.40 *mean score*. Habang 3.70 *mean score* naman ang natamo ng aytem na may pinakamababang *mean score* at ito ay mula sa aytem na *Hindi ako nababahala kung ako'y nagsasalita ng Filipino kahit saan*.

Bagamat sa lahat ng indikeytor, ang nagkamit ng pinakamababang *mean score* na 4.08 ay ang pangkognitibong aspekto, nakapagtamo pa rin ito ng deskripsyong mataas. Nakapaloob sa talahanayan 3.2 ang distribusyon ng *mean* at *SD* nito. Sa lahat ng mga aytem nito, ang nakapagtala ng pinakamataas na *mean score* na 4.40 at may deskriptibong antas na napakataas ay ang aytem na *Nakabubuo ako ng mga bagong ideya sa*

pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Filipino. Samantala nakakuha ng pinakamababang *mean score* na 3.69 ang aytem na *Ang pagiging mahusay ko sa Filipino ay nakatutulong din sa akin upang pagbutihin ko ang iba pang asignatura* at may deskriptibong antas na mataas.

Panghuli, nakapaloob sa talahanayan 3.3 ang nangungunang indikaytor ng saloobin ng mga mag-aaral, ang emosyonal na aspekto o pandamdamin na nakakuha ng pinakamataas na *mean* na umabot ng 4.17 at may *standard deviation* na 0.26 at deskriptibong antas na mataas. Sa lahat ng mga aytem, nakakuha ng pinakamataas na *mean score* na 4.40 ang *Nakaramdam ako ng tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Filipino*. Samantalang nagtamo naman ng pinakamababang *mean score* na 4.03 ang aytem na *Inaabangan ko ang oras na iginugugol ko sa klase ng wikang Filipino*.

Talahanayan 3

Antas ng Saloobin o Atityud ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Wikang Filipino

Indikaytor	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Pangkagawiang Aspekto	0.25	4.10	Mataas
Pangkognitibong Aspekto	0.28	4.08	Mataas
Emosyonal na Aspekto	0.26	4.17	Mataas
Pangkalahatang mean	0.23	4.11	Mataas

5.4 Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo ng mga Mag-aaral

Inilalahad sa Talahanayan 4 ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Nakapagtala ng pangkalahatang *mean score* na 4.12 ang mga respondente matapos sumailalim sa isang sarbey ukol sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo at may *SD* o *standard deviation* na 0.18 na nasa deskriptibong antas na mataas. Ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* ay ang kasanayang sosyolinggwistika na nagtamo ng 4.27 at *SD* na 0.25 at deskriptibong antas na mataas. Samantala, lumabas sa resulta na ang kasanayang estratehika na may *mean* na 3.96 at may *SD* na 0.47 ang panghuli ngunit nasa mataas pa rin ang deskriptibong antas. Ito ay nangangahulugang ang kasanayang pangkomunikatibo ay madalas na ipinamalas ng mga mag-aaral.

Nakapaloob ang *mean score* at *SD* ng bawat aytem ng indikaytor na pagpapakahulugan sa pagkatuto ng wika na matutunghayan sa talahanayan 4.1. Ito ay nakakuha ng *mean* na 4.10 at may *standard deviation* na 0.36 at may deskripsyong mataas. Sa lahat ng mga aytem, tanging ang aytem lang na *Nag-aral ako ng Filipino upang makapagbasa ako ng mga panitikan na nakasulat sa target na wika.*, ang nakapagtamo ng napakataas na deskriptibong antas at ang may pinakamataas na *mean score* na 4.20 at *standard deviation* na 0.74. Samantala, nakakuha naman ng pinakamababang *mean score* na 3.96 at *standard deviation* na 0.65 ang aytem na *Nag-aaral ako ng Filipino upang magamit sa pakikipagtalastasan*. Ganun pa man, nagtamo pa rin naman ito ng mataas na deskriptibong antas.

Makikita naman sa talahanayan 4.2 ang distribusyon ng indikaytor na kasanayang linggwistika na nagtamo ng *mean score* na 4.19 at may *standard deviation* na 0.29 at deskriptibong antas na mataas. Sa dalawampung aytem, anim dito ang nakakuha ng deskripsyong napakataas. Ngunit ang may pinakamataas na *mean score* ay ang aytem na *Nagagawa kung kilalanin ang mga tunog katinig na binibigkas ng mga Taal na Mananagalog.*, na nakapagtala ng 4.45 na *mean score* at 0.62 na *standard deviation*. Natamo naman ang pinakamababang *mean score* ng aytem na *Nauunawaan ko ang patakarang pangwika at ang pagbuo ng mga pangungusap o kasanayang estuktural ng sanhi at bunga* at may *SD* na 0.51.

Sa limang indikaytor, ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* ay ang kasanayang sosyolinggwistika na ang distribusyon sa bawat aytem ay makikita sa talahanayan 4.3. Ito ay nagtamo ng 4.27 *mean score* at *SD* na 0.25 at deskripsyong mataas. Sa sampung aytem, itinanghal na may pinakamataas na *mean score* na 4.53 ang aytem na *Nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong pagpapasalamat* at may *SD* na 0.58 at deskripsyong napakataas. Habang ang idineklarang may pinakamababang aytem naman ay *Nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong paghayag ng simpatiya.*, na nakapagtala ng 4.08 na *mean score*

at may deskriptibong antas na mataas.

Talahanayan 4

Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo

Indikeytor	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Pagpapakahulugan sa Pagkatuto ng Wika	0.36	4.10	Mataas
Kasanayang Linggwistika	0.29	4.19	Mataas
Kasanayang Sosyolinggwistika	0.25	4.27	Pinakamataas
Kasanayang Pandiskurso	0.30	4.06	Mataas
Kasanayang Estrategika	0.47	3.96	Mataas
Kabuuan	0.18	4.12	Mataas

Makikita naman ang distribusyon ng *mean* at *SD* ng bawat aytem ng kasanayang pandiskurso sa talahanayan 4.4 na nagtamo ng *mean score* na 4.06 at *standard deviation* na 0.30. Sa lahat ng aytem tanging aytem lang na *Nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upng makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng mga tula.*, ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* at *standard deviation* na 0.83. Samantala, natamo naman ng aytem na *Nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng spoofs* at ang aytem na *Nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng pagpapasabog ng balita.*, ang pinakamababang *mean score* na kapwa may pantay na *mean score* na 3.96.

Panghuli, matutunghayan ang distribusyon ng *mean score* at *SD* ng bawat aytem ng kasanayang estrategika sa talahanayan 4.5. Ito ay nakapagtamo ng 3.96 *mean score* at may *SD* na 0.47 na itinanghal na may pinakamababang *mean score* ngunit nasa mataas pa rin na antas. Sa lahat ng aytem nito, ang aytem na *Nagagamit ko ang angkop na nilalaman ng lenggwahe gaya ng language functions, Ekspresyon sa wikang Filipino nang may kalinawan, organisado at may tamang pagkasunod-sunod*, ang siyang may pinakamataas na *mean score*. Habang ang may pinakamababang *mean* ay ang aytem na *Nakapipili ako ng angkop na nilalaman at bibigkasin ito gamit ang angkop na tono ng boses, mensahe ng katawan at ang kilos nito* na may 3.85 *mean score* at *SD* na 0.68 at deskriptibong antas na mataas.

5.5 Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo

Maipapaliwanag sa Talahanayan 5.1 ang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo na may pangkalahatang *computed p-value* na 0.000 na nagpapahiwatig na mas mababa ito sa 0.05 na kung susuriin batay sa antas na pagkamakabuluhan. Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang dalawang baryabol sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at Kasanayang Pangkomunikatibo ay may malakas na korelasyon. Ang natamong *r-value* na .542 ay nagpapatunay ng positibong ugnayan sa pagitan ng mga tugon ng mga mag-aaral ukol sa kaligirang sosyal na pangklasrum at ang kalagayan ng kasanayang pangkomunikatibo nito. Kaya hindi maaring tanggapin ang *null* na haypotesis, bagkos yayakapin ang alternatibong haypotesis na nagsasaad na may makabuluhang pagkakaugnay ang kaligirang sosyal na pangklasrum at ang kasanayang pangkomunikatibo.

Talahanayan 5.1

Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pangkomunikatibo

Kaligirang Sosyal na Pangklas-rum	Komonikatibong Kasanayan					
	Pagpapa-kahulu gan sa Pagka-tuto sa Wika	Kasana-yang Linggwis-tika	Kasana-yang Sosyo lingwis-tika	Kasana-yang Pan-diskurso	Kasana-yang Estrategika	Kabuu-an
Suporta ng Guro	.613** (.000)	.185** (.000)	.145** (.004)	.169** (.001)	.150** (.003)	.480** (.000)
Paglinang ng Paggalang sa Isa't isa	.817** (.000)	.112* (.025)	.032 (.520)	.035 (.483)	.002 (.964)	.382** (.000)
Paglinang sa Gawaing Ugnayang Interaksyo-nal	.648** (.000)	.212** (.000)	.209** (.000)	.095 (.058)	.167** (.001)	.505** (.000)

Kasanayang pangkomunikatibo: Isang estruktural na panatayang pagdulog

Paglinang sa Hinahangad na kakayahan	.627** (.000)	.274** (.000)	.193** (.000)	.091 (.069)	.159** (.001)	.507** (.000)
Kabuuan	.795** (.000)	.225** (.000)	.164** (.001)	.109* (.029)	.133** (.008)	.542** (.000)

*significant at .05 significant level

Dulot ng resultang ito, nagpapahiwatig lamang na sa bawat pag-angat o pagbaba sa antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum mula sa mga naging karanasan ng mga mag-aral sa pagkatuto ng wikang Filipino ay siya namang katiyakan sa paglinang o kaya ay pag-angat sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng *Senior High School*.

5.6 Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pag-aaral ng wikang Filipino

Masasalamain sa Talahanayan 5.2 ang resulta ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon ng mga mag-aaral at kasanayang pangkomunikatibo. Batay sa resulta, ang *p-value* na 0.001 ay mas mababa kung ikukumpara sa 0.05 antas ng makabuluhan. Kaya masasabing ang dalawang baryabol na motibasyon ng mga mag-aaral at kasanayang pangkomunikatibo ay may korelasyon. Ang *r-value* nito na .554 na nagpapakita ng malakas na positibong korelasyon sa pagitan ng motibasyon at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Kaya hindi maaring tanggapin ang *null* na haypotesis nito na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino at ang kasanayang pangkomunikatibo nito. Tatanggapin sa pag-aaral na ito ang alternatibong haypotesis na nagsasaad na may makabuluhang pagkakaugnay ang motibasyon ng mga mag-aaral at kanilang kasanayang pangkomunikatibo lalo na't pawang ang mga indiketyor ng motibasyong instrumental at integral na motibasyon ay nagpapakita ng korelasyon sa pagpapakahulugan sa wika, kasanayang sosyolingwistiko, linggwistika, pandiskurso at estratehika. Dahil dito, nagpapakita ang resulta na sa bawat pag-angat ng motibasyon ng mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng Filipino ay siya ring pag-unlad ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral na *Senior High School* sa lalawigan ng Davao del Norte.

Talahanayan 5.2

Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon ng mga mag-aaral at ang kasanayang pangkomunikatibo

Motibasyon	Komunikatibong Kasanayan					
	Pagpapa-kahulugan sa Pagka-tuto sa Wika	Kasana-yang Linggwis-tiko	Kasana-yang Sosyo Lingwis-tika	Kasana-yang Pang-diskurso	Kasana-yang Estrategik	Kabuuan
Instru-mental	.153** (.002)	.691** (.000)	.340** (.000)	.067 (.180)	.196** (.000)	.505** (.000)
Integra-tibo	.135** .007	.851** .000	.387** (.000)	.001 (.976)	.148** (.003)	.515** (.000)
Kabuu-an	.156** .002	.844** .000	.396** (.000)	.034 (.496)	.184** (.000)	.554** (.000)

**, Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).

*, Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed).

5.7 Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud sa pag-aaral ng wikang filipino at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral

Mapapansin sa Talahanayan 5.3 ang naging resulta ng makabuluhang ugnayn sa pagitan ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa *Senior High School* sa pag-aaral ng wikang Filipino at ang kasanayang pangkomunikatibo. Batay sa naging resulta ang *p-value* ay .000 na kung saan mas mababa sa .05 makabuluhang antas kung kaya masasabing ang dalawang baryabol ay may korelasyon. Ang natamong *r-value* na .575 na naghuhudyat na may malakas na positibong korelasyon sa pagitan ng baryabol na saloobin sa pag-aaral at ang baryabol ukol sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo. Dahil dito, ang *null* na haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng saloobin ng mag-aaral at ang kasanayang pangkomunikatibo ay nararapat na hindi tanggapin. Pumapabor ang resulta sa alternative na haypotesis nito na nagsasabing may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral at ang kanilang kasanayang

pangkomunikatibo. Nangangahulugan lamang na ang mga indiktor na pangkagawiang aspeto, pangkognitibong aspeto at emosyonal na aspeto ng Saloobin o atityud ay nagpapakita ng korelasyon sa pagpapakahulugan sa wika, kasanayang sosyolingwistika, kasanayang linggwistika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estratehika ng kasanayang pangkomunikatibo. Isinasaad sa nasabing resulta na kapag mataas ang antas ng saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral nila ng wikang Filipino ay nagkakaroon din ng posibleng pag-angat sa kasanayang pangkomunikatibo gamit ang wikang Filipino.

Talahanayan 5.3

Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud at komunikatibong kasanayan ng mag-aaral

Saloobin o Atityud	Komunikatibong Kasanayan					
	Pagpapa-kahulugan sa Pagka-tuto sa Wika	Kasana-yang Lingg-wistiko	Kasana-yang Sosyo Lingswis-tika	Kasana-yang Pang-diskurso	Kasana-yang Estrate-hika	Kabuu-an
Pangka-gawiang Aspekto	.092 (.066)	.587** (.000)	.303** (.000)	.413** (.000)	.149** (.003)	.529** (.000)
Pangkognitibong Aspekto	.076 (.130)	.656** (.000)	.525** (.000)	.085 (.089)	.194** (.000)	.520** (.000)
Emosyo-nal na Aspekto	.137** (.006)	.657** (.000)	.428** (.000)	.033 (.510)	.082 (.102)	.441** (.000)
Kabuuan	.116* (.020)	.735** (.000)	.489** (.000)	.199** (.000)	.166** (.001)	.575** (.000)

*significant at .05 significant level

5.8 Makabuluhang impluwensya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo

Sa pag-aaral na ito sinuri ng mananaliksik ang baryabol na may higit na makabuuhan impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo gamit ang *regression*. Ipinapakita sa Talahanayan 6 na nagtamo ng $R^2 = .525$ ang impluwensyang hatid ng kaligirang sosyal, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo. Nang natuklasan sa pagsusuri na ang ANOVA sa regresyong ito ay 145.868 na may $p = \text{value}$ na 0.000. Mahihinuhan ang kumbinasyon ng tatlong baryabol ay nagpapahiwatig na may makabuluhang impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Ang regresyong $R^2 = .525$ ay malinaw na nangangahulugang ang 52.5% na kasanayang pangkomunikatibo ay dulot ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral. Ngunit ang natirang 47.5 ay dulot ng ibang salik na hindi saklaw sa pag-aaral na ito. Sa masusing pagsisiyasat, inilalahad ng talahanayan na sa tatlong baryabol, ang saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ang siyang may pinakamalaking impluwensya naibahagi dulot ng mga natamong $Beta = -.237$, $P\text{-value} = .000$, sinundan ng kaligirang sosyal na pangklasrum na may $Beta = -.208$, $P\text{-value} = .000$ at ang may pinakamababang naiambag ay ang motibasyon na may $Beta = -.153$, $P\text{-value} = .002$. Kaya, malinaw na nangangahulugan lamang na sa tatlong *exogenous* baryabol, ang saloobin o atityud ang may pinakamakabuluhang impluwensyang naibahagi sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga Senior High School na mag-aaral.

Talahanayan 6

Makabuluhang impluwensya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin o atityud

Kasanayang Pangkomunikatibo				
Exogenous Variables	B	B	T	Sig.
Constant	1.662		13.675	.000
Kaligirang Sosyal	.208	.433	12.206	.000
Motibasyon	.153	.206	3.134	.002
Saloobin o Atityud	.237	.306	4.638	.000
R	.725			
R ²	.525			
ΔR	.521			
F	145.868			
P	.000			

5.9 Pinakaangkop na Modelo sa Kasanayang Pangkomunikatibo

Ang bahaging ito ay inilaan para sa pagsusuri sa mga kaugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Maraming alternatibong modelo ang sinubukan upang matukoy ang *best fit model*. Inilahad din ang talakayan sa bawat modelo at ang implikasyon nito upang maunawaan ang impluwensyang hatid ng mga *exogenous* at *endogenous* na mga baryabol. Upang matukoy ang pinakaangkop na modelo, apat na alternatibong modelo ang isinailalim sa pagsubok. Ang kabuuang resulta para sa *goodness of fit measures* ng limang modelong ito ay matutunghayan sa Talahanayan 22. Sa pagtukoy sa pinakaangkop na modelo, lahat ng mga datos na isinama ay kailangan matumbok ang pinakatanggap-tanggap na *ranges*. Kailangan ang *Chi-square/degrees of freedom value* ay nasa pagitan lamang ng 0-2 at ang *p-value* na mas mataas pa o magkatulad lamang sa 0.05. Kinakailangan din ang posibleng pagkakamali o *approximately error value* ay mas mababa pa sa 0.05 at *p close value* ay mas mataas pa o magkapareho lamang sa 0.05. Kinakailangan din na ang susukating *Normed Fit Index*, *Tucker-Lewis Index*, *Comparative Fit Index*, and *Goodness of Fit Index* ay lahat nasa 0.90 o mahigit pa.

Ipinapahiwatig na ang nabuong *Hypothesized Structure Model 1* na nagsilbing Talaguhitan 1 ay isinaalang-alang lamang ang direktang epekto ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral tungo sa kasanayang pangkomunikatibo. Ipinapakita nito ang pagiging mahina at hindi angkop na modelo dahil tanging *P of Close Fit* lang ang nagtamo ng 0.000 at nakatumbok sa nakasaad na *criterion*. Lahat na *index values* ay hindi umabot sa bawat hinihiling na *criterion*. Sa pangalawang *Hypothesized Structure Model 2* na makikita sa nakalakip na Talaguhitan 2, matutunghayan ang *index value* ng *CFI* na hindi akma para sa mga datos. Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging mahinang modelo sa kadahilanang lahat ng *index values* gaya ng *Chi-square/Degrees of Freedom (CMIN/DF)*; *Normed Fit Index (NFI)*; *Tucker-Lewis Index (TLI)*; *Comparative Fit Index (CFI)* *Goodness Fit Index (GFI)*; *Root Mean Square of Error Approximation (RMSEA)*, ay hindi umabot sa bawat hinihiling na *criterion* maliban lamang sa *P Close Fit (Pclose)*. Halos lahat ng indeks ay hindi nagpapakita sa hiniling na batayan ng *model fit value*.

Samantala, ipinapahiwatig sa pangatlong nabuong *Hypothesized Structure Model 3* na inilakip bilang Talaguhitan 3 ang *index values* na natamo ay hindi katanggap-tanggap. Nahirapang maging angkop ang mga ito sa kahingiang batayan na nagngangahulugang mahinang- mahina ito para maging akma na tawaging *best fit model*. Lahat ng *index values* ay nahirapang makamit ang batayan kaya nagpapahiwatig din ito ng pagiging mahinang modelo. Ipinamalas sa pang-apat na modelong nabuo sa ipinapakitang kalakip na Talaguhitan 4 ang tuwirang kawsal na ugnayan sa pagitan ng *exogenous* na mga baryabol sa kasanayang pangkomunikatibo. Mababanag din sa kalakip na talahanayan ang pagtataya sa pang-apat na *hypothesized structural model* gamit ang *goodness of fit* ng mga indeks. Batay sa resulta ng *goodness of fit* sa pang-apat na modelo ito ay naging mahina pa rin dahil ang mga indeks nitong *NFI*, *CFI*, *GFI*, *CMIN/DF* ay hindi umabot sa akmang sukat ng batayan maliban sa *RMSEA* para maging *model fit value*.

Sa huli, ang panlimang nabuong *hypothesized structural model 5* na nakalahad sa Talaguhitan 5 ang tanging nakapagtamo sa istandard na sukat ng batayan kung kaya ito ay ideneklarang pinakaangkop na modelo. Batay sa naging resulta ng isinagawang pagsusuri gamit ang *index value*, lumalabas na tanging ang panlimang modelo lamang ang may angkop na tumugon sa idineklarang batayan. Kalakip din dito ang kaligirang sosyal na pangklasrum bilang natatanging *latent* baryabol na direktang nakakaimpluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Dagdag pa, sa pagtukoy ng *best fit model*, may malakas na impluwensya ang mga indiketyor ng kaligirang sosyal na pangklasrum gaya ng suporta ng guro, paglinang ng gawaing ugnayan sa isa't-isa at paglinang sa hinahangad na kakayahan sa kasanayang pangkomunikatibo. Gayundin ang mga indiketyor na motibasyong instrumental at integratibo ay may makabuluhang kontribusyon at maging ang lahat ng indiketyor ng saloobin ng mga mag-aaral ay may malakas ding impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo. Ngunit, ang mga indiketyor lamang ng kasanayang pangkomunikatibo na pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika, kasanayang pandiskurso at kasanayang estratehika ang siyang kinitaan ng malakas na *interconnectedness* sa mga nabanggit na indiketyor ng hindi malayang baryabol. Lubos na katanggap-tanggap ang *model fitting* nito gaya ng inilahad sa talahanayan 21. Ang mga sumusunod ay ang mga natamong resulta ng

mga *index value* na umaakma sa hinihinging *criterion*; 1.457 para sa *Chi-square/Degrees of Freedom (CMIN/DF)* na may *P-value* na .062. Malakas din ang suporta *RMSEA index*-034. na nakakuha ng <0.05 antas ng pakamakabuluhan na may *P-close value* na.877. Maging ang *Normed Fit Index (NFI)*- .979; *Tucker-Lewis Index (TLI)* -.988; *Comparative Fit Index (CFI)* - .993 at *Goodness Fit Index (GFI)*- .981. Lahat ng mga indeks ay umaakma sa hinihinging batayanto. Ito ay higit na katanggap-tanggap dahil naipapakita ng mga indeks ang hinihiling sa batayan para sa makuha ang *model fit value*. Ito ay nangangahulugan lamang na akmang -akma ang natamong resulta para tanghaling *good fit model*.

Talahanayan 19

Epekto ng malayang baryabol sa kasanayang pangkomunikatibo sa pinakaangkop na modelo

Baryabol	Tuwirang Epekto	Tuwirang Epekto	Kabuuang Epekto
Kaligirang Sosyal	1.568	-.071	1.497
Motibasyon	-	-	-
Saloobin o Atityud	-.227	-	-.227

Talahanayan 20

Pagpapalagay ng Variable Regression Weight sa Pinakaangkop na Modelo

			Estimate	S.E.	Beta	C.R.	P-value
sal_mag	<---	kal_pag	.190	.040	.312	4.774	***
kas_pan	<---	sal_mag	-.222	.086	-.227	-2.594	.009
mob_wik	<---	kal_pag	-.041	.064	-.057	-.641	.522
mob_wik	<---	sal_mag	1.307	.306	1.101	4.269	***
kas_pan	<---	kal_pag	.931	.060	1.568	15.554	***
HNK	<---	kal_pag	1.000		.776		
UIE	<---	kal_pag	1.027	.064	.787	15.930	***
SNG	<---	kal_pag	.908	.060	.749	15.077	***
MTI	<---	mob_wik	1.000		.830		
MOI	<---	mob_wik	.850	.043	.840	19.826	***
ENA	<---	sal_mag	1.000		.755		
PNA	<---	sal_mag	1.105	.064	.775	17.366	***
PPW	<---	kas_pan	1.000		.547		
KAP	<---	kas_pan	.145	.057	.094	2.538	.011
KAE	<---	kas_pan	.330	.093	.136	3.542	***

Leyenda:

SNG-Suporta ng guro

PNP-Paglinang ng paggalang sa isa't isa

UIE-Paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal

HNK – Paglinang sa hinahangad na kakayahan

kal_pag – Kaligirang sosyal

MOI-Motibasyong instrumental

MTI-Motibasyong integratibo

mob_wik-Motibasyon

PAA-Pangkagawiang aspeto

PNA-Pangkognitibong aspeto

ENA-Emosyonal na aspeto

sal_mag-Saloobin o atityud

PPW-Pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika

KAL-Kasanayang linggwistiko

KAS-Kasanayang sosyolinggwistika

KAP-Kasanayang pandiskurso

KAE-Kasanayang estraterjik

Kas_pan-Komunikatibong kasanayan

Talahanayan 21

Goodness of Fit Measures ng Estructural sa Pinakaangkop na Modelo


Index	Criterion	Model Fit Value
P-Close	> 0.05	.000
CMIN/DF	0 < value < 2	1.457
NFI	> 0.95	.979
TLI	> 0.95	.988
CFI	> 0.95	.993
GFI	> 0.95	.981
RMSEA	< 0.05	.034

Leyenda: CMIN/DF: Chi-Square/Degrees of Freedom, NFI - Normed Fit Index, TLI -Tucker-Lewis Index, CFI - Comparative Fit Index, GFI- Goodness of Fit Index, RMSEA- Root Means Square of Error Approximation, and Pclose - P of Close Fit.

Talahanayan 22*Summary of Goodness of Fit Measures of the Five Generated Models*

Model	P-value (>0.05)	CMIN / DF (0<value<2)	NFI (>0.95)	TLI (>0.95)	CFI (>0.95)	GFI (>0.95)	RMSEA (<0.05)	P-close (>0.05)
1	.000	18.811	.615	.540	.626	.756	.221	.000
2	.000	12.770	.746	.696	.759	.803	.172	.000
3	.000	12.557	.746	.701	.760	.798	.170	.000
4	.000	12.593	.746	.700	.760	.800	.170	.000
5	.062	1.457	.979	.988	.993	.981	.034	.877

Leyenda: CMIN/DF - Chi-Square/Degrees of Freedom, NFI - Normed Fit Index, TLI - Tucker-Lewis Index, CFI - Comparative Fit Index, GFI - Goodness of Fit Index, RMSEA - Root Means Square of Error Approximation, and P-close - P of Close Fit.

*Leyenda:*

- SNG - Suporta ng guro
- UIE - Paglinang sa gawaing ugnayan sa isa't-isa
- HNK - Paglinang sa hinahangad na kakayahan
- kal_pag - Kaligirang sosyal na pangklasrum
- MOI - Motibasyong Instrumental
- MTI - Motibasyong Integratibo
- Mob_wik - Motibasyon sa Wika
- PNA - Pangkagawiang aspeto
- ENA - Emostonal na aspeto
- Sal_mag - Saloobin ng mga mag-aaral
- PPW - Pagpapakahulugan sa pagkatuto sa wika
- KAP - Kasanyang Pandiskurso
- KAE - Kasanyang Estrategika
- Kas_pan - Kasanyang pangkomunikatibo

6. Diskusyon

Inilalahad sa kabanatang ito ang pagtalakay sa mga natuklasan batay sa resultang estadistika hinggil sa kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral, saloobin sa pag-aaral ng wikang Filipino at kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Tinalakay sa makabuluhang ugnayan at impluwensya ng mga

malayang baryabol sa kasanayang pangkomunikatibo maging ang pagbuo ng mga naangkop na modelo para sa kasanayang pangkomunikatibo ay malinaw na ipinapakita kaakibat ang mga prinsipyo, konsepto, ideya, teorya na nakatutulong upang maging matibay ang kongklusyon at rekomendasyon sa pag-aaral.

6.1 *Antas ng Kaligirang Sosyal na Pangklasrum*

Ang natamong antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum ay mataas. Ang pagkakaroron ng mataas na antas nito ay dulot ng mga pahayag na may palarawang pinakamataas nang isinailalim ang bawat indikaytor nito sa isang pagsusuri. Ang pinakamataas na antas na natamo ay nasa indikaytor na suporta ng guro kung saan makikita sa pahayag na *Naiintindihan ka talaga ng iyong guro kung ano ang iyong pakiramdam ukol sa mga bagay-bagay*. Ito ay nagpapahiwatig na madalas naipapamalas ng guro ang kaligirang sosyal na pangklasrum sa kanyang mga mag-aaral sa pag-aaral nila ng wikang Filipino. Lalo na sa indikaytor nitong suporta ng guro na may pinakamataas na antas na natamo. Tumutukoy ito sa paniniwala ng mga mag-aaral na ang kanilang guro ay may pakialam sa kanila at pinapahalagahan ang personal na ugnayan sa isa't isa lalo na ang mga ukol sa akademikong pangangailangan.

Sa karagdagan, ang mataas na antas na natamo ng kaligirang sosyal na pagkatuto ay maipapaliwanag sa konseptong ang pagkatuto sa wika ay natatapos sa pagkakaroon ng interaksyon, kung kaya nararapat lamang na isaalang-alang ang sosyal na kaligirang pangklasrum sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya, ang suporta ng guro ay mahalaga dahil sila ang may kabatiran sa kahalagahan ng sitwasyon sa loob ng kaniyang klase na nakakapagpapaangat sa kaligirang sosyal na pangklasrum ng mga mag-aaral. Magiging positibo ang kaligirang pangklasrum kung may kabatiran ang guro sa mga nararamdaman ng kanyang mga mag-aaral (Longworth, 2013; Mainhard, 2015).

Samantala, sinang-ayunan naman sa pag-aaral nina Eccles, Wigfield, at Schiefele, (2008) na mahalagang magkaroon ng positibong kaligirang sosyal na pangklasrum sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang mas mapadaloy pa nang higit ang pagkamit sa magandang bunga ng pag-aaral lalo na ang paglinang sa respeto sa isa't isa sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa, upang makamit ang ganitong uri ng klasrum, kailangang pagtibayin ng guro ang paggalang sa isa't-isa. Kung nagawang maitatag ito ng guro sa kanyang klase, mauunawaan ng mag-aaral na katanggap-tanggap pa rin kahit nahihirapan sa pagpapahayag ng ideya, nagkakamali at maging ang hindi sigurado sa sagot. Ang ganitong pag-uugali ay lalong humihikayat sa kanila na aktibong makikilahok sa pagsubok na mauunawaang kung ano ang nais nilang matutunan dahil alam nila na hindi sila pagtatawanan at kukutyain kapag ang sagot nila ay kapuna-puna.

Napatunayan din ng mga mananaliksik na sina Patrick at Ryan (2011) na may positibong kaugnayan ang suportang ibinibigay ng guro sa kung paano nagiging masigasig at interesado ang mga mag-aaral na maiangat ang kakayahan sa pakikipagtalastasan. Kaya naman, kailangang ang isang guro ay magsisikap na makabuo ng ganitong uri ng kaligiran sa kanyang klase. Halimbawa na lamang ay ang pagsusulong na ang mga kabataan ay hihikayatin na magbahagi ng kanilang ideya ay hihingi ng tulong upang mas maging malinaw ito hanggang sa maintindihan. Ngunit kapag may mag-aaral na kinitaan ng kawalan ng interes sa kanilang ginagawa maari itong maagapan. Lalawakan ng guro ang kanyang pang-unawa at kailangang bigyang-diin ang ugnayang interaksyunal ng mga mag-aaral kung paano sila hihikayatin na makipaghalubilo sa kanilang mga kaklase at guro. (Patrick & Ryan, 2011).

6.2 *Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Wikang Filipino*

Ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay nagtamo ng mataas na resulta. Ang mataas na antas ng motibasyon ay matutunghayan sa mga apat (4) na pahayag mula sa indikaytor ng motibasyong integratibo na nakakuha ng pinakamataas na antas; *Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay nakatutulong sa akin upang higit kong maintindihan at mabigyang-puri ang taal na mananalagalog; Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay nakatutulong sa akin upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa mga*

dayuhan; ang pag-aaral ng wikang Filipino ay magbibigay sa akin ng pagkakataon na lalahok nang malaya sa akademiko, sosyal, at pampropesyunal na gawain kasama ang iba pang kultural na pangkat; Ang pag-aaral sa wikang Filipino ay nakatutulong sa akin upang hangaan ang sining sa Filipino at panitikan. Gayundin ang apat (4) na pahayag mula sa indiketyor ng motibasyong instrumental na nakagtago rin ng pinakamataas na antas; *Pasimple ko lang binabasa ang aklat nang hindi nakikipagtalastasan pasalita man o pasulat; Mas interesado ako sa pagpapalawig sa aking pag-aaral at sa pagkatuto ng wikang Filipino; Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay mahalaga sa akin upang ako ay maging maalam at masanay; Ang pagiging mahusay ko sa wikang Filipino ay maghahatid sa akin sa mas matagumpay na buhay.* Ang mga pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino ay palaging naipapamalas. Ang nakuhang pinakataas na antas ay nagpapahiwatig na sa lahat ng pagkakataon ay nagpapakita ng motibasyon ang mga respondente sa pag-aaral nila ng wikang Filipino.

Umayon sa pananaw ni Ushioda at Zoltan (2012) ang resulta ng antas ng motibasyon na ang pagsikap na makamit ng isang indibidwal ang pagkatuto sa lenggwage dahil sa kagustuhan nitong gawin na may kaakibat na satisfaksyon. Kung kayat, iminumungkahi nitong kailangan pa ang nararapat na pagsasaliksik kung paano naging matagumpay o bigo sa pagkatuto ng wika ang mga mag-aaral dahil maaaring isa sa dahilan nito ay ang motibasyon ng mga mag-aaral na maaari niyang maging instrumento o gamit ang kanyang natutunan sa Filipino sa kanyang praktikal na pamumuhay. Maraming dalubhasa ang naniniwala na ang mga mag-aaral na may sapat na interes ay maging mabisang mag-aaral sa wika na may kahusayan sa pakikipagtalastasan. Dagdag pa, nararapat na may mga gawaing pampag-aaral na ibinibigay ang mga guro upang sa gayon ay hindi mabagot at hindi mawalan ng interes sa pag-aaral ang mga tinuturuan. Ang lahat ng ito ay mabibigyang-kalutasan Kung ang guro ay malikhain at may pagkukusa na gumawa ng hakbang sa loob ng silid-aralan para sa ikatatagumpay ng kaniyang pagtuturo (Ames, 2019; Wimolmas, 2015).

Pinatunayan naman sa pag-aaral ni Galante (2015) na higit na mangingibabaw ang interes ng isang indibidwal na matuto ng pangalawang wika kung ito ay maging daan upang iangat ang kanilang oportunidad sa larangan ng karerang kanilang napili. Maging ang kakayahang makipagkomunikasyon sa mga taong nasa ibang bansa, paghahanap ng mapapasukan na may mataas na posisyon, pagpropose ng mga internasyonal na impormasyon at maging ang pag-unawa sa ibang mga kultura ay siyang nag-udyok sa isang indibidwal na mag-aral at matuto nito (Dörnyei at Ushioda, 2011). Umuugnay din naman ang resultang ito ng motibasyong instrumental na pinahahahalagahan ni Belmechri at Hymmel (2016) na naniniwalang ang motibasyon ay isa sa mahalagang salik sa pagkatuto ng pangalawang wika dahil ang tao ay nangangailangang mag-aral ng pangalawang wika ay upang makipaghalubilo sa kapwa na may kabatiran sa wikang ginagamit sa komunidad.

Samantala, kaugnay sa ginawang talatanungan ni Wimolmas (2015). ukol sa motibasyon ng mga mag-aaral na siyang ginamit sa pag-aaral na ito, lumalabas na ang mga respondente ay naniniwala na ang pag-aaral ng wikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapaintindi sa kanila sa mga aklat sa Filipino, pelikula at musikang *pop*. Maging sa pagbibigay direksyon kapag nakikipagtalastasan ay malaking tulong sa kanila ang pag-aaral ng wikang Filipino. Sa isang pananaliksik nman ni Krashen (2008) ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kakayahan sa wikang Ingles ay higit na may motibasyon kaysa sa mag-aaral na may mababang antas ng kakayahan sa wika.

6.3 Antas ng Saloobin o Atityud sa Pag-aaral ng Wikang Filipino

Ang antas ng saloobin o atityud sa pag-aaral ng wikang Filipino ay mataas. Nang isinailalim sa kompyutasyon ang antas ng saloobin ayon sa mga indiketyor nito, lumabas sa resulta na lahat ng indiketyor ng saloobin ng mga mag-aaral ayon sa pangkagawian, pangkognitibo at emosyonal na aspekto ay nagkapagtago ng mataas na antas. Sa resultang ito, lumalabas na sa pag-aaral ng wikang Filipino, nakakaramdam ng pagkagiliw ang mga respondente sa mga pagkakataong inaalam nila ang wika at panitikang Filipino na may kumpiyansa at tiwala sa sarili. Kung kaya mas magaan ang kanilang pakiramdam at madali nilang natutunan ang mga pinag-aaralan.

Naaayon din ang resulta sa paniniwala nina Dashti at Aldashti (2015) tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng positibong atityud sa pag-aaral ng pangalawang wika. Itinuturing itong isang magandang umpisa upang matutunan ang mga prinsipyong nakapaloob sa pag-aaral ng wika na mahalagang puntos sa usaping pagkatuto. Dagdag pa ang paniniwala ni Eshghinejad (2016) na maaring hadlang kung naniniwala ang mga mag-aaral na hindi nila makakayang matutunan ang panibagong wika. Ngunit ang negatibong atityud ng mag-aaral ay maaring magbago at maging positibo at magdadala tungo sa maayos at matagumpay na pagkatuto sa pag-aaral ng panibagong wika bukod sa unang wika na natutunan. (Krashen, 2008).

Sinuportahan naman ni Kara (2009) ang positibong resulta ng mga respondente ukol sa saloobin ng mga ito sa pag-aaral ng wikang Filipino, Binanggit nito na ang pagkakaroon ng positibong saloobin ay maghahatid tungo sa pagpapakita ng positibong pag-uugali sa pag-aaral, pagkalap sa mga natutunang kaalaman at pagsisikap na matuto pa. Ang ganitong klaseng mag-aaral ay mamamasdan din ng pagpapakita ng higit pang pagtitiyaga sa pagbibigay solusyon sa mga kaakibat na suliranin, pagkuha ng mga kaalamang magagamit sa pang-araw araw na buhay at ang pakikilahok mismo nang may kasamang emosyon.

6.4 *Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo*

Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay mataas. Ang pagkakaroron ng mataas na antas nito ay dulot ng mga pahayag na may deskripsyong antas na pinakamataas nang isinailalim ang bawat indikeytor nito sa isang pagsusuri. Sa lahat ng indikeytor tanging ang kasanayang sosyolinggwistika lamang ang nakakuha ng pinakamataas na antas. Ang pinakamataas na antas na natamo ay makikita sa mga pahayag na *Nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong paghihikayat; paghingi ng tawad; sa pagpapasalamat; sa pagbibigay-parangal; sa pakikiusap at sa komunikatibong pagtanggap*.

Lumutang sa resulta ng pag-aaral na ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay madalas na naipapamalas. Itoy nagbibigay implikasyon na batid ng mga respondente ang tunguhin nila sa pagkatuto ng wikang Filipino upang magamit ito sa pakikipagtalastasan sa mga pagtitipon o sa anumang mga gawaing panlipunan. Naipapamalas din ng mga respondente ang kanilang kakayahang magbasa at umunawa ng mga tekstong nakasulat sa Filipino. Umayon ang resultang pag-aaral na ito sa pananaw ni Ampatuan, (2016) ukol sa kahalagahan ng paggamit ng angkop na salita sa anumang pagkakataon. Katumbas nito ang kakayahang gamitin ang wika nang may kaangkupan at naayon sa iba't-ibang sosyal na sitwasyon.

Ganito rin ang nais tumbukin ni Fang (2017) sa kanyang pag-aaral na magkakaroon ng epektibong kasanayang makikipagtalastasan ang isang indibidwal kung magagawa nitong bigyang-interpretasyon ang kahulugan ng iba't-ibang sitwasyon sa lipunan at ang kakayahan nitong gamiting ang wika nang may kaangkupan sa sitwasyong kinasusuungan. Kailangan ding may sapat na kaalaman sa mga patakarang at alituntuning sosyo-kultural bago tawaging may sapat na kasanayang sosyo-linggwistika. Dahil ito ay may kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral na harapin ang iba't-ibang sitwasyong panlipunan gamit ang angkop na mga gramatika. Sinundan naman ng kasanayang linggwistika na nagtamo rin ng mataas na deskripsyong antas. Pinatutunayan ng mga respondente ang kanilang mataas na kasanayang linggwistikong sa naging resulta ng sarbey. Lumitaw sa pag-aaral na nagagawa nilang tukuyin ang mga patinig at mga diptonggong tunog na binigkas ng mga taal na Tagalog. Dahil dito hindi rin sila nahihirapang bigkasin ang mga tunog na ito kay nakakaya din nilang kilalanin ang mga tunog katinig. Maging ang diin at intonasyon sa Filipino ay nabibigkas nang may kaangkupan.

Pabor din ang pag-aaral na ginawa ni Yufrizal (2017) sa naging resulta ng pananaliksik na ito. Pagbigkas, gramatika, at bokabularyo ang nakapaloob sa kasanayang linggwistika. Ito kasi ang nagbibigay-kakayanan sa nagsasalita kung paano bigkasin sa wastong kaayusan ang mga salita at pangungusap na kanyang ginagamit at kung angkop ang kanyang ginagamit na mga salita. Bagamat mataas ang nakuhang antas para sa indikeytor na kasanayang estratehika, ito naman ang may pinakamaliit na *mean score* na natamo. Ipinapakita ng sarbey na may kaalaman na ang mga respondente pagdating sa paggamit ng angkop na nilalaman ng lenggwahe gaya ng

tungkulin ng wika at ekspresyon sa wikang Filipino. Ngunit pagdating sa kalinawan, organisado at angkop na pagkasunod-sunod ay hindi kinitaan ng palagiang pagpapamalas ang mga respondente. Ito ay tumutugma sa suhestiyon ni Tarvin (2015) na ang mga guro sa ay nararapat na ituro sa mga mag-aaral ang higit pa sa leksikal at sintaks na istruktura dahil kinakailangang malaman din ng mga mag-aaral kung paano ang epektibong pakikipagtalasan gamit ang pangalawang wika sa paaralan o maging sa komunidad.

Umaayon din si Tarvin (2015) na may kasanayang linggwistika ang isang mag-aaral kung may kakayahan ito kung paano bigkasin sa wastong kaayusan ang mga salita o pangungusap na kaniyang ginagamit at kung angkop ang mga bokabularyong kaniyang ginagamit at nasa wastong istruktura ito ng gramatika. Kinatigan naman ni Yufri (2017) ang kaganapang ito sa kanyang isinagawang pag-aaral. Napatunayan nitong makikilala ang isang indibidwal na may kasanayang pangkomunikatibo kung nagagawa nitong palawakin ang mensahe upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang salita, o pahayag upang mas maunawaan ang salita at maipahayag nang mas malalim ang kahulugan nito. Maging si Fujii (2012), ganoon din ang paniniwala na nagaganap lamang ang kasanayang ito kung ang magkaparehong tagapagsalita at tagapakinig ay magkatulad na pagkakaunawaan at kalakip ang akma ng midya o daluyan ng komunikasyon. May kaugnayan din ang kasanayang pandiskurso sa kahusayan ng mag-aaral sa pag-unawa at pagbuo ng mga teksto mula lamang sa paraang pakikinig at pagsasalita. Ito ay tumatalakay din sa kohesyon at tamang pagkasunod-sunod sa ibat-ibang uri ng teksto.

6.5 Ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at kasanayang pang-komunikatibo

May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum at Kasanayang Pangkomunikatibo batay sa natamong *p-value* na .000 at *correlation coefficient* na $r=0.542$. Ang resulta ay nakaangkla sa kinalabasan ng pag-aaral ni Cheng (2013) tungkol sa impluwensyang magagawa ng kaligirang sosyal na pangklasrum sa magiging estado ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Sinabi niyang ang pag-unlad ng moderno at inobatibong estratehiya, pagkatuto sa loob ng klase, nagpapatunay lamang ito sa positibong ugnayan sa pagitan ng mga tugon ng mga mag-aaral ukol sa kaligirang sosyal na pangklasrum at ang kalagayan ng kanilang kasanayang pangkomunikatibo.

Pinagtibay naman ni McKeeman and Oviedo (2016) ang pananaw ni Cheng (2013) ng inilahad niya sa kanyang pagsaliksik na ang pag-unlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa paglalapat ng kaligirang sosyal na pangklasrum. Kung kaya mas maigi kung pag-ibayuhin pa ng mga guro ang pagtuturo sa mga mag-aaral sa mga konseptong pagbigkas, gramatika, intonasyon upang makapaghalubilo nang maayos. Dagdag pa, upang matugunan ang mga pangangailan ng mga mag-aaral, mas mahalaga kung makikilahok ang mga mag-aaral sa isang makabuluhan at awtentikong pakikipagtalastasan.

Dagdag pa, sa tuwing positibo ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa loob ng klase, nariyan ang pakikipaghalubilo at magpalitan ng ideya sa isa't isa sa loob ng klase, kaakibat din nito ang pagkatuto at pagkamit ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng kasanayang pangkomunikatibo. Gaya na lang ng pakikipaghalubilo ng mga mag-aaral sa kapwa ay mas lumilina din sa kanilang kumpiyansa sa sarili at mas mapapanatili ang interes at may kakayahang maging matiyaga kapag nakararanas ng kabiguan o paghihirap (Webb at Palincsar, 2016). Kung kaya, isinusulong naman nina Ryan at Patrick (2013) ang epekto sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral kapag naipalaspas ng guro ang ganitong kaligirang sosyal sa loob ng klase. Maiintindihan ng mga mag-aaral na walang problema kung may dinararanas mang mga suliranin gaya ng paggawa ng pagkakamali at ang hindi pagiging tiyak sa mga sagot.

6.6 Ugnayan sa Pagitan ng Motibasyon at Kasanayang Pangkomunikatibo

Batay sa resulta, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Motibasyon at Kasanayang Pangkomunikatibo. Nangangahulugang may positibo at malakas na makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino at kasanayang pangkomunikatibo dulot ng natamong *p-value* na 0.000

at *r-value* na .554. Sinang-ayunan ang resultang ito sa proposisyon ni Sharma (2018) na nararapat lamang na kilalanin ng mga guro sa wika ang kahalagahan ng motibasyon sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Dahil kung ang mag-aaral ay walang interes na matuto sa wikang pinag-aaralan, sila ay hindi maging pursigedo na matutunan ang wikang pinag-aaralan. Kung kaya hindi maaring ihiwalay ang motibasyon sa pagkatuto at pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Pinagtibay naman ni Pailago (2018) ang nakitang ugnayan sa pananaliksik na ito. Sa kanyang isinagawang pag-aaral, naging katamtaman lamang ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Nagpapahiwatig lamang na ang mga mag-aaral ay katamtaman lamang ang interes sa pag-intindi at paghanga sa wikang Filipino. Dahil dito naging katamtaman din lang ang kasanayan nila sa pakikipagkomunikasyon lalo na sa mga indibidwal na nagsasalita ng Filipino. Maging ang paglilipat ng kanilang kaalaman sa ibang tao ay hindi rin madalas naipamamalas.

Sumuporta naman sa kinalabasan ng pag-aaral si Alptekin (2002) sa impluwensya ng motibasyon sa pag-angkin ng kasanayang pangkomunikatibo. Napatunayan niya na ang motibasyon ang isa sa dahilan kung bakit hindi naging kaaya-aya ang kasanayang pangkomunikatibo ng halos lahat ng mga mag-aaral sa Saudi Arabia. Nahihinuha niyang ang kakulangan sa motibasyon ang naging dahilan ng pagsawalang bahala sa kahalagan ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles.

6.7 Ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud sa pag-aaral ng wikang Filipino at kasanayang pangkomunikatibo

Mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin o atityud at sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Ang natamong *p-value* at *r-value* ay nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga indikatoryor sa saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika at sa kanilang kasanayang pangkomunikatibo. Lumalabas na naging mataas ang kabuoang antas ng saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino at naging mataas din naman ang kabuoang antas ng kasanayang pangkomunikatibo nito.

Kinatigan naman nina Ibarrola at Martinez (2014) ang resultang ito ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng positibong saloobin sa wikang inaaral ay maging daan upang magtagumpay ang tao sa pagkamit ng kanyang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Dagdag pa ni Eshghinejad (2016) na ang saloobin o atityud ay maituturing na pinakamahalagang salik sa pagkamit ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Ito ay matapos lumabas sa kanyang pag-aaral sa Unibersidad ng Kashan na ito ang nakaiimpluwensya upang matutunan ang wikang inaasam. Buong din ang paniniwala ni Abidin et al. (2012) na ang kasanayang pakikipagkomunikatibo ay hindi lamang dulot ng kasanayang mag-isip kundi ang saloobin ng mga mag-aaral. Upang matamo ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral, hindi lang kakayahang panggramatika sa mga aspektong dapat malinang sa mga mag-aaral kundi maging ang saloobin nila sa wikang nais matutunan (Perry at Fusaro, 2015).

6.8 Multiple regression analysis sa impluwensya ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin sa pag-aaral ng wika sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral

Sa regresyon na pagsusuri ukol sa kapasidad ng bawat *exogenous* baryabol, may makabuluhang impluwensya ang mga ito sa *endogenous* baryabol. Natuklasan na ang kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin sa pag-aaral ng wika ay may makabuluhang impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo. Kailangan ng tatlong baryabol ang isa't isa upang matamo ang epektibong kasanayang pangkomunikatibo.

Ang resultang ito ay maaring iugnay sa proposisyon ni Yufriзал, (2017) na nagsasabing matatawag lang na may kasanayang pangkomunikatibo ang isang indibidwal kung magagawa nitong makipagtalastasan nang epektibo sa kanyang kapwa. Higit na matatamo ang kasanayang pangkomunikatibo kapag nagkaroon ng

positibong saloobin sa wikang pinag-aaralan at kinitaan ng interes na matuto sa tunguhing wika. Lalo pa itong malinang kung ang guro sa wika ay nagpaparanas ng mga gawain sa loob ng klase na nakapagpapaangat sa kasanayan ng mag-aaral na makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral.

Maaaring sipatin ang resultang ito sa pinaniniwalaang teorya nina Canale and Swain (1983) tungkol sa *theory of communicative competence* na maaring pag-aralan ng mga mag-aaral ang pangalawang wika nang may interes na magawa nitong makipagtalastasan gamit ang wika sa loob ng klasrum. Maaari ring ang kakayahang makipagkomunikasyon sa tunguhing wika ay hindi nangangahulugang gusto nila ang ito. Ibig sabihin, nagkaroon ng positibong saloobin sa wikang inaral dahil sa kagustuhang mapapakinabangan ito sa iba't ibang sitwasyon at okasyon. Maging si Hymes (1985) ay naniniwalang matatawag na may kakayahang komunikatibo ang mag-aaral kung makakayanan nitong makibagay sa mga sitwasyon at may kakayahang gamitin ang kaalaman sa wikang pinag-aaralan.

6.9 Pinakaangkop na Modelong Estruktural para sa Kasanayang Pangkomunikatibo

Ang *Hypothesized Model 5* ang siyang tumugon sa pagiging *Best Fit Model*. Batay sa pagsusuri gamit ang *index value* ito ang tanging *structural model* na nakapagtamo sa istandard na sukatan ng batayan. Kalakip din dito ang kaligirang sosyal na pangklasrum bilang natatanging *latent* na baryabol na inaasahang nakakaimpluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Ang modelong ito ay nagpapakita kahalagahan ng lahat ng mga salik sa pagtamo ng kasanayang pangkomunikatibo at lahat ng tatlong baryabol ay kinitaan ng malakas at makabuluhang pagkakaugnay-ugnay sa isa't isa sa pag-papaangat ng kasanayang pangkomunikatibo. Ang kaligirang sosyal na pangklasrum ay kinitaan na may direktang kaugnayan sa kasanayang pangkomunikatibo. Ipinapakita sa modelo ang kahalagahan ng lahat ng mga indiketyor ng kaligirang sosyal na pangklasrum ay may malakas na pagkakaugnay-ugnay sa isa't isa. Ang resultang ito ay maipaliliwanag sa punto nina Ali, Khan at Masroor (2020) na ang bantulot na pagpapahayag ng mag-aaral sa wikang pinag-aaralan ay nagpapatunay lamang na ang kaligiran sa klasrum ay tensyonado na siyang nagpapahirap at nagpapawala sa kumpiyansa ng mga mag-aaral na magkaroon ng kasanayang pangkomunikatibo sa wikang Ingles. Binigyang diin din nina Ryan at Patrick (2011) ang kahalagahan ng mga salik na; *suporta ng guro, paglinang ng paggalang sa isa't isa, paglinang sa gawaing ugnayang inter-aksyonal, Paglinang sa hinahangad na kakayahan*, na may malaking koneksyon sa pagtamo ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon. Kung kaya, inirekomenda ni Hannah (2013) na maaaring magtalaga ang guro ng mga tiyak na gawain sa bawat mag-aaral sa loob ng klase upang matiyak na makapagbigay ito ng pagkakataon na maiangat ang kakayahan sa pakikipagtalastasan.

Ang tagumpay ng Kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ay maaring dulot ng iba't ibang salik. Ang mga salik na ito ay maaring binigyang hinuha sa ibang pag-aaral upang ipamalas ang kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Ang nabuong *Best Fit Model* ay naayon sa punto ni Yufrizal (2017) na nagsasabing ang kasanayang pangkomunikatibo ay matatamo kapag nagkaroon ng positibong saloobin sa wikang pinag-aaralan at kinitaan ng interes na matuto sa tunguhing lenggwahe at ang makabuluhang gawaing pinaparanas ng guro sa loob ng klasrum na siyang nakapagpapaangat sa kasanayan ng mag-aaral pakikipagkomunikasyon.

Samantala, itinuturing naman isang napakahalagang salik ang pagkakaroon ng positibong kaligirang pangklasrum sa pagkakaroon ng motibasyong matuto tungo sa kasanayang pangkomunikatibo. Ang pagkakaroon ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ay matatamo sa pagkakaroon ng maraming salik. Hindi sapat na gusto at interesado lang ang mag-aaral sa tunguhing lenggwahe na matutunan kundi higit na kailanangan nito ang gabay ng guro sa loob ng klasrum. Ang pagkakaroon ng epektibong kaligiran ang siyang lumilina sa kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang natutunang wika tungo sa kasanayang inaasam-asam (Ali et al., 2020).

Ang proposisyon ni Yufrizal (2017) ay sumusuporta sa makabuluhang impluwensya ng bawat baryabol na nagpapaghiwatig na ang kaligirang pangklasrum ng mga mag-aaral ay may kinalaman sa kasanayang

pangkomunikatibo nito na makapag-aangat sa kanilang antas ng pakikipagkomunikasyon sa kapwa.

7. Kongklusyon

Ang paggamit ng modelong estruktural na panataya ay nakapagpapatibay sa reliyabilidad at sa maayos na daloy ng pag-aaral dahil dumaan ito sa iba't ibang hakbang sa pagsusuri ng espisipikasyon ng modelo, estimasyon, at ebalwasyon ng modelong nabuo. Ipinapahiwatig na ang resulta sa antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum ay mataas. Mataas din ang natamong resulta sa antas ng motibasyon ng mga mag-aaral at maging ang saloobin sa pag-aaral ng wika ay nagtamo rin ng mataas na *mean score*. Maging ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay may mataas na antas. May makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon ng mga mag-aaral at saloobin o atityud ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkomunikatibo. Lahat ng mga baryabol ay may makabuluhang impluwensya sa kasanayang pangkomunikatibo. Ngunit higit na nangingibabaw ang impluwensyang dulot ng kaligirang sosyal na pagkatuto. Sa limang modelong nabuo, tanging ang *model 5* ang tumugon sa mga itinakdang *criterion ng index value* na nagpapatunay sa pagiging *model fit value* nito.

Ang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng kaligirang sosyal na pangklasrum ay umaayon sa pahayag ni Webb at Palinscar (2016) na kapag ang mag-aaral ay hinihikayat na makipaghalubilo at magpalitan ng ideya sa isa't isa, magkakaroon sila ng pagkakataon makipag-interaksyon. Ang mga interaksyong ito ay may kaugnayan sa pagkamit ng tagumpay sa kasanayang pangkomunikatibo. Dagdag pa, ang makabuluhang pagkakaugnay ng motibasyon sa kasanayang pangkomunikatibo ay kinatigan naman sa proposisyon ni Sharma (2018) na nararapat lamang na kilalanin ng mga guro ang kahalagahan ng motibasyon at hindi ito maaring ihiwalay sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Maging sina Ibarrola at Martinez (2014) ay pabor sa makabuluhang ugnayan ng positibong saloobin sa pagtagumpay ng tao sa pagkamit ng kasanayang pangkomunikatibo. Dito nakasalalay ang magiging gawi ng mag-aaral sa pagkamit ng kanyang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, ang makabuluhang impluwensya sa pagitan ng bawat *exogenous* baryabol at ng kasanayang pangkomunikatibo ay sinuportahan ni Yufrizal (2017) sa kanyang proposisyon na higit na matatamo ang kasanayang pangkomunikatibo kapag nagkaroon ng positibong saloobin o atityud sa wikang pinag-aaralan at kinitaan ng interes o motibasyon na matuto sa tunguhing lenggwahe. Lalo pa itong malinang kung positibo ang kaligirang sosyal sa loob ng klasrum at ipinaparanas ng guro ang mga gawaing nakapagpapaangat sa kasanayan ng mag-aaral na makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral.

Gayundin naman ang nabuong *best fit model* para sa kasanayang pangkomunikatibo ay naaayon sa ipinapahayag ni Ali et al. (2020) ukol sa makabuluhang ugnayan ng Kaligirang sosyal na pangklasrum sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Kinakailangang positibo ang kaligirang pangklasrum na ipararanas ng guro sa loob ng klase upang maiwasan ang pagiging tensyonado ng mga mag-aaral sa tuwing may mga gawaing pangklasrum. Higit na kailangan nito ang suporta ng guro upang mas matutuhan nitong maiangat ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral. Ang tagumpay ng kasanayang pangkomunikatibo ay maiuugnay sa kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin o atityud. Ito ay nangangahulugan na ang kasanayang pangkomunikatibo ay nakasalalay sa kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at, saloobin sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa *Senior High School*.

7.1 Rekomendasyon

Batay sa resulta, inirerekomenda ng mananaliksik na ang suliranin sa pagtamo ng kasanayang pangkomunikatibo, nakabubuti kung ang natamong antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ay gagawan ng kwalitatibong pag-aaral na nakatuon lamang sa katulad din na mga baryabol upang mapag-isa ang mga naging resulta. Dagdag pa, sa motibasyon ng mga mag-aaral, mas mainam kung gagamit ng mga modernong pamamaraan ng pagtuturo ang mga guro sa Filipino na maaring mag-aangat pa lalo sa antas ng motibasyon ng mga mag-aaral. Titiyakin dapat ng mga guro na naipararanas sa mga mag-aaral ang mga nakasaad sa kaligirang sosyal na pangklasrum upang hindi maging kabagot-bagot ang kanilang karanasan sa loob ng

klasrum. Maaring gawing batayan ng paaralan at administrasyon ang resulta ng pag-aaral sa pagsasagawa ng mga programa at proyekto na magpapaangat sa kasalukuyang antas ng kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin ng mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino tungo sa kasanayang pangkomunikatibo.

Sa natuklasang resulta na ang kaligirang sosyal na pangklasrum, motibasyon at saloobin sa pag-aaral ng wika ay ang mga prediktor ng kasanayang pangkomunikatibo. Iminimungkahi ng mananaliksik na palalakasin ang gawaing *Learning Action Cell* o *LAC Session* ng mga guro upang mapag-usapan ang mga *best practices* sa pagpapaangat ng kasanayang pangkomunikatibo at mabigyang diin ang mga suliraning may kinalaman sa kaligirang sosyal, motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral. Sa kabilang dako, ang resulta ay maging batayan ng mga tagapag-ugnay at dalubhasang guro ng Filipino sa pagsasagawa ng *INSET Program* gaya ng pagkakaroon ng kapulungan na nakatuon sa programang makapagpapaangat sa kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa Filipino. Kalakip din sa programa ang pagbuo ng mga banghay-aralin na naayon sa kasanayang pampagkatuto na nakatuon sa kasanayang pangkomunikatibo. Gayundin, sa mga susunod pang mananaliksik, maaari ring magsasaalang-alang ng iba pang mga prediktor na mga baryabol sa kasanayang pangkomunikatibo at magsagawa ng kaparehong pag-aaral sa lahat ng mga pampublikong paaralan sa buong rehiyon.

8. Sanggunian

- Abidin, M. J. Z., Mohammadi, M., & Alzwari, H. (2012). EFL students' attitudes towards learning English language: The case of Libyan secondary school students. *Asian Social Science*, 8(2).
- Abu-Snoubar, T. K. (2017). An evaluation of EFL students' attitudes toward English language learning in terms of several variables. *International Journal of English Language Teaching*, 5(6), 18-34.
- Ahmed, S. (2018). *Communicative competence in English as a foreign language: Its meaning and the pedagogical considerations for its development*. Department of English, University of India.
- Alaga, N. A. C. (2016). *Motivation and attitude of students toward learning English language*. In the International Conference on Research in Social Science, Humanities, and Education, Cebu, Philippines.
- Al-Hajailan, T. A. (2013). *Teaching English in Saudi Arabia*. Riyadh: Aldar Alsawlatiah for Publication and Distribution.
- Ali, Z., Tan, K., & Masroor, F. (2020). Creating positive classroom environment for learners' motivation towards communicative competence in the English language. *Journal of the Research Society of Pakistan*, 57(1).
- Alla, E., Aizhanna, Z., Elena, G., Irina, K., & Marina, S. (2020). Cognitive-conceptual model for developing foreign language communicative competence in non-linguistic University students. *International Journal of Cognitive Research in Science, Engineering and Education*, 8(S).
- Alptekin, C. (2002). Toward intercultural communicative competence in English Language Teaching. *ELT Journal*, 56, 57-64.
- Altasan, A. (2016). Motivational orientations and their effect on English language learning: A study in EFL Saudi context. *American Journal of Educational Research*, 4(16), 1131-1137.
- Ames, D. (2019). Classrooms: Goals, structures, and student motivation. *Journal of Educational Psychology*, 84, 261-271.
- Ampatuan, R. A., & San Jose, A. (2016). Role play as an approach in developing students' communicative competence. *International Journal for Innovation, Education and Research*, 4(1).
- Anderman, E. (2014). Motivation and cheating during early adolescence. *Journal of Educational Psychology*, 90, 84-93.
- Arbuckle, J. (1997). *Amos user's Guide*. Chicago: Smallwaters.
- Asten, L. (2008). Organizational behavior and management: Implication for a neutral practice in the industry. *American Leadership Journal*, 4(5), 12-56.
- Bálint, P., Furkó, K., & Mónos, D. (2013). The teachability of communicative competence and the acquisition of pragmatic markers—a case study of some widely-used Business English coursebooks. *Argumentum*, 9, 132-148.
- Belmechri, F., & Hummel, K. (2008). Orientation and motivation in the acquisition of English as a second

- language among high school students in Quebec City. *Language learning*, 48(2), 219-244.
- Benmoussat, S., & Benmoussat, N. D. (2017). Intercultural language teaching: Techniques to enhance intercultural competence in an EFL classroom. *International Journal of Linguistics*, 9(6), 184–197.
- Bentler, M., Yuan, K., & Wu, R. (2010). 'Ridge structural equation modelling with correlation matrices for ordinal and continuous data', *British Journal of Mathematical and Statistical Psychology*, 64, 107-133.
- Berg, B. L., & Howard, L. (2012). *Qualitative Research Methods for the Social Sciences*. (8th ed). USA: Pearson Educational Inc.
- Bidin, S. (2019). *Motivation and Attitude in Learning English among UiTM students' in the Northern Region Malaysia*.
- Biebricher, C., East, M., Howard, J., & Tolosa, C. (2019). Navigating intercultural language teaching in New Zealand classrooms. *Cambridge Journal of Education*, 49(5) 605–621.
- Brains, C., Willnat, L., Manheim, J., & Rich, R. (2011). *Empirical Political Analysis* 8th edition. Boston, MA: Longman. p. 76.
- Brown, H. D. (2010). *Principles of language learning and teaching*. White Plains, NY: Addison Wesley.
- Bucholz, J. L., & Sheffler, J. L. (2009). Creating a warm and inclusive classroom environment: Planning for all children to feel welcome. *Electronic Journal for Inclusive Education*, 2(4), 4.
- Campbell, A. L., & Lassiter, J. W. (2020). Teacher perceptions of facilitators and barriers to implementing classroom physical activity breaks. *The Journal of Educational Research*, 113(2), 108-119.
- Canale, M., & Swain, M. (1983). *From Communicative competence to communicative language pedagogy*. In Richards and Schmid (Eds.), *Language and Communication*. London: Longman pp. 2-27.
- Canale, M., & Swain, M. (1987). Theoretical bases of communicative approaches to Second language teaching and testing. *Applied Linguistics*, 1(1), 1–48.
- Candel-Mora, M. Á. (2015). Attitudes towards intercultural communicative competence of English for specific purposes students. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 178(1), 26–31.
- Celce-Murcia, Dornyei, Z., & Thurell. (2007). Rethinking the role of communicative competence. *Intercultural Language Use and Language Learning* (pp. 41-57). Springer.
- Changing Minds. (2012). Changing minds and perceptions. *Social Research*. Retrieved from <https://www.changingminds.org>
- Cheng, Y. C. (2013). Classroom environment and student affective performance: An effective profile. *The Journal of experimental Education*, 62(3), 221-239.
- Cohen, E., Cardillo, M S., & Pickeral, M. (2011). Restructuring the classroom: Conditions for productive small groups. *Review of Educational Research*, 64, 1-35.
- Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches* (4th ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.
- Darling-Hammond, L. (2006). Constructing 21st-century teacher education. *Journal of Teacher Education*, 57(3), 300–314.
- Dashti, F., & Aldashti, A. (2015). *EFL college students' attitude towards mobile learning*. Department of Curriculum and Instruction, College of Education.
- Dehbozorgi, E. (2012). Effect of attitude towards language learning and risk-taking on EFL students' proficiency. *International Journal of English Linguistics*, 2, 41–48.
- DepEd Order blg.7 s. (2008). Turning around low performance in English: A priority program for 2008. <https://www.deped.gov.ph/2008/01/29/do-7-s-2008>
- Dörnyei, Z., & Ushioda (2011). *Motivational strategies in the language classroom*. Cambridge: University Press.
- Eccles, J., Wigfield, A., & Schiefele, U. (2008). *Motivation to succeed*.
- Eshghinejad, S. (2016). EFL students' attitudes toward learning English language: The case study of Kashan University students. *Cogent Journal of Education*, 3, 1236434.
- Fakaye, D. (2015). Students' personal variables as correlates of academic achievement in English as a second language in Nigeria. *Journal of Social Sciences*, 22, 205–211.
- Fang, F. G. (2017). World Englishes or English as a lingua franca: Where does English in China stand? *English Today*, 33(1), 19–24.

- Ferrell, A. (2012). *Classroom social environments, motivational beliefs, and student engagement*. University of Southern California.
- Fujii, Y. (2012). Raising awareness of Interactional Practices in L2 conversations: Insights from conversation analyses. *International Journal of Language Studies*, 6(3), 99-126.
- Galante, A. (2015). *Intercultural communicative competence in English language teaching: Towards validation of student identity*. Brazilian.
- Gardner, R. C. (2002). *Social psychology and second language learning: The role of attitudes and motivation social psychology of language*. Vol.24(1).
- Getie, A. S. (2020). Factors Affecting the attitudes of students towards learning English as foreign language. *Cogent Education*, 7. <https://doi.org/10.1080/2331186x.2020.1738184>
- Gliem, J. (2003). Calculating, interpreting, and reporting Cronbach's alpha reliability coefficient for likert-type scales. *American Educational Journal*, 2(3), 45-56.
- Goetz, T., Sticca, F., Pekrun, R., Murayama, K., & Elliot, A. J. (2016). Intraindividual relations between achievement goals and discrete achievement emotions: An experience sampling approach. *Learning and Instructions*, 41, 115-125.
- Golbeck, S. L., & De Lisi, R. (2002). From marbles to instant messenger: Implications of Piaget's ideas about peer learning. *Promoting Thinking Through Peer Learning*, 1-41.
- Hannah, R. (2013). *The effect of classroom environment on student learning*. Honours Thesis. Paper 2375.
- Hiver, P., Al-Hoorie, A. H., & Mercer, S. (2020). *Student engagement in the language classroom*. Multilingual Matters.
- Howard, J., Gagne, M., Morin, A., & Broeck, A. (2016). *Motivation profile at work: A self determination theory approach*. University of Sothwester, Australia.
- Hymes, D. (1971). Competence and Performance in linguistic theory. In R. Huxley & E. Ingram (eds.) *Language Acquisition: Models and Methods*. London Academic Press.
- Hymes, D. (1985). *On communicative Competence*: Research Planning Conference on Language Development.
- Ibarrola, A. L., & Martinez, R. A. (2014). Investigating negotiation of meaning in EFL children with very low levels of proficiency. *International Journal of English Studies*. <http://revistas.um.es/ijes>
- Juvonen, J. (2013). An attributional analysis of students' interactions: The social consequences of perceived responsibility. *Journal of Educational Psychology Review*, 5, 325-345.
- Kaplan, G., at Midgley. (2012). The classroom goal structure and student disruptive behavior. *British Journal of Educational Psychology*, 72, 191-211.
- Kara, A. (2009). The effect of a 'learning theories' unit on students' attitudes towards learning. *Australian Journal of Teacher Education*, 34, 100-113.
- Krashen, S. (2008). Language education: Past, present and future. *Relc Journal*, 39(2), 178-187.
- Krashen, S. (2013). *Second language acquisition and second language learning*. London: Prentice Hall International (UK).
- Ku, H. Y., Tseng, H. W., & Akarasriworn, C. (2013). Collaboration factors, teamwork satisfaction, and student attitudes toward online collaborative learning. *Computers in human Behavior*, 29(3), 922-929.
- Lee, K.Y. (2012). Teaching intercultural English learning/teaching in world / Englishes: Some classroom activities in South Korea. *English Teaching: Practice and Critique*, 11(4), 190.
- Lightbown at Spada (2013). *How languages are learned*. Oxford: Oxford University.
- Lomax, R., & Li, J. (2013). *Correlational research*. Retrieved from <http://www.education.com/reference/article/correlational-research/>
- Longworth, N. (2013). *Lifelong learning in action: Transforming education in the 21st century*. Routledge.
- López-Rocha, S. (2016). Intercultural communicative competence: creating awareness and promoting skills in the language classroom. In C. Gorla, O. Speicher, & S. Stollhans (Eds.), *Innovative language teaching and learning at university: enhancing participation and collaboration* (pp. 105–111).
- Mainhard, T. (2015). Liking a tough teacher: Interpersonal characteristics of teaching and students' achievement goals. *School Journal of Educational Psychology International*, 36(6), 559-574.
- Marasigan, L., Castillo, G. & Suizo, C. (2019). Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo. *Asia*

- Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 7, No. 1.
- Martinez, D. U., & Perez, J. G. (2013). *Attitudes of Mexican American students towards learning English as a Second Language in a structured immersion Program*. *Porta Linguarum: revista internacional de didáctica de las lenguas extranjeras*, (20), 205-221.
- McKeeman, L., & Oviedo, B. (2017). *Designing performance-based assessments within digital second language environments*. Report of the Central States conference on the teaching of foreign languages, 37-52.
- Melhim, A. (2009). Attitudes of Jordanian College students towards Learning English as a foreign Language. *College Student Journal*, 43(2).
- Miller, A. & Cunningham, K. (2003). *Classroom environment*. The Gale Group, Inc.
- Morganna, R., Sumardi, & Tarjana, S. S. (2020). Tertiary English students' attitudes towards intercultural language learning. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 9, 657-665.
- Munir, F., & Rehman, A. (2015). Attitudes of Secondary School Students towards English as Foreign Language: A case study at Lahore, Pakistan. *International Journal of Research*.
- Muthanna, A & Miao, P. (2015). Chinese Students' Attitudes towards the Use of English-medium Instruction into the Curriculum Courses: A case study of a National key University in Beijing. *Journal of Education and Training Studies*, 3(5).
- Nawaz, A, Bibi, N, Sheikh, A, Bilal, H.A, Rehman, A. (2014). The Role of Motivation in Learning English Language for Pakistani Learners. *International Journal of Humanities and Social Science*, Vol. 4, 254-258.
- Nistor, N., Trăuşan-Matu, Ş., Dascălu, M., Duttweiler, H., Chiru, C., Baltes, B., & Smeaton, G. (2015). Finding student-centered open learning environments on the internet: Automated dialogue assessment in academic virtual communities of practice. *Computers in Human Behavior*, 47, 119-127.
- Nysten, H. (2009). *Attitudes towards English among Italian Students*. Department of Humanities. Sweden University.
- Obakki, S. (2017). Impact of classroom environment on children's social behavior. *International Journal of Education and Practice*. Vol. 5, No. 1, 1-7.
- Ohno, A., Yamasaki, T., & Tokiwa, K. I. (2013). A discussion on introducing half-anonymity and gamification to improve students' motivation and engagement in classroom lectures. In *2013 IEEE Region 10 Humanitarian Technology Conference* (pp. 215-220). IEEE.
- Pagkalinawan, L. (2010). *Isang Malikhainag Pagtuturo ng WikaTungo sa Paglinang ng Kasanayang Pangkomunikatibo: Mga Tunghin at Estrategiya*. Filipino Language Program University of Michigan.
- Pailago, M. (2018). *Motibasyon at Pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino*. Rizal Memorial Colleges. Philippines.
- Palincsar, A. S. (1996). *Group processes in the classroom*. In D.C. Berliner & R. C. Calfee (Eds.), *Handbook of educational psychology* (pp. 841-873). New York: Simon & Schuster.
- Patrick, H. & Ryan, A. (2011). Identifying Adaptive Classrooms: Analyses of Measures of Dimensions of the Classroom Social Environment. *Journal of Language Development*, 17, 109-128.
- Perry, N. E., Brenner, C. A., & Fusaro, N. (2015). *Self-regulated learning interventions with at risk populations: Academic, mental health, and contextual considerations* (pp. 229-250). Washington, DC: American Psychological Association.
- Renendya, L. (2017). *Teacher's English proficiency and classroom language use: A conversation analysis study*.
- Saidat, A. M. (2010). Language Attitude: The case of Jordan. *International Journal of Academic Research*. Vol.2,6.
- Saville-Troike, M. (2016). *Introducing second language acquisition*. New York: Cambridge University Press.
- Sen, S.H. (2013). The attitudes of University students towards learning. *International Journal of Academic Research*, 5(4), 338-342.
- Shamim, F. (2011). *English as the language for development in Pakistan: Issues, challenges and possible solutions. Dreams and realities: Developing countries and the English language*, 291-310.
- Sharma, V. (2018). Influence Factors in Students' Motivation for Communicative Competence in English: A Case Study in Saudi Arabia Washington School of Education. ISSN 2422-8435 *An International*

Peer-reviewed Journal Vol.50.

- Silalahi, D. (2018). Correlation between Students' Learning Motivation and speaking Competence at SFL FKIP University HKBP Nomensen. *International Journal of English and Literature and Social Sciences*, 3(6), 992-995.
- Singh, A., & Masuku, M. (2014). Sampling Techniques & Determination of Sample Size in Applied Statistics Research: An overview.
- Tahaine, Y., & Daana, H. (2013). Jordanian undergraduates' motivations and attitudes towards learning English in EFL context. *International Review of Social Sciences and Humanities*, 4(2), 159-180.
- Tarvin, L.D. (2015). Communicative Competence: Its definition, connection to teaching and relationship with interactional competence. University of Central Missouri. Doi: 10.13140/RG.2.13214.2807.
- Tran, T. Q., & Duong, T. M. (2018). The effectiveness of the intercultural language communicative teaching model for EFL learners. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 3(6), 1-17.
- Tuan, V. (2017). *Communicative Competence of Fourth Year Students: Basis: for Proposed English Language Program*.
- Ullman, J. B., & Bentler, P. M. (2003). Structural equation modelling. In J.A. *Handbook of psychology: Research method in psychology*, Vol. 2, pp. 607-634.
- Ushioda, E. & Zoltan, D. (2012). Teaching and researching: Motivation. applied linguistics in action. 2nd Edition. Routledge.
- Wang, J. (2017). Views and attitudes of intercultural awareness in Chinese teaching and learning in Shanxi provincial universities context. *Journal of Language Teaching and Research*, 8(2), 418-430.
- Webb, N. M., & Palincsar, A. S. (1996). *Group processes in the classroom*. Prentice Hall International.
- Wechsumangkalo, S. & Praserttattanadecho, S. (2014). *Integrative Inspiration, instrumental Inspiration, and English achievement among students in the Faculty of Arts*. Unpublished master's thesis, School of Language and Communication. National Institute of Development Administration.
- Wimolmas R. (2015). *A Survey Study of Motivation in English Language Learning of First Year Undergraduate Students at Thammasat*. University, Thailand.
- Yeong, Y. (2014). Strategic Competence and L2 Speaking Assessment. *TESOL & Applied Linguistics*, 4(1), 13-24.
- Yimwilai, S. (2015). *An Integrated Approach to Teaching Literature in an EFL Classroom*. English Language Teaching, 8(2).
- Young, R. F. (2005). The motivational effects of the classroom environment in facilitating self-regulated learning. *Journal of Marketing Education*, 27(1), 25-40.
- Yufrizal H (2017). Teachers and students' perceptions of communicative competence in English as a foreign language in Indonesia. *Academic Journal*, 12(17), 867-883
- Zanghar, A. (2012). *Instrumental and integrative motivation among undergraduate Libyan students of English as a foreign Language*. Colorado State University, 63-65.
- Zhao, L. (2012). Investigation into motivation types and influences on motivation: The case of Chinese Non-English Majors. *English Language Teaching*, 5(3).

